# Ang Babae sa Islam

## At ang Pagpapabulaan sa mga Karaniwang Maling Pagkakaunawa


المرأة في ظلال الإسلام باللغة الفلبينية

ni:
**Dr. Abd Ar-Rahman bin Abd Al-Kareem Al-Sheha**

عبد الرحمن بن عبد الكريم الشيحة

Isinalin sa Wikang Tagalog nina:
**Mohammed Amir Ornido, MBA.**
**Jamal Q. Joves**

WWW.ISLAMLAND.COM




ISLAM LAND
GROW GOODNESS BY YOUR HAND
EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES
You Tube
WWW.ISLAMLAND.COM

**Ang Aklat na ito ay may Kaugnayan sa mga sumusunod na mga Katanungan at mga Pinagtatalunan:**

- Ang kalagayan ng mga kababaihan mula noong unang panahon: Ang mga Babae noong panahon bago dumating ang Islam sa Arabong Lipunan; Ang mga taga India; Ang mga taga Tsina; Ang mga taga Griyego; Ang mga taga Romano; Ang mga Tradisyunal na lipunan ng mga Hudyo; Sa mga Tradisyunal na lipunan ng mga Kristiyano; at mula sa mga Modernong Lipunan na walang kaugnayan sa relihiyon.
- Sa mga bagay kung saan ang mga Lalaki at mga Babae ay pantay-pantay sa Islam; Sa mga saligan ng Sangkatauhan; Sa pagsasagawa ng mga Tungkulin; Sa mga gantimpala at kaparusahan sa mundong ito at sa kabilang buhay; Sa mga ari-arian at ang kalayaan sa pakikipag-unawaan sa pananalapi; Sa mga pangangalaga ng dangal at kadakilaan; Sa mga sapilitang pag-aaral; Ang pagbabata sa mga pananagutan para sa pagbabago ng lipunan.
- Ang mga katayuan at karapatan ng mga Babae sa iba't-ibang larangan ng buhay sa Islamikong lipunan: bilang sanggol, sa pagkabata, sa pagdadalaga, bilang dalaga, bilang asawa, bilang ina, bilang kapamilya o kamag-anak, bilang kapitbahay at bilang babae sa pangkalahatan.
- Ang maling pagkaunawa tungkol sa mga karapatan ng mga Kababaihan at ang kanilang mga tungkulin sa Islam at ang pagpapabulaan sa mga ito; Sa poligamya o maramihang pag-aasawa; Sa pamumuno at pananagutan; Sa Kontrata sa pag-aasawa at ang Tagapangalaga; Sa pananakit sa asawa; Sa pagpatay ng may dangal; Sa diborsyo; Sa pagpatotoo; Sa pagmamana; Sa pagbayad ng salapi sa napatay na tao; Sa pagtatrabaho; Sa paggamit ng 'Hijab' (pantakip sa ulo at mukha).

IslamLand

**Ang Mga Nilalaman**


- Paunang Salita ng Tagasalin
- Paunang Salita ng may Akda
- Pagpapakilala
- Ang Panawagan para sa Karapatan ng mga Kababaihan
- Ang Katayuan ng mga Kababaihan sa Kasaysayan
- Ang Karapatan ng Kababaihan sa Islam
  - Ang Pagkapantay-Pantay ng Lalaki at Babae at ang Kanilang Likas na Kaganapan sa Bawa't-isa.
  - Ang mga Babae bilang Sanggol, Bata at Anak
  - Ang mga Babae bilang Kapatid
  - Ang mga Babae bilang Asawa.
  - Ang mga Kababaihan bilang Mga Ina.
  - Ang mga Kababaihan bilang Kamag-anak at Kapit-bahay.
  - Ang mga Maling Paratang Tungkol sa mga Babae
  - Ang Polygamya sa Islam
  - Ang Karapatan ng Tagapangalaga sa Kontrata ng Pag-aasawa.
  - Ang Pananalapi at ang Moral na Pananagutan.
  - Ang Pananakit sa Asawang Babae
  - Ang Pagpatay Dahil sa Karangalan
  - Ang Karapatang Makipag-Diborsyo ay nasa Lalaki
  - Ang Karapatan ng Babae sa Pamana
  - Ang Diyah (Pagbayad ng Salapi sa Napatay)
  - Ang Pagpapahayag ng mga Kababaihan
  - Paglalakbay ng Babae na Walang Kasamang Pangunahing Kamag-anak na Lalaki
  - Ang Karapatan ng Babae para Maghanap-buhay.
  - Sa Paggamit ng ‘Hijab’ (pantakip sa ulo at mukha).
- Panghuling Salita

## Ang Paunang Salita ng Tagasalin

***Ako ay nagsisimula sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, ang Maawain. Lahat ng papuri ay nauukol lamang sa Allah, ang Dakila. Nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa Propeta at iligtas siya at ang kanyang pamilya, ang kanyang mga kasamahan, at ang lahat ng mga tumatahak sa kanilang landas na ligtas mula sa anumang kasamaan at ipagkaloob sa kanila ang katiwasayan sa Araw ng Muling Pagkabuhay.***

Tinatalakay sa aklat na ito ang natatanging katayuan ng mga babae sa relihiyong Islam at ipapaliwanag ang mga ibang maling pagkakaunawa at maling pagpapalaganap sa pamamagitan ng paglalathala ng mga ignoranteng tao ng may masamang hangarin. Sa Islam ang mga lalaki at mga babae ay pantay sa kanilang pagkatao, at sa kanilang mga saligang pananagutan at karapatan, ang pagkakakilala bilang likas na bago sa mundo kung ikumpara sa ibang kabihasnan sa panahon ng pagdatal ng Islamikong mensahe sa pamamagitan ni Propeta Muhammad (ﷺ) at nananatili sa mga maraming tao sa buong mundo hanggang sa ngayon. Sa Islam ang mga kalalakihan at ang mga kababaihan ay mayroong tungkulin na ginaganap o pinupunan ng bawa't isa sa lipunan. Ang mga ito ay kasukat ng kani-kanilang likas na pangangatawan, pangkaisipan at pagkiling sa lipunan at ang mga di-pagkakasundo. Ang mga katangian ng mga babae ay maaaring maging ganap kung ang mga ito ay mabigyan ng katuparan ang pagkakaugnay niya sa mga lalaki. Gayon din ang katangian ng pagkalalaki ng mga kalalakihan ay hindi magiging ganap kung hindi mabigyan ng halaga ang pakikipag-ugnayan niya sa mga babae sa lipunan. Malaking kawalan ng katarungan ang mangyayari kung sapilitang hahanapin sa kanila ang pagkakapantay ng katangian ng bawa't isa dahil sila ay likas na hindi pareho,

datapwa't sila ay kapupunan ng bawa't isa. Kung pipilitin nating sila ay hindi magkapantay, sila ay ating hinahamak, dahil sila ay tunay na magkapareho. Ang Allah, ang Makapangyarihan at ang Tagapaglikha na Nakababatid ng lahat ng bagay, lamang ang Walang Kapintasan Tagapatnubay sa tama at pinong landas, na walang pagkukulang at pagmamalabis. Dahil ang mga karapatan ay laging nauugnay sa kakayahan, tungkulin at pananagutan, ang walang katulad na pananaw ng Islam tungkol sa mga karapatan ng mga babae ay nararapat na lubos na mailagay sa nilalaman ng alituntunin ng kagandahang-asal at ayon sa batas ng Islamikong paniniwala, kabutihang asal at sa pagbabatas. Ang sangkatauhan ay mananatili at magtatagumpay lamang kung nananatili at umuunlad ang bawa't pamilya, kalakip ng pagsasagawa ng mga tungkulin at natatanggap ang karapatan ng bawa't miyembro ng pamilya, habang nagpapasakop sa katanggap-tangap na kabanalan o kabutihan sa lahat ng dako (ng daigdig), kasama sa mga ito ang pananampalataya, kadalisayan, kahinhinan, paggalang, ang magandang pag-uugali o kabaitan at katapatan ng moralidad. Tunay na ang mga iba't ibang lipunan at kultura ay maglalarawan ng ibang pananaw sa mga ganitong paksa at kagalingan.

Sa mga ipinanaog na kapahayagang Islamiko, maraming mahusay na pagpapakilala at tumutukoy sa pagkapantay-pantay ng babae sa lalaki, at ang natatanging ugnayang bumibigkis at namamagitan sa pagitan ng lalaki at babae. Halimbawa ang Allah, ang Maharlika, ay nagsabi;

***"Katiyakan, ang mga lalaking nagpapasakop at ang mga babaeng nagpapasakop, ang mga sumasampalatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae, ang mga masunuring lalaki at mga masunuring babae, ang mga matatapat na lalaki at mga matatapat na babae, ang mga***

***matitiyagang lalaki at mga matitiyagang babae, ang mga mababang-loob na lalaki at mga mababang-loob na babae, ang mga mapagkawanggawang lalaki at mga mapagkawanggawang babae, ang mga mapag-ayunong lalaki at mga mapag-ayunong babae, ang mga lalaki na nangangalaga sa kanilang maselang bahagi ng katawan at mga babae na nangangalaga sa kanilang maselang bahagi ng katawan, at ang mga lalaki na lagi ng nag-aalaala sa Allah at mga babae na lagi ng nag-aalaala sa Allah, sa kanila ay inihanda ng Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala (ang Paraiso)."*** **(Qur'an 33:35)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi; ***"…Sila ang inyong damit (saplot) at gayundin naman na kayo ang kanilang damit (saplot)…"*** **(Qur'an 2:187)**

Ang mga damit at mga kasuutan ay kinakailangan upang mainitan, pagsanggalang, pangsaplot, at palamuti; sa ating mga kasuutan ay may ginhawa, kapanatagan, kasiyahan at pagkakakilanlan. Ang mga lalaki at babae ay kailangan nila ang bawat isa katulad ng katawan ng tao na hubo ay nangangailangan ng damit upang harapin ang kanyang likas at panlipunan kapaligiran.

Ang Islamikong lipunan ay may sariling pananaw na magpapakilala, na ang paglalarawan na ito ay siyang maaaring pinakamataas na uri sa pagpapahalaga sa tao na matatamo dahil ito ay batay sa banal na kapahayagan at sa patnubay mula sa nag-iisang Tagapaglikha, ang Diyos ng Sangkatauhan, ang Allah ang Mapagbigay, ang Matalino, ang Dakila at Nakababatid ng lahat, alam Niya ang lahat ng mga pangangailan ng Kanyang mga nilikha. Ipinadala Niya ang Kanyang huli at sagka ng mga Propeta sa sangkatauhan, si Muhammad ibn Abdullah (ﷺ). Binigyan siya ng Dakilang Allah ng inspirasyon sa pamamagitan ng kapahayagan at

katuruan na naging lubos na patnubay at halimbawa sa mga matatapat na mananampalataya, na nag-akay sa mga alipin ng Dakilang Allah sa pagiging matapat at masunurin, sa lahat ng uri ng pagkakataon at sa lahat ng kalagayan ng buhay. Sa kababaang-loob ng paglilingkod ni Muhammad, ang Sugo ng Allah (ﷺ), na nagdala ng mensahe at isinagawa ang malaking pananagutan ng kanyang misyon na may kabaitan at awa.

Ang kanyang pamilya at tagasunod, kahima't tao na hindi sakdal na siyang tanda ng kahinaan ng tao, ay sumunod sa kanyang halimbawa, sa katatagan ng pagiging mabuti at kahit na hindi binibigyan ng halaga ang kanyang kabaitan. Pagkatapos ng mga halimbawa ng mga Propeta ng Allah, kasama na rito sina Noe (Noah), Ibrahim (Abraham), Moises (Moses) at si Hesus (Jesus), (Nawa'y purihin at itampok ng Allah ang pagbanggit sa kanila), sila ang nagpakita sa atin ng pinakamagandang halimbawa. Ang mga ibang humaliling henerasyon na mga Muslim ay nagpakita ng iba't-ibang kaugalian, at ang iba ay nakakalungkot na lumihis ng tunay na nakakasindak sa pinakamababang grado ng pagkaligaw, pagkakasala at kriminal na kaasalan. Magkagayon pa man, ang mga ibang Muslim ay nanatiling masigasig at hindi nasiraan ng loob dahil walang panahon na dumaan na hindi mababanaag ang pamumula ng ibang ilaw ng karunungan, ng matatapat at mababait na mga Muslim na lalaki at babae, na nagpakita ng kabaitan mula sa ipinakilala at ipinamalas ng Islamikong mensahe at misyon.

**Ang aklat na ito ay unang nailathala na may pamagat na 'Ang Babae sa Pananaw ng Relihiyong Islam,' at kami ay nagsumikap na iangkop ang pagsasalin nito para sa ikabubuti ng mga mahilig magbabasa ng malawakan (tungkol sa Islam). Kami ay dumudulog sa Allah, ang Dakila, na sana ay tanggapin ang aming hamak na pagsusumikap at patawarin kami sa aming pagkakamali.**

**Dahil ang Dakilang Allah ang Siyang tumutugon sa mga pagdarasal at tumatanggap ng mga mabubuting gawain.**

**Abu Salman Deya-ud-Deen Eberle**

## Paunang Salita ng may Akda

Ang lahat ng papuri ay para lamang sa Allah, ang Dakila. Nawa'y purihin at itampok ng Allah (ﷻ) ang pagbanggit sa Kanyang Propeta (Muhammad, ﷺ) at ang kanyang pamilya at pangalagaan sila mula sa anumang masamang bagay'.

Ako ay naniniwala na hindi ko mailahad ang mga bagong impormasyon tungkol sa mga paksa na may kinalaman sa mga karapatan at ang katayuan ng mga babae sa Islam. Samakatuwid, nagtangka akong mag-ipon, isaayos at likumin ang mga ibang mahalagang impormasyon sa paksa na ito at ipahayag para sa kapakinabangan ng mga mambabasa.

Ako ay umaasa at dumadalangin para sa patnubay mula sa Allah, ang Dakila, na sana'y maging matagumpay ako sa aking mga layunin. Hindi magiging makatarungan na paratangan ang Islam sa mga maling gawain at pang-aapi sa mga kababaihan kung saan maraming mga salita mula sa kapahayagan ng Allah, ang Qur'an at sa mga katuruan ng Propeta (ﷺ) na itinanggi at ipinagkaila ang ganitong mga usapang paninirang puri. Ang Dakilang Allah ay nagsabi;

***"O Sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa isang pares na lalaki at babae, at ginawa Namin kayo sa maraming bansa at mga tribo upang makilala ninyo ang bawa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay yaong sumasampalataya na may Taqwa (kabanalan at kabutihan) at ganap na nagmamahal sa Allah. Katotohanan ang Allah ay Tigib ng Kaalaman at Lubos na Nakababatid ng lahat ng bagay."*** **(Qur'an 49:13)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi;

***"At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang paglikha Niya para sa inyo, mga kabiyak (asawa) mula sa***

***inyong sarili, upang inyong madama ang katahimikan at pahinga sa kanila, at inilagay Niya sa inyong puso ang pag-ibig at awa sa isa't isa. Katotohanang, naririto ang mga Tanda sa mga tao na may matiim na pagmumuni-muni."*** **(Qur'an 30:21)**

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi;

***"Katotohanan ang mga babae ay kabiyak na kakambal ng mga lalaki."*** **(Abu Da'wood, Tirmidhi at itbp, at napatotohanan bilang makatarungan)**

**Dr. Abd Ar-Rahman bin Abd Al-Kareem Al-Sheha**

**Email: info@islamland.com**

IslamLand

**WWW.ISLAMLAND.COM**

## Pambungad

Ang mga sarisaring panawagan para sa kalayaan ng mga kababaihan at pantay na karapatan sa mga lalaki ay narinig na mula sa iba't ibang panig ng Mundo, at maraming panawagan ang naimbento para sa mga pagmamartsa. Sa ibang mga lipunan ang mga babae ay nabuhay sa pagmamaltrato, pagmamalupit at walang katarungan at ipinagkait ang kaukulang karapatan bilang tao. Mayroong naman mga Muslim na pinasinungalingan ang ganitong kalakaran dahil sila ay lumabas sa turo at alituntunin ng Islamikong Prinsipyo. Sa kabilang banda, ang batas ng Islam ay sinusugan ang karapatan ng mga babae sa paraang magaang maunawaan at bilang pantay na pamamalakad at ubligasyon. Ang pagsusuri ng maigi sa mga panawagang ipinalaganap ng mga kilusang pagpapalaya ng mga kabababihan ay ipinakita na ang mga ito ay umiikot sa tatlong elemento: ***'Pagpapalaya sa mga Kababaihan; 'Pantay na Karapatan sa mga Kalalakihan' at ang 'Karapatan ng mga Babae'***. Susuriin natin ang mga ito batay sa liwanag ng Batas ng Islam at sa mga katuruan nito, kahit ano pa ang pag-uugali ng mga ignorante at ng mga lumihis sa tunay na daan na mga Muslim.

Una sa lahat, ang salitang 'pagpapalaya' ay nagpapahiwatig na mayroong mga tanikala, pagkasakal at pagbabawal na nangingibabaw, at pangalawa nito, ang mga babae ay inaalipin at kailangan palayain. Ito ay walang katiyakan at walang katotohanan dahil ang tunay na kalayaan ay hindi mangyayari, kahit pa sila ay mga lalaki o mga babae. Ang tao ay likas na may hangganan at maraming ipinagbabawal sapagka't ang kanyang kakayahan at kaalaman ay may hangganan at dahil sa pangangailangan ng samahang panlipunan. Samakatuwid ang mga lalaki at mga babae, sa

partikular na lipunan, ay nabubuhay sa ilalim ng batas, alituntunin at panuntunan na siyang nagpapalakad sa lahat ng kalakaran ng kanyang pamumuhay. Ang ibig sabihin ang tao ay hindi malaya at nagsasarili sa kanyang mga gawa o kaya naman ay walang pananagutan sa kanyang mga gawain? Maaari bang maging malaya ang sinuman mula sa mga likas na hangganan at sa mga pagbabawal na alinsunod sa batas? Kung sakaling sila ay mga alipin, ang tanong ay magiging kanino? Ang kalayaan samakatuwid ay may mga itinakdang hangganan na kung umaalinsunod sa anumang batas, panuntunan o regulasyong itinakda, na kung ito ay lumampas sa hangganan, hahantong sa di kanais-nais na gawain na mapapansin ng lahat na ito ay masagwa, mahalay, hindi sibilisado at napakasama. Ang batas ng Islam ay nagpanukala para sa mga lalaki at mga babae sa paghahanap ng kalayaan at pagpapalaya mula sa pagsamba sa mga diyus-diyosan, kalupitan, pagsasamantala at mula sa di makatarungan. Ang mga banal na ipinahayag na prinsipyo at batas ay nagtuturo at mahigpit na nagtatagubilin sa pagsamba lamang sa Isang Diyos (Allah), pagkapantay-pantay at dakilang moralidad o kabutihang-asal. Sa loob ng balangkas na ito, ang mga lalaki at mga babae ay mayroong kanya-kanya at kapupunan o bahaging tungkulin sa bawa't isa. Ang Islamikong batas ay nagbigay sa kababaihan ng karapatan na makitungo ng harapan sa maraming bagay sa lipunan, kaysa ipagkatiwala niya ang pagnenegosyo sa kanyang katiwala, bilang opisyal na mananagot at maging katiwala sa pamamalakad ng lahat ng kanyang negosyo, gaya ng pang-ekonomya, panlipunan, pam-pulitika at sa ibang paraan gaya ng ibang pamayanan. Para sa pagkalinga at panustos ng babae, ang kanyang ama, kapatid (na lalaki), tiyo at asawa – ang mga kalalakian – ay inuubliga at legal nilang pananagutan na pangalagaan ang kanilang dangal, ang pagtustos ng kanilang ikabubuhay at dapat sa maayos na

pamumuhay sa lahat ng kalagayan, (na ang pagtustos) ay nararapat na ankop sa kanilang kakayahan, sa buong buhay niya. Ito ba ay pagmamaliit ba sa kanyang katayuan o pagpaparangal?

Sa Islam, ipinagbabawal sa parehong lalaki at babae ang hindi disenteng pagkilos o pag-aayos sa publiko, at ang ipinapatupad ay magkaiba sa dalawang kasarian sa likas na mga kadahilanan. Lahat ay dapat pangalagaan at bantayan ang kanilang dangal o moral maging sa pribado o publiko. Ang Islamikong batas ay kinakalinga ang kababaihan mula sa pananakot at panliligalig, na sa ganitong pagkakataon ipinagbabawal sa bawat isa (babae o lalaki) na huwag kumilos ng makamundong tila nang-aakit o nanunukso sa bawa't isa. Sa kadahilanang ito ipinapatupad ng batas ng Islam sa mga babae na maging disente sa pagdadamit kung lumalabas sa pamamahay, at ipinagbabawal ang pakikipagbiruan at pakikihalubilo at kahit na anong uri ng pagdadaiti sa mga lalaki.

Inilalarawan ng Islam ang konsepto ng kalayaan sa isang paraan na bawa't kilos at pag-uugali ay hindi dapat, sa lahat ng pagkakataon, makakasakit sa kanyang sarili o sa mga ibang tao o makasisira sa kabuuang pamayanan, gaya ng pagpapaliwanag sa mga salita ng Sugo ng Allah (ﷺ) ng sinabi niya sa kanyang mapananaligan tradisyon:

***"Ang kahalintulad ng isang taong tumutupad sa mga ipinagbabawal na hangganan ng batas at kautusan ng Allah, at ang isang taong sumisira o sumusuway sa mga ito ay katulad ng dalawang pangkat ng mga tao na nasa isang barko at nagpasiyang maghati ng puwesto. Ang isang pangkat ay nasa itaas na parte bilang bahagi. Samantalang ang isa namang pangkat ay nasa ibabang parte bilang kanilang nakuhang bahagi. Tuwing ang mga***

***tao sa ilalim na bahagi ay sasalok ng tubig, kinakailangang dumaan muna sila sa bahaging itaas (nakakaabala sa kanilang pagdaan). Kaya ang mga taong nasa ibaba ay nag-isip na, 'kung tayo ay gumawa ng butas sa ating nakuhang lugar, malapit ang pagkuha natin ng tubig na hindi makaabala sa mga taong nasa bahaging itaas.' Kung hahayaan ng mga taong nasa itaas ang mga taong nasa ibaba na gumawa ng butas upang madaling makakuha ng tubig, lahat ng tao sa barko ay mamamatay. Ngunit, kung sila ay pagbabawalan mula sa pagbutas, silang lahat ay magiging ligtas."*** **(Bukhari at ibpa.)**

Si Ginoong **Schopenhauer,** isang kilalang Pilosopong Aleman ay nagsabi:

***"Bigyan ng tunay na Kalayaan ang babae sa loob ng ISANG TAON LAMANG, at magtanong sa akin pagkaraan nito tungkol sa bunga ng gayong kalayaan. Huwag ninyong kalilimutan na kayong lahat, kasama na ako, ay magmamana ng katangian, kalinisan at magandang moral. Kung ako ay mamatay (bago ito) ay Malaya kayo sa inyong maaaring sasabihing, 'Siya ay nagkamali!' o 'Nakamit niya ang katotohanan!"***

Si Ginang **Helesian Stansbery,** isang Amerikanong tagapagbalita, na naugnay sa mahigit na 250 pahayagan, at nagtrabaho sa larangan ng peryodismo at pamamahayag ng higit na 20 taon, at naglakbay sa maraming bansang Muslim, ay nagsabi pagkaraan ng huli niyang paglalakbay sa isang bansang Muslim:

***"Ang Arabo-Islamikong lipunan ay kaaya-aya at malusog. Ang lipunang ito ay dapat magpatuloy na pangalagaan ang kanilang tradisyon na nagbabawal sa kanilang kalalakihan at kababaihan sa isang itinakda at makatuwirang hangganan. Ang lipunang ito ay ibang-iba***

***kaysa sa Europa at Amerika. Ang Arabo-Islamikong lipunan ay may sariling tradisyon na nagtatakda ng mga pagbabawal at hangganan sa mga babae, paggalang at pagsunod sa mga magulang. Una at higit sa lahat, ang mahigpit na pagbabawal at may hangganang kalayaang pang-seksuwal na tunay na nagbibigay panganib sa lipunan at sa mga pamilya ng Europa at Amerika. Samakatuwid, ang pagbabawal na ipinataw ng Islamikong lipunan ay legal at nakakabuti. Ako ay matatag na nagpapayo sa inyo na kayo ay mahigpit na sumunod sa inyong tradisyon at alituntunin ng kagandahang-asal (moral). Ipagbawal ang pagsasama ng babae at lalaki sa mga paaralan. Higpitan ang kalayaan ng mga babae, o dili kaya ay magbalik sa tradisyong Purdah (pananamit ng ayon sa Islamikong Kaayusan). Tunay na ito ay makabubuti sa inyo kaysa sa kalayaang sekswal na ginagawa sa Europa at Amerika. Ipagbawal ang pagsasama sa paaralan ng mga babae at lalaki, sapagkat kami sa Amerika ay nagdusa mula rito. Ang lipunan ng Amerika ay naging masalimuot, puno ng lahat ng uri ng sekswal na kalayaan. Ang mga biktima ng kalayaang sekswal at pagsasama sa paaralan ay pumupuno sa mga kulungan, kalsada, bar at bahay aliwan. Ang maling kalayaan na aming ipinagkaloob sa aming mga anak na babae ay siyang nagtulak o nagbaling sa kanila sa bawal na gamot, krimen at pagtitinda ng katawan (prostitution). Ang ganitong kalayaan sa Europa at Amerika ay nagbigay panganib sa pamilya at winasak ang dangal at pag-uugali."***

Ang katanungan na dapat bigyang kasagutan tungkol sa hangarin ng ***'Pagpapalaya sa mga Babae'*** ay ito: Ano ang pinakamabuting pamamaraan na makakatulong at makapangangalaga sa Dangal, Puri, at Katayuan ng babae?

## Ang Panawagan para sa Karapatan ng mga Kababaihan

Ang mga kababaihan sa buong mundo ay nanawagan ng pagkakapantay na karapatan. Wala ni isang patakaran o sistema ng batas na nagpapanatili, nangangalaga sa tunay na karapatan ng mga babae ng higit sa batas ng Islam, maging sa mga nakaraang panahon o sa makabagong panahon. Ito ay ipaliliwanag at patutunayan sa mga sumusunod na bahagi ng aklat na ito.

Si **Sir Hamilton**, isang kilalang Pilosopo ay nagsabi sa kanyang aklat na, '*Islam and Arab Civilization*':

> ***"Ang mga patakaran, mga alituntunin at mga pasiya hinggil sa kababaihan sa Islam ay maliwanag, tuwiran at bukas. Pinanghahawakan ng Islam ang ganap na pangangalaga na dapat ibigay sa babae laban sa anumang bagay na nakapananakit sa kanya o makapagpapababa ng kanyang dangal o asal."***

Si Ginoong **Gustave Le Bon**, isang kinikilalang Pilosopong Pranses, sa kanyang aklat na, '*The Arab Civilization* (**p. 488**)' ay nagsabi:

> ***"Ang pinakamabuting gawain sa Islamikong pananaw ay hindi lamang nakatuon sa pagpaparangal at paggalang sa kababaihan bagkus maaari nating idagdag na ang Islam ay ang unang relihiyong nagbigay parangal at paggalang sa kababaihan. Mapapatunayan natin ito sa paglalarawan na ang lahat ng mga relihiyon at mga bansa, bago dumating ang Islam, ay nagbigay ng malaking pinsala at paghamak sa mga kababaihan."***

Sinabi din niya na (**p. 497**) ng kanyang aklat:

***"Ang mga karapatan ng mag-asawa na inilagay at inilarawan sa Banal na Qur'an at ng mga tagapagsalin ng mga kahulugan ng Banal na Qur'an ay higit na mabuti kaysa sa mga karapatang ibinigay ng mga taga Europa sa karapatan ng mag-asawa (lalaki at babae)."***

Mahigit na labing apat na raang taon na ang nakararaan, ang Islam ay nagsimulang lumaganap sa buong daigdig, mula sa Makkah at pagkatapos sa Madinah, kung saan ang Propeta ng Allah, na si Muhammad bin Abdullah (ﷺ) ay nagturo ng kanyang mensahe. Lumaganap ang liwanag ng Islam sa pamamagitan ng mga aral mula sa Banal na Aklat ng Allah, ang Qur'an at ang mga inspirasyong Sunnah (tradisyon o Pamamaraan) ng Propeta (ﷺ) na ang mga ito ay di mapag-aalinlanganan bilang batayan ng batas ng Islam. Ang mga katuruan at mga batas ng Islam ay nagbigay ng masidhing impluwensya sa buhay ng mga tagasunod ng Islam, kasunod nito, ang impluwensyang ito ay nagkaroon ng bunga sa lipunan kung saan nagpunta at nanirahan ang mga Muslim. Ang Islam ay mabilis at kamangha-manghang lumaganap sa mga kilalang bansa at nag-iwan ng isang malawak na pamamaraan ng buhay na madaling maunawaan na nagbibigay ng direksyon sa lahat ng kailangan ng tao. At hindi ito sumasalungat sa anumang likas na batas, matibay at mahahalagang pangangailangan ng tao sa buhay na ito at lubhang kailangan para sa patuloy ng kanilang pamumuhay.

Upang maintindihan ang mga pagbabago na dinala ng Islam para sa mga kababaihan, kailangang pag-aralan natin ang katayuan ng mga babae bago dumating ang Islam sa pamayanan ng mga Arabo at ng mga ibang kabihasnan sa mundo.

## Ang Katayuan ng mga Kababaihan sa Kasaysayan

### Ang Kababaihan sa Panahon Bago Dumating ang Lipunan ng Islam at mga ibang Kabihasnan.

Bago dumating ang mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ), ang mga babae ay nagdanas ng lubhang di-makatarungan at di-pantay na pakikitungo at sila ay hayagang inalispusta at iba't-ibang paghamak. Ang mga babae ay itinuring bilang isang bagay na pag-aari na puwedeng itapon o ipamigay sa kapritso ng kanyang lalaking katiwala o tagapag-alaga. Ang mga babae ay walang karapatang magmana mula sa kanilang magulang o asawa. Ang mga Arabo ay naniniwala na ang pamana ay iginagawad lamang sa mga may higit na kakayahan, gaya ng mga marunong sumakay ng kabayo, makipaglaban, nagwagi ng laban sa digmaan at tumulong sa pangangalaga ng kanilang tribo o angkan at nasasakupan. Sa dahilang wala sa kanya (babae) ang mga ganitong pangkaraniwang kakayahan, siya mismo ay maaaring manahin gaya ng isang materyal na bagay pagkaraang mamatay ang kanyang asawang maraming utang. Kung ang babae na may asawang namatay na may mga anak na lalaki sa mga naunang pag-aasawa, ang pinakamatandang anak na lalaki ay maaaring kuhanin (ang nabalo ng kanyang ama) at ibilang na isa niyang pag-aari sa kanyang pamamahay, katulad ng isang anak na nagmana ng kayamanan ng kanyang namatay na ama. Siya (babae) ay hindi maaaring umalis ng bahay ng kanyang anak na lalaki sa unang asawa (stepson) hangga't hindi siya magbabayad ng pantubos.

Bilang pangkalahatang pag-uugali, ang mga lalaki ay may kalayaang mag-asawa kahit ilan na walang hangganan. Walang makatarungang batas na maaaring pumigil sa lalaki

mula sa pakikitungung hindi makatarungan o di-pantay sa kanyang mga asawang babae. Ang kababaihan ay walang karapatang pumili o kahit na bigyan lamang ng pahintulot sa pagpili ng kanyang magiging asawa; sila ay para lamang ipinamigay. Higit sa lahat, sila ay hindi pinapayagang mag-asawa ulit kung sila ay diniborsyo.

Bago dumating ang Islam sa pamayanan ng Arabia, ang mga Arabo ay di nasisiyahan sa pagkakaroon ng anak na babae sa kanyang pamilya. Ang mga iba ay itinuturing ito bilang masamang pangitain. Ang Dakilang Allah ay inilarawan sa Qur'an ang pagtanggap ng isang ama tungkol sa pagsilang ng anak na babae:

***"At kung ang balita (ng pagsilang) ng isang babae ay ipinarating sa sinuman sa kanila, ang kanyang mukha ay nagiging madilim at ang kanyang kalooban ay napupuspos ng pagkapoot! Ikinukubli niya ang kanyang sarili sa mga tao dahilan sa kasamaan ng ibinabalita sa kanya. (Na nag-iisip) na kanya bang pananatilihin ang batang babae na magbibigay ng kahihiyan sa kanya, o kanyang ililibing sa lupa? Katotohanang karumal-dumal ang kanilang pasya."*** **(Qur'an 16:58-59)**

Ang mga babae ay hindi man lang nabigyan ng mga likas na karapatan katulad ng pagkain ng ibang uri ng makakain. Ang ibang uri ng pagkain ay ipinahihintulot lamang sa mga lalaki. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At sila ay nagsasabi: 'Kung ano ang nasa sinapupunan ng gayong bakahan (kahit na gatas o bilig) ay para sa mga kalalakihan lamang at ipinagbabawal sa aming kababaihan, datapwa't kung ito ay patay ng ipinanganak, kung gayon ang lahat ay may kabahagi rito…"*** **(Qur'an 6:139)**

Karagdagan pa rito, ang pagkamuhi ng mga Arabo sa mga batang babae ay humahantong sa kapasiyahang ilibing sila ng buhay. Ang Dakilang Allah ay nagsabi tungkol sa Araw ng Pagbabayad:

***"At kapag ang sanggol na babae na inilibing ng buhay ay tatanungin, sa anong kasalanan siya ay pinatay?"*** **(Qur'an 81:8-9)**

Ang mga ibang ama naman ay inililibing ang kanilang mga anak na babae kung ito ay may ketong o pilay o isinilang na may kapansanan. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

***"At huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pangamba ng kahirapan. Kami ang nagkakaloob sa kanila at sa inyo ng ikabubuhay. Katotohanan, ang pagpatay sa kanila ay isang malaking kasalanan."*** **(Qur'an 17:31)**

Ang tanging bagay lamang na maaaring ipagmalaki ng isang babae sa panahon yaon, bago dumating ang Islamikong kapanahunan, ay ang pangangalaga sa kanya at ng kanyang pamilya at tribo, at ang pagtatanggol sa kanya laban sa mga humahamak o nagtatangkang dungisan ang kanyang pagkababae. Subali't ang ganitong pangyayari ay higit na ipinagkakaloob ang dangal at puri ng lalaki at sa karangalan ng kanyang tribo, kaysa sa pagmamalasakit sa mga babae.

Ang mga pangyayari tungkol sa kababaihan sa lipunang Arabia ay siyang umakay kay **Umar ibn al-Khattab** (رضي الله عنه), ang pangalawang Kalipa ng mga Muslim, upang mag-ulat ng:

***"Sumpa sa Allah, hindi natin napag-isipan na ang babae ay may kahalagahan kundi lamang ipinahayag ng Allah ang tungkol sa kanila sa Qur'an…"*** **(Muslim)**

**Ang Kababaihan sa Lipunan ng India:** Sa Lipunan ng India ang mga babae ay pangkalahatang itinuring na mga katulong at alipin na hindi nasusunod ang sariling kagustuhan at sariling kapasiyahan. Sinusunod nila ang kanilang mga asawa ng walang pagtutol sa lahat ng bagay. Ang mga babae ay pambayad sa pagkatalo sa sugal ng kanilang asawa. Upang maipakita ang pagmamahal, ang mga nabiyudang babae ay sapilitang sinusunog ng buhay sa pamamagitan ng paglukso sa lugar na pansiga sa patay (pyre) ng asawang namatay (ang mag-asawa ay kapwa sinusunog na magkasabay). Ang kaugaliang ito ay tinatawag na '*sutti*' na ipinagpatuloy hanggang sa huling yugto ng ika-17 siglo noong ang kaugaliang ito ay napawalang bisa at ipinagbawal sa kabila ng pagkadismaya at pagtutol ng mga lider ng relihiyong Hindu. Kahit na ito ay napawalang bisa na, ang '*sutti*' ay malawakang isinasagawa parin hanggang sa huling yugto ng ika-19 na siglo at nangyayari pa rin hangga ngayon sa mga malalayong lugar ng India. Sa mga ibang pook, ang mga babae ay inihahandog sa mga pari bilang kerida, o patutot na sinasamantala. Sa ibang panig ng India, ang mga babae ay ginagawang pang-alay sa mga diyus-diyosan ng mga Hindu upang bigyang kasiyahan ang mga ito o di kaya kung sila ay dumadalangin para magkaroon ng ulan. Ang ilang batas ng Hindu ay nagpahayag ng ganito:

> ***"Ang itinakdang pagtitiis, ang ihip ng hangin o buhawi, ang kamatayan, ang impiyerno, ang lason, ang mga ahas at apoy ay hindi masama kaysa sa babae."***

Sa mga aklat ng relihiyong Hindu, ay sinasabi rin na:

> ***"Kung ang Manna (ang manlilikhang diyos ng Hindu) ay lumikha ng babae, kanya itong nilalakipan ng pagmamahal sa higaan, sa mga upuan, pagpapaganda (ng mukha), maruming pagnanasa (lahat ng uri), ng galit,***

***paghihimagsik laban sa dangal at puri, masamang pag-uugali, asal at kilos."***

Sa mga aral ng '***Manna Herma Sistra***' tungkol sa mga babae, mababasa na:

***"Ang isang babae ay maaaring mabuhay na walang pagpipilian maging siya ay batang babae, dalaga o may edad na babae. Ang batang babae ay nasa ilalim ng kapangyarihan at kagustuhan ng kanyang ama. Ang babaeng may-asawa ay nasa kapangyarihan at kagustuhan ng kanyang asawa. Ang biyuda ay nasa kapangyarihan at kagustuhan ng kanyang mga anak na lalaki at hindi na malaya (mula ng mamatay ang kanyang asawa). Ang biyuda ay hindi na maaaring mag-asawang muli pagkaraang mamatay ang kanyang asawa bagkus dapat niyang iwasan o isantabi ang kanyang pagnanasa sa pananamit, pagkain at pag-aayos ng mukha hanggang siya ay mamatay. Ang babae ay walang karapatang magmay-ari ng anupamang bagay at kung sakaling magkaroon man ng pagkakakitaan, ang pag-mamay-ari ay kaagad na mapupunta sa kanyang asawa."***

Sa ibang situwasyon naman, ang babae ay maaaring magkaroon ng maraming asawa sa isang pagkakataon[1]. Walang alinlangan na ang kanyang kalagayan ay mistulang kalapating mababa ang lipad o puta sa lipunan.

**Ang Kababaihan sa Lipunan ng mga Intsik:** Ang katayuan ng mga babae sa lipunan ng Intsik ay hamak at mababa. Sila ay karaniwan at laging iniaatang sa mga mababang uri ng gawain at katayuan. Ang batang lalaki ay itinuturing bilang handog ng Diyos at pinakikitunguhan ng mabuti. Samantalang ang batang babae ay nagtitiis ng maraming

---

[1] Tingnan sa ***'Hindu Inter-caste Marriage in India"***, Chapter 3 [Uri ng Pag-aasawa] part 2 [Polyandry], ni Haripada Chakraborti.

kahirapan, gaya ng pagtali sa kanyang mga paa upang hindi makatakbo at hindi magawa ang ibang kaugaliang gaya nito. Ang isang salawikain sa Tsina ay ganito: ***'Makinig sa asawa ngunit huwag mo siyang paniwalaan'***. Samakatuwid, ating mapag-aaralan na ang katayuan ng babae sa lipunang Intsik ay hindi gaganda kaysa sa panahon ng mga paganong Arabo bago dumating ang Islamikong lipunan at sa mga lipunan ng mga taga India.

**Ang Kababaihan sa Lipunan ng Griyego:** Sa mga taga Griyego, ang mga babae ay ipinalagay ng mga kalalakihang Griyego na ***ang mga babae ay walang halaga bagkus silang lahat ay puro kasamaan***. Walang regulasyon nangangalaga sa mga babae sa lipunan ng Griyego. Sila ay pinagkaitan ng karapatang pang-edukasyon; ipinagbibili at binibili na parang isang bagay lamang; ipinagkait ang karapatang pagmamana; at itinuring bilang musmos na walang karapatan makipagkalakalan para sa sariling ari-arian. Ang mga babae ay lubos na nasa ilalim ng kagustuhan ng lalaki sa kanilang buong buhay. Ang Diborsyo ay ganap na karapatan ng lalaki. Ang palasak na katayuan ng mga babae sa lipunan ng Griyego ay nagbigay daan sa mga Pilosopo na sabihin ang: ***"Ang pangalan ng mga babae ay dapat ikulong sa bahay katulad din ng kanyang katawan."***

Si Ginoong **Gustave Le Bon**, isang Pilosopong Pranses ay nagsabi sa kanyang aklat na; "*Arab Civilization*" ng ganito:

> ***"Ang mga Griyego, sa pangkalahatang pananaw, ay isinasaalang-alang na ang mga babae ay pinakamababang nilikha. Sila ay walang kabuluhan maliban sa panganganak at pangangalaga sa gawaing pambahay. Kung ang isang babae ay nagsilang ng isang pangit, baliw o may kapansanang sanggol, ang lalaki ay***

***may kalayaan gawin ang kagustuhang patayin ang (ang di-kanais-nais o hindi gustong) sanggol".***

Si Ginoong **Demosthenes**, isang kilalang mananalumpati at Pilosopo sa Griyego ay nagsabi:

***"Kami, mga lalaking Griyego, ay nasisiyahan sa piling ng mga babaeng nagbibili ng aliw para sa pakikipagtalik, pagiging kasintahan, magsing-irog, upang pangalagaan ang aming pang-araw araw na pangangailangan, at kami ay nag-aasawa upang magkaroon lamang ng lehitimong mga anak".***

Mula dito sa walang pagpipigil na simbolo ng dalawang huwaran, at napakasamang moralidad, makikita natin ang kapalaran ng mga kababaihan sa ganitong uri ng lipunan batay sa pahayag ng isang pinakamahusay at kinikilalang pilosopo.

**Ang Kababaihan sa Lipunan ng Roma:** Ang babae sa Romanong Lipunan ay isinasaalang-alang bilang isang musmos na walang kakayahang pamahalaan ang sariling buhay. Lahat ng pamumuhay ng babae ay napapailalim sa kapangyarihan ng lalaki na siyang ganap na naghahari sa lahat ng pansarili at pang publikong gawain ng babae. Ang lalaki ay may karapatang magbigay ng hatol na kamatayan sa kanyang asawa kung siya ay naakusahan ng katiyakang krimen. Ang kapangyarihan ng lalaki sa babae ay kinabibilangan ang karapatan siyang ipagbili, paulit-ulit na pananakit sa babae, pagkulong o pagpatay sa babae. Ang babae sa lipunang Roma ay kailangan makinig, sumunod ng ganap at tuparin ang lahat ng ipinag-uutos ng lalaki. At ang mga babae ay inaalisan ng karapatan sa pagmamana.

**Ang Kababaihan sa Makalumang Lipunan ng mga Hudyo:** Sa makalumang lipunan ng Hudaismo, ay wala ring magandang kapalaran katulad ng mga babae sa ibang lipunang inilarawan sa mga naunang pahina. Sa Lumang Tipan (Eclesiastes 25-26) ang babae ay inilarawan ng ganito:

> **(25)** ***'Ako'y pumihit at inilagak ang aking puso na umalam at sumiyasat at humanap ng karunungan at ng kadahilanan ng mga bagay at umalam na ang kasamaan ay kamangmangan at ang kamangmangan ay kaululan. (26) At nakasumpong ako ng bagay na lalong mapait kaysa kamatayan, samakatuwid baga ang babae na ang puso ay mga silo at mga bitag, at ang kamay ay gaya ng mga panali…"*** **(Ecclesiastes 7:25-26)**

Sa Exodus (Lumang Tipan), ay iniulat:

> **"(7)** ***At kung ipagbili ng isang lalaki ang kanyang anak na babae na maging alipin, ay hindi siya aalis na gaya ng pag-alis ng mga aliping lalaki. (8) Kung siya ay hindi makapagpalugod sa kanyang Panginoon, na umayaw mag-asawa sa kanya, ay ipatutubos nga niya siya; walang kapangyarihang ipagbili siya sa isang taga ibang bayan, yamang siya ay nadaya. (9) At kung pinapag-asawa ng bumili sa kanyang anak na lalaki ay kanyang ipalalagay siya ng ayon sa kaugalian sa mga anak na babae. (10) Kung siya ay mag-asawa sa iba, ang kanyang pagkain, ang kanyang damit at ang kanyang kapangyarihang sa pag-aasawa ay hindi niya babawasan. (11) At kung hindi niya gawin ang tatlong bagay na ito sa kanya magkagayon siya ay aalis nang walang bayad, na walang tubos na salapi."*** **(Exodus 21:7-11)**

Kaya, kung ang babaeng Hudyo ay mag-asawa, ang pangangalaga sa kanya ay malilipat mula sa kanyang ama tungo sa kanyang asawa at siya ay magiging isa sa pag-aari

ng asawa niya katulad ng bahay, mga alipin, salapi at kayamanan.

Ang mga batas at katuruan ng mga Hudyo ay inaalisan ang babae ng pamana mula sa kanyang ama kung ang ama ay mayroong ibang mga anak na lalaki. Ito ay mababasa sa Lumang Tipan ng ganito:

***"At iyong sasalitain sa mga anak ni Israel na iyong sabihin, 'Kung ang isang lalaki ay namatay at walang anak na lalaki ay inyo ngang isasalin ang kanyang mana sa kanyang anak na babae'."*** **(Bilang; 27:8)**

Karagdagan pa nito, ang mga lalaking Hudyo ay hindi natutulog sa iisang higaan kung ang babae ay may buwanang pagdurugo (regla), hindi sumasalong kumakain o umiinom. Ang mga lalaking Hudyo ay ganap na inilalayo ang sarili mula sa babaeng may regla hanggang ito ay malinis mula sa kanyang pagdurugo.

**Ang Kababaihan sa Makalumang Lipunan ng mga Kristiyano:** Ang mga Kristiyanong pari ay humantong sa labis na pagsasaalang-alang na ang babae ay siyang sanhi ng 'Orihinal na Pagkakasala' at siyang pinagmulan ng mga kaguluhan na siyang kinasasadlakan ng buong mundo. At dahil dito, ang ugnayang pisikal ng babae at lalaki ay tinaguriang 'marumi' bagaman ito ay lehitimong sinang-ayunan at ginawa sa ilalim ng kasunduang kasal.

Si **Saint Trotolian** ay nagsabi:

***"Ang babae ay siyang Landas ni Satanas tungo sa puso ng lalaki. Ang babae ang siyang nagtulak sa lalaki sa 'Bawal na Puno'. Ang babae ay sumuway sa Batas ng Diyos at sinira ang Kanyang Imahen."***

Si Ginoong **Wieth Knudesen**, isang manunulat na Danish ay naglarawan sa katayuan ng babae noong '*Middle Ages*' na nagsabi:

***"Ayon sa relihiyong Katoliko na nagsasaalang-alang sa babae bilang pangalawang uri ng tao, sadyang kakaunti ang pangangalaga at pansin ang ibinibigay sa kanya (babae)."***

Noong taong 1856, mayroong pagpupulong na ginanap sa Pransiya tungkol sa pagpapasiya kung ang babae ay dapat bang ituring na tao o hindi! Ang pagpupulong ay nagbigay ng huling pananalita na:

***"Ang babae ay tao ngunit siya ay nilikha upang maglingkod sa lalaki."***

Kaya't sa pagpupulong na ito, sinang-ayunan ang karapatan ng babae bilang tao, isang bagay na pinag-aalinlanganan at di-mapagpasiyahan! Magkagayunman, ang mga lumahok sa pagpupulong na ito ay hindi ganap na nagpasiya tungkol sa karapatan ng babae bagkus ang babae ay tagasunod lamang ng lalaki at alipin na walang pansariling karapatan. Ang pasiyang ito ay binigyan ng katuparan hanggang noong ika 1938, nang sa unang pagkakataon, ang susog ay ipinalabas upang pawalang-saysay ang batas na nagbabawal sa babae na personal na mangasiwa sa kanyang gawaing pananalapi at tuwiran at hayagang pinahintulutang magbukas ng sariling libreta sa banko.

Ang mga taga Europa ay patuloy ang pang-aapi sa mga babae at inaalisan ang kanilang karapatan hanggang sa panahon ng *'Middle Ages'*. Isa ring nakakagulat na malaman sa Batas ng Ingles na ipinikit nila ang kanilang mga mata sa pagbebenta ng lalaki sa kanyang asawa! Ang puwang sa gitna ng mga lalaki at babae ay lalong lamaki, hanggang sa

ang pamamahala sa babae ay ganap na nasa kamay ng lalaki. Ang mga babae ay inalisan ng lubos na karapatan kahit na anong pag-aari. Lahat ng ari-arian ng babae ay napupunta sa asawang lalaki. Halimbawa, ang babae sa Batas ng Pransiya ay ipinalagay na walang kakayahang magpasiya sa sariling gawaing pananalapi. Ating mababasa sa *Artikolong 217* ng Batas ng Pransiya na nagsasaad:

***"Ang babaeng may asawa ay walang karapatang magbigay, magsalin, magmay-ari, may bayad o wala, na walang pagsang-ayon ang kanyang asawa kahit na ang kasunduang nakasulat sa kasal ay nagsasabi na ang ari-arian ng babae ay hiwalay sa ari-arian ng lalaki."***

Sa kabila ng maraming susog at pagbabago na nangyari sa batas ng Pransiya, makikita pa rin natin kung paano ang mga batas na ito ay nagbigay impluwensiya sa buhay may-asawa ng mga kababaihan. Ito ay isang uri ng modernong pang-aalipin.

Karagdagan pa nito, ang apelyido ng isang babaeng may asawa ay nawawala kung siya ay pumasok sa kasunduang kasal. Ang may asawang babae ay kinakailangang dalhin at gamitin niya ang apelyido ng kanyang asawa. Ito ay nagpapahiwatig na ang babae ay magiging tagasunod lamang ng kanyang asawa at mawawala ang kanyang personal na pagkakakilanlan.

Si Ginoong **Bernard Shaw**, isang kinikilalang manunulat na Ingles ay nagsabi:

***"Sa oras na ang babae ay mag-asawa, lahat ng pansariling pag-aari ay magiging pag-aari ng kanyang asawa ayon sa batas ng Ingles (English Law)."***

Panghuli, mayroong pang isang di-makatarungan at ipinataw sa mga kababaihan ng Kanlurang Lipunan ay yaong

ang kasal ay ginawang isang bagay na kailangang manatili magpakailanman batay sa legal at aral ng kanilang relihiyon. Ang babae ay walang karapatang magtakda ng diborsiyo (ayon sa Katoliko). Ang mag-asawa ay pisikal na magkahiwalay sa isa't isa. Ang paghihiwalay na ito ay nagdudulot ng iba't ibang uri ng sakit sa lipunan at katiwalian katulad ng pagkakaroon ng kasintahan, pakikipagtalik sa mga nagbibili ng aliw, pakikipagrelasyon ng lalaki sa kapwa lalaki at pakikipagrelasyon ng babae sa kapwa babae. Karagdagan pa nito, ang naiwang biyuda ay hindi pinahihintulutang bigyan ng pagkakataong mag-asawang muli at mamuhay ng normal pagkaraaang mamatay ang kanyang asawa.

Walang pagdududa, na ang tinatawag na modernong lipunan ng kanluran at ang pagpupunyagi nitong makapangibabaw sa buong mundo, ay nagmula at pagkakautang sa mga taga Griyego at Romanong tradisyon dahil sa pundasyon nilang pambayan, at sa mga tradisyon ng Hudyo-Kristiyano na kanilang pinanghahawakang simulain at batayan ng kanilang relihiyon. Ang mga nabanggit na pangkalahatang pagmamalabis sa itaas ay nagbigay daan (dahil sa unti-unti at sa huling epekto ng teknolohiya at modernong lipunan) sa inaasahan at natural na reaksyon gaya ng mga sumusunod: Kilusang humihingi ng karapatan ng mga kababaihan sa lipunan, pinangungunahan ng mga pilosopo, mga guro, mga naglolobi, at ang mga aktibista para sa karapatan ng mga kababaihan at kapakanang pang-tao. Parang and pendulo ay naitalagang kumampay sa ibang direksyon, at sila ay humihingi ng ganap na pantay na karapatan at paglaya sa mga lalaking mapang-abuso at nang-aapi. Sa maraming modernong lipunan na walang kaugnayan sa relihiyon ang mga babae ay tunay na ibinigay ang

maraming pantay na karapatan, datapwa't sa pagkakataong ding iyon, dahil sa pagkapantay-pantay ay nalantad sila sa panliligalig at panloloko na palasak sa mahalay na buhay pangmateryal at inilalako sila na parang isang nilulungating bagay na pang-sekswal, ibinebenta at pinapakontrata o pinapaupahan. Ang kasunod nito ay ang pagkalansag ng pamilya, at ang paglaganap ng imoralidad na kalaswaan pang-sekswal, pagpapalaglag, ang pagsasama ng parehong lalaki at ang kasamaan mula sa kalayaan sekswal, ay nagbigay daan sa mga iba upang tumutol sa lipunan, lalung-lalo na sa mga relihiyosong konserbatibo, subali't sa wari, ang mga pangyayari ay tunay na malakas upang ibalik ang panahon. Sa pandaigdigang pakahulugan at mula sa pangkasaysayang pagmamana, ipakikilala namin ang mga namumukod na katangian ng mga karapatan ng mga babae sa Islam at ang kasagutan ng mga karaniwang maling pang-unawa, upang ipakita ang kahigtan ng pagsunod sa patnubay ng Dakilang Allah kaysa sa pagsunod ng bawa't isa (lalaki at babae) sa kanilang sariling kagustuhan at kapritso.

## Ang Karapatan ng Kababaihan sa Islam: Sa pangkalahatan; bilang mga bata at mga anak, kapatid, asawa, ina at bilang kamag-anak at kapitbahay

Ang Islam ay nakaugnay sa kababaihan sa isang malawak na pananaw at nakapaloob dito ang tungkol sa ugnayan niya sa Allah (ang kanyang Tagapaglikha at Panginoon) at tungkol sa kanyang sarili bilang bahagi ng sangkatauhan, at sa lalaki, na kanyang kasama at natural na asawa (sa pamilya). Sa paglalarawang ilalahad sa ibaba, isasaalang-alang ang mga karapatan ng ibang pamayanan na ibinibigay sa kanila upang ihambing sa mga karapatan inilalaan ng Islam para sa mga babae. Kapansin-pansin na itinuturo ng Islam ang pagsaalang-alang sa mga pangangailangan at karapatan ng mga kababaihan sa buong buhay nila, bilang anak na babae, bilang kapatid, asawa, ina at bilang miyembro ng Islamikong pamayanan.

## Ang Pagkapantay-Pantay ng Lalaki at Babae sa Islam at ang Kanilang Likas na Kaganapan sa Bawat-isa

Sa isang pang-unawa, ang pagkapantay-pantay sa gitna ng mga lalaki at mga babae ay maaari at makatuwiran dahil sila ay parehong tao, na magkatulad ang kanilang kaluluwa, mga isip, mga puso, mga baga, mga braso, atbp. Sa kabilang banda, ang pagkapantay-pantay ng mga lalaki at mga babae ay hindi maaari at kakatuwang-bagay sa kadahilanan ng kanilang likas na pagkakaiba ng pangangatawan, kaisipan, kalooban o damdamin at pangkaisipan katangian, mga kagustuhan at mga kakayahan. Sa gitna ng mga katangiang nabanggit dapat nating ipaliwanag kung papaano sila naging pantay at kung papaano sila kapupunan ng bawat isa.

Kung ang pagkapantay-pantay ng lahat ng mga may parehong kasarian ay imposible sa dahilan ng kanilang natural na pagkakaiba sa lakas at sa ibang mga katangian, kahiman siya ay may kasariang lalaki o babae, samakatuwid siguradong hindi maaaring magkapantay ang dalawang kasarian. Ang Dakilang Allah ay nagabi:

***"At sa mga bagay ay lumikha Kami ng pares, upang inyong magunita (ang biyaya ng Allah)".*** **(Qur'an 51:49)**

Kahit na ang mga atomo ay may dalawang katangian iniulat, na mayroong pagkakaugnay at kapupunan na tungkuling ginaganap ang positibo at negatibong *'particles & ions'*, ngunit ang bawat isa ay mga mahalagang bahagi ng buong sistema na tinatawag na *'binary basis of life'*. Lahat ng mga nabubuhay na bagay ay mayroong lalaki at babaeng kasarian upang magka-anak. Gaya ng katuruan sa siyensya ng biolohiya, lahat ng hayop na nagpapasuso ay may parehong katangian sa anyo ng kanilang glandula at maliliit na parte (*molecular & glandular structures*) na siyang

nagpapakilala ng kasarian ng bawat isa. Ang mga batayang pangpisikal, pangkaisipan at pangsekswal na katangian ay mayroong mga tiyak na epekto sa ibang yugto ng buhay.

Likas sa isang lalaki na kailangan niya na maghanap ng kasiyahan sa babae at gayon din ang babae sa lalaki, dahil sila ay nilikha… ang isa mula sa isa (lalaki) at para sa isa't-isa. Sila ay di-mapaghihiwalay at naitakda sa bawat isa. Ni hindi sila makakita ng kaligayahan kung hindi kasama ang bawa't isa sa pamamagitan ng legal at marangal na pag-aasawa, gaya ng sinabi ng Allah (ﷻ) sa Kanyang Dakilang Aklat:

> ***"O Sangkatauhan! Aming nilikha kayo mula sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayo sa maraming bansa at mga tribo upang mangakilala ninyo ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay yaong sumasampalataya na may Taqwa (kabanalan at kabutihan) at pinakamamahal ang Allah (lagi ng nag-aalaala sa Allah). Katotohanang ang Allah ay Tigib ng kaalaman at Lubos na nakababatid ng lahat ng bagay."*** **(Qur'an 49:13)**

Maraming pagkakataon na ang Islam ay nagturing sa mga babae na pantay sa mga lalaki. Ang mga ibang halimbawa ay ilalahad sa ibaba. Sa mga sumusunod na bahagi ng aklat ay palalawakin namin ang mga paksa sa iba't ibang pakahulugan hanggang sa dulo ng aklat na ito.

**1)** Ang lalaki at ang babae ay pantay sa larangan ng kanilang pagkatao. Ang Islam ay hindi kina-kategorya ang mga kababaihan, gaya halimbawa, bilang pinagmulan ng kasamaan sa mundo, at bilang 'pinagmulan ng kasalanan' na siyang dahilan kung bakit si Adan (عليه السلام) ay pinalabas sa Paraiso, o siyang sanhi sa kasamaan sa buong mundo sa pagpapakawala ng lahat ng uri ng bisyo at mga masasamang pinagkabihasnan, katulad ng mga doktrina

at mga pabulang katuruan ng mga ibang relihiyon. Ang Makapangyarihan at Dakilang Allah ay nagsabi;

> ***"O Sangkatuhan! Pangambahan (ninyo) ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adam), at mula sa kanya (Adam) nilikha Niya ang kanyang asawa (Eba), at mula sa kanilang dalawa ay nilikha Niya ang maraming lalaki at babae…"*** **(Qur'an 4:1)**

Sinabi rin ng Dakilang Allah:

> ***"Inaakala ba ng tao na siya ay pababayaan at kakalimutan na hindi parurusahan o hindi na gagantimpalaan sa kanyang mga itinakdang tungkulan na itinagubilin sa kanya ng kanyang Panginoon (Allah)? Hindi baga siya ay isang Nutfah (magkahalong semilya ng lalaki at babae) na ibinuhos? At pagkatapos, siya ay naging Alaqa (namuo sa paglaki) at binigyan siya ng Allah ng hugis at anyo, at ginawa siya sa dalawang kasarian, lalaki at babae. Hindi baga Siya (Allah) na lumalang sa kanya (sa unang paglikha) ay makapagpanumbalik ng buhay sa mga patay?*** **(Qur'an 75:36-40)**

Inilarawan ng Dakilang Allah sa mga talata na nilikha Niya ang parehong kasarian mula sa isang pinagmulan. Walang pagkakaiba ang dalawang kasarian sa larangan ng kanilang katangian bilang tao, at ang bawa't isa ay kapupunan ng isa dahil ang dalawang kasariang ito ay magka-uri. Pinawi at pinawalang-bisa ng Islam ang mga naunang batas na di-makatuwirang nagpapababa sa katangian at uri ng mga kababaihan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***"Katotohanan, ang mga babae ay kakambal na kapatid ng mga lalaki."*** **[Abu Da`wood, Tirmidhi, at atbp. at pinatotohanan)**

2) Magkapareho ang tungkulin at mga rituals na kinakailangan ng relihiyon mula sa mga lalaki at mga babae. Ang Dalawang Panunumpa sa Pananampalataya *(Shahaadah)*, ang Pagdarasal *(Salah)*, ang Kawanggawa *(Zakah)*, ang Pag-aayuno *(Saum)*, ang Paglalakbay sa Makkah *(Hajj)*… ang mga ito ay iniuutos sa parehong kasarihan. Sa mga ibang pagkakataon, ang mga kinakailangan sa mga kababaihan ay medyo magaan upang magpabawa sa mga natatanging kahirapan. Halimbawa, kung ating isaalang-alang ang kanilang kalusugan at ang kondisyon ng pangangatawan, sa kanilang buwanang regla o ang pagdurugo sa panganganak at sa kanilang pagpapagaling, ay nagpapawalang sala ang mga ito sa kanilang pagliban sa pagdarasal at pag-aayuno. Ang babae ay inuutusan na magbayad sa mga araw ng kanyang pagliban sa pag-aayuno dahil sa buwanang regla o pagdurugo pagkatapos ang panganganak, ngunit hindi siya magbabayad sa pagliban niya sa pagdarasal.

Si Sheikh **Muhammad Mutawali ash-Sha'rawi** (رضي الله عنه) ay nagsabi:

***"Mula sa pasimula ng paglikha, ang lalaki ay nakilala na ang kaibahan at di-pagkatulad sa mga babae. Ang isa ay kapupunan ng iba. Batay dito kami ay naniniwala na ang ganap na pagbabahagi ng terminong kasarian ay tunay na nagpapakilala na may dalawang magkaibang misyon sa buhay, kung hindi, ang magkaibang dalawang kasarian ay hindi na kailangan pa. Ito ay palatandaan na ang bawa't kasarian ay may***

*kanya-kanyang katangian. Madali nating makilala ang pagkakaiba ng araw at gabi, kahima't pareho silang tumutulong sa atin upang malaman ang tunay na pinagbabatayang oras o panahon. Ang araw ay nagbibigay sa atin ng kakayahan upang makapaghanap-buhay para sa ating pang-araw-araw na pagkain, at ang gabi ay nagbibigay sa atin ng katahimikan at kapayapaan upang makapagpahinga. Sa ganitong uri ng pagkakaiba, ay tuwirang katulad ng kalagayan ng araw at gabi. Mayroong mga ibang bagay na kinakailangan lamang mula sa lalaki, batay sa likas na paghahanda. Katulad din namang may mga bagay na kailangan lamang mula sa babae, batay sa kanyang likas na paghahanda. Bagama't sila ay parehong tao na may maraming taglay na pangkaraniwan o parehong katangian".*

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

*"Ang mga lalaki at mga babaeng sumasampalataya ay mga Auliya (tagapagtangkilik, tagapangalaga, kapanalig,) sa isa't isa, sila ay nagtatagubilin ng Al-Ma'ruf (lahat ng kabutihang ipinag-uutos ng Islam) at nagbabawal sa Al-Munkar (paglabag sa lahat ng ipinagbabawal ng Islam); sila ay nag-aalay ng kanilang Salah (takdang pagdarasal ng mahinusay); at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at sumusunod sa Allah at sa Kanyang Sugo. Ang Allah ay magkakaloob ng Kanyang Habag sa kanila. Katotohanang ang Allah ay Sukdol ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan."* **(Qur'an 9:71)**

**3)** Ang mga lalaki at mga babae ay parehong magkakamit ng gantimpala sa kanilang pagtupad at mayroong

kaparusahan sa hindi pagsunod dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay isang sumasampalataya (sa Kaisahan ng Allah), katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang isang mabuting buhay (sa mundong ito) at katiyakan na Aming babayaran sila ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam sa kanilang ginawa (ang Paraiso sa Kabilang Buhay)."*** **(Qur'an 16:97)**

At sinabi rin ng Dakilang Allah:

***"Katiyakan, ang mga lalaking nagpapasakop at ang mga babaeng nagpapasakop, ang mga sumasampalatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae, ang mga masunuring lalaki at mga masunuring babae, ang mga matatapat na lalaki at mga matatapat na babae, ang mga matitiyagang lalaki at mga matitiyagang babae, ang mga mababang-loob na lalaki at mga mababang-loob na babae, ang mga mapagkawanggawang lalaki at mga mapagkawanggawang babae, ang mga mapag-ayunong lalaki at mga mapag-ayunong babae, ang mga lalaki na nangangalaga sa kanilang maselang bahagi ng katawan at mga babae na nangangalaga sa kanilang maselang bahagi ng katawan, at ang mga lalaki na lagi ng nag-aalaala sa Allah at mga babae na lagi ng nag-aalaala sa Allah, sa kanila ay inihanda ng Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala."*** **(Qur'an 33:35)**

4) Ang mga kababaihan ay parehong may moral na tungkulin at sila ay may parehong karapatan kagaya ng mga kalalakihan sa pangkalahatang karapatan katulad ng pangangalaga ng kanilang kapurihan, dangal at respeto atbp. Walang dalawang pamantayan ang tinatanggap o

pinapayagan. Kagaya halimbawa, silang mga nagparatang ng mali sa babaing malinis ng pangangalunya at pakikiapid ay mapaparusahan hayagan (sa publiko), katulad ng pang-insulto sa isang lalaki.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

*"**At sila na nagpaparatang (ng pakikiapid) sa malilinis na babae, at hindi makapagtanghal ng apat na saksi, hagupitin sila ng walumpung hampas, at huwag tanggapin mula sa kanila ang kanilang pagsaksi kahit na kailan, katotohanang sila ay Fasiqun (mga sinungaling, palasuway, mapaghimagsik sa Allah).**"* **(Qur'an 24:4)**

5) Ang kababaihan ay pantay na may kakayahan at pinahihintulutang mangalakal kaugnay sa pananalaping kalakalan at pagmamay-ari ng mga ari-arian. Batay sa batas ng Islam, ang mga babae ay maaaring magmay-ari, bumili, magtinda at magsagawa ng pananalaping kalakalan na hindi na kailangan ang katiwala, at walang panghihigpit at pagtatakda, isang kalagayan na hindi pa nangyari sa mga ibang pamayanan hanggang sa nitong modernong panahon.

**6)** Sa Islam, bilang palatandaan na ang isang lalaki ay mayroong kabutihan, mabait at makatwiran kung ginagalang at nirerespeto niya ang pakikipag-ugnayan sa kababaihan ng may katarungan at kung kinakailangan, subalit ang isang lalaki na malupit sa mga babae ay isang hindi mabuti at hindi kagalang-galang na lalaki. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***"Ang tunay na mananampalataya ay siya na may pinakamabuting pag-uugali, at ang pinaka-mabuting sa inyo ay ang pinakamabuti sa kanyang asawa."*** **(Tirmidhi at napatotohanan)**

7) Binibigyan ng parehong karapatan ng Islam ang mga babae kagaya ng karapatan ng mga lalaki sa paghahanap ng karunungan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***"Ang paghahanap ng karunungan ay sapilitan sa bawat Muslim (lalaki at babae)."*** **(Ibn Majah at al-Baihaqi at napatotohanan)**

Ang mga Paham na Muslim ay nagkasundong lahat na ang salitang 'Muslim' kung ito ay ginagamit sa mga ipinahayag na banal na kasulatan ay saklaw pareho ang lalaki at babae. Kaya't ibinibigay ng Islam sa kababaihan ang parehong karapatan sa pag-aaral (kagaya ng mga lalaki) upang maintindihan ang ubligasyong pang-relihiyon at panlipunan at kinakailangan nilang palakihin ang kanilang mga anak sa pinakamabuting paraan, nang ayon sa tamang alituntunin at pag-aaral sa Islam. Tunay na ang mga babae ay may tiyak na tungkulin sa pagpapalaki ng kanilang mga anak na katumbas ng kanilang abilidad at ang mga lalaki ay mayroong kaganapang ubligasyon sa pananalapi, pangalagaan at magpanatili ng ayon sa kanilang tungkulin sa buong pamilya. Samakatuwid dahil sa malaking ubligasyon at katayuan ng lalaki bilang padre de pamilya, siya ang nagdadala ng pasanin sa buong responsibilidad kaya naman mabibigyan din siya ng malaking gantimpala.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***"Sinuman ang mayroong tatlong anak na babae at sila ay pinalaki bilang mabubuting mga anak at ipinakasal, at pinakitunguhan sila nang pinakamabuting pag-uugali, siya ay gagantimpalaan ng Paraiso."*** **(Ahmad at Ibn Habban at napatotohanan)**

Tungkol sa mga babaeng alipin, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***"Kung sinuman ang mayroong batang babae*** *(na nasa kanyang pamamahala bilang alipin),* ***at sinanay sa pinakamagandang pag-uugali, tinuruan ng mabuti, at pinalaya at pinakasalan niya, ay magkakaroon ng dobleng gantimpala."*** **(Bukhari, Muslim atbp.)**

**8)** Ang mga lalaki at babae ay mayroong parehong tungkulin at pananagutan upang pagsikapang mabago at maiwasto ang pamayanan sa pinakamabuti nilang kakayahan. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay inaako ang tungkuling magtagubilin ng mabuti at ipagbawal ang kasamaan, katulad ng sinabi ng Dakilang Allah sa Qur'an**:**

***"Ang mga lalaki at mga babaeng sumasampalataya ay mga Auliya (tagapagtangkilik, kapanalig, tagapangalaga) sa isa't isa, sila ay nagtatagubilin ng Al-Ma'ruf ( lahat ng kabutihan ipinag-uutos ng Islam) at nagbabawal sa Al-Munkar (paglabag sa lahat ng ipinagbabawal ng Islam); sila ay nag-aalay ng kanilang Salah (takdang pagdarasal ng mahinusay); at nagbibigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa) at sumusunod sa Allah at sa Kanyang Sugo. Ang Allah ay magkakaloob ng Kanyang Habag sa kanila. Katotohanang ang Allah ay Sukdol ng Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan."*** **(Qur'an 9:71)**

9) Ang mga lalaki at mga babae ay itinalaga at nagtakda ng karapatan upang makatanggap ng makatarungang bahagi ng kayaman, kagaya ng sapilitang pagbibigay ng Zakah (kawanggawa) sang-ayon sa itinalagang pagsusuri. Lahat ng mga paham na Muslim ay sang-ayong sa ganitong pagkwenta. Ang mga kababaihan ay may naitalagang pamana sa kanila, na aming ipapaliwanag ng detalye sa

bandang huli, na ito ay isang karapatan na hindi maisip o matanggap ng ibang pamayanan.

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

***"Sa mga kalalakihan ay mayroong natatanging bahagi sa anumang naiwan na kayamanan ng mga magulang at malalapit na kamag-anak (na yumao) at sa mga kababaihan ay mayroon ding natatanging bahagi sa anumang naiwan na kayamanan ng mga magulang at malalapit na kamag-anak (na yumao) kahima't ang ari-arian ay maliit o malaki; (ito ay) isang nakalaan na ubligasyon na bahagi."*** **(Qur'an 4:7)**

**10)** Ang babae, katulad ng isang lalaki, ay maaaring magbigay ng karapatang hinahanap na kanlungan at kaligtasan ng mga ibang Muslims (o ibang tao). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At sinuman sa Mushrikun (mapagsamba sa maraming diyus-diyosan) ang humingi ng tulong ng iyong pangangalaga, kung gayon gawaran siya ng pangangalaga upang kanyang marinig ang Salita ng Allah, iyong samahan siya sa lugar na siya ay magiging ligtas…"*** **(Quran 9:6)**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"…ang pamamaraan ng pangangalaga sa mga Muslim ay iisa, at ang pinakamaliit sa mga ito ay makapagbigay ng pagkalinga; at kung sinuman ang umagaw sa karapatan ng isang Muslim, magkagayon ang galit ng Dakilang Allah at ng Kanyang mga Anghel at ng lahat ng mga tao ay mapapasakanya, at hindi tatanggapin ang kanyang pagsisisi o ang anumang pantubos mula sa kanya…"*** **(*Bukhari*)**

Ito ay pinatunayan ng isang tanyag na istorya ni **Um Hani**(﵂) ('Ina ni Hani') nang siya ay nagbigay ng pangangalaga sa isang taong sumasamba sa maraming Diyos (Polytheist) na humingi ng kanlungan mula sa kanya sa Araw ng pananakop sa *Makkah* pagkaraang tinangka siyang patayin ng kanyang kamag-anak (dahil sa nakaraang alitan) kaya ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Tayo ay nangangalaga at nagbibigay ng ampunan sa mga gusto mong pangalagaan at bigyan ng kanlungan O Um Hani."*** **(Bukhari)**

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga karapatan. Ang mga sumusunod na paglalahad ay mga halimbawa na binuod sa paraang maipakita ang pang-unawa sa malawak na uri ng Islamikong pambabatas.

## Ang mga Babae bilang Sanggol, mga Bata at mga Anak

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an tungkol sa pangangailangan at kahalagahan ng pag-iingat at pangangalaga ng mga bagong panganak na sanggol, na siyang pinaka-unang karapatan ng isang bata.

> ***"At huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pangamba ng kahirapan. Kami ang magkakaloob sa kanila at sa inyo ng ikabubuhay. Katotohanan, ang pagpatay sa kanila ay isang malaking kasalanan."*** **(Qur'an 17:31)**

Ang pagpapalaglag ng bilig at pagpatay sa mga bata kahit na sa anumang dahilan ay ang pinakamalaking kasalanan, na may pinakamahigpit na parusa ng Allah (ﷻ) at ng Islamikong Batas. Ipinag-uutos ng Islam sa mga magulang na bigyan ng magagandang pangalan ang kanilang mga anak, pangalagaan ng mabuti, ipagkaloob ang lahat ng kanilang pangangailangan, sustentuhan ng sapat at makatuwiran ayon sa hanap-buhay ng magulang at tiyakin ang kagandahang-asal, kagalang-galang at marangal na buhay para sa kanila.

Ang isang pinatunayang tradisyon ng Sugo (ﷺ) ay inilahad:

> ***"Tunay na ipinagbabawal ng Allah sa inyo ang sumuway at walang utang-na-loob sa inyong mga Ina o kaya ilibing ng buhay ang inyong mga anak na babae…"*** **(Bukhari)**

Kaya't mayroong silang karapatan sa perang pantubos (blood money) kung sila ay napatay, kagaya ng inilahad ni Aishah (رضي الله عنها):

*"Dalawang babae mula sa tribo ng 'Huthail' ang nag-away at binato ng bato ang isa at napatay at pati na ang kanyang dinadala, kaya't ang Propeta (ﷺ) ay nagpasiya (humatol) na ang kabayaran ng batang namatay sa loob ng tiyan ay isang lalaki o babaeng alipin, at ang kabayaran ng babae ay 100 babaeng kamelyo na babayaran ng kanyang katribo."* **(Bukhari & Muslim)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

*"Ang mga ina ay dapat magpasuso sa kanilang mga anak sa loob ng dalawang taon, sa sinumang magulang na nagnanais na ganapin ang nakatakdang panahon ng pagpapasuso, datapwa't ang ama ng bata ang siyang mananagot sa halaga ng pagkain at kasuutan ng ina (na nagpapasuso) sa makatuwirang paraan…"* **(Qur'an 2:233)**

Ang pagmamamahal at pangangalaga sa mga anak at ang tagapag-alaga ay siyang pinakamahalagang karapatan pagkatapos ng karapatan sa pagpapasuso (ng gatas) ng ina. Ang ina ay nararapat sa pag-iingat sa bata, mga anak na lalaki at babae sa kanilang murang gulang sa buhay, sa pagitan ng isa at labing-tatlo o labing-apat na taon. Ito ay iminumungkahi lalo na sa mga kaso ng diborsyo dahil sa masidhing di-pagkakaunawaan ng mga magulang. Ang Islam ay binibigyan ng karapatan ang ina sa pag-iingat sa bata sa panahon ng kanyang kamusmusan, sapagka't ang ina ay kadalasan higit na mapagmahal at labis na maalalahanin sa pangangailangan ng bata. Si '**Amr bin Shu**'**aib** ay nag-ulat na ang isang babae ay pumunta sa Propeta (ﷺ) at nagsumbong laban sa kanyang asawa at sinabi:

*"Pinangalagaan ko ang aking anak sa aking sinapunpunan, pinalaki ko sa pamamagitan ng pagpapasuso sa akin, kinakarga ko sa mahabang*

***panahon. Ngayon ang ama ay diniborsyo ako at nais ilayo sa akin ang aking anak? Ang Propeta ay nagsabi: 'Karapatan mong panatiliin ang iyong anak sa ilalim ng iyong pangangalaga hanggang hindi ka nag-aasawa."*** **(Abu Da`wood atbp. at napatotohanan)**

Si Abu-Bakr (ﷺ), ang napatnubayang unang makatarungan pinatnubayang Kalipa ay nagpasiya ng hatol sa panig ng ina ni Asim (ﷺ), noong siya ay diniborsyo ni Umar bin Al-Khattab (ﷺ) na siyang naging pangalawang Kalipa. Si Abu-Bakr (ﷺ) ay nag-ulat:

***"Ang amoy niya (ng ina), ang pang-amoy niya sa kanyang anak at ang kanyang kabaitan ay higit na mabuti para sa kanya (bata) kaysa sa iyo."***

Ang mga magulang ay inuutusan na pakitunguhan ang lahat ng kanilang mga anak ng may habag at awa. Si **Abu Hurairah** (ﷺ) ay naglahad:

*Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hinalikan si Hasan ibn Ali (ang kanyang apo) sa harap ni Aqra ibn Habis at-Tameemi na nagsabi, '**Mayroon akong sampung anak at ni minsan ay hindi ko pa hinalikan kahit na ang isa sa kanila**'. Tiningnan siya ng Propeta (ﷺ) at sumagot: '**Kung sinuman ang walang awa siya ay hindi makakatanggap ng habag**'."* **(Bukhari atbp.)**

Ang batas ng Islam ay nag-uutos sa magulang na palakihin ang kanilang mga anak sa pinakamahusay na pamamaraan lalo na ang mga pangangailangan ng mga babae.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi rin:

***"Sinuman ang nagtaguyod sa dalawang babae hanggang sa kanilang ganap na gulang, siya at ako ay lalabas sa Araw ng Pagbabangon Muli na ganito."*** *Ang Sugo ng*

*Allah (ﷺ) ay ipinagdikit ang kanyang mga daliri upang ilarawan ang sinabi.* **(Muslim)**

At sinabi din niya (ﷺ):

***"Siya na mayroong anak na tatlong babae at kanya itong pinagtiisan, pinakain, binihisan ayon sa kanyang hanap-buhay, nagpakita ng mabuting pakikitungo, sila ay magiging sanggalang niya (bilang proteksyon) sa apoy (Impiyerno) sa Araw ng Pagbabayad."* (*Ibn Majah* at napatotohanan)**

Ang batas ng Islam ay nag-uutos sa mga magulang na palakihin ang kanilang mga anak sa pinakamahusay na pamamaraan at ibigay sa kanila ang wasto at mabuting edukasyon. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Sapat na magkasala ang isang tao sa kanyang pagpapabaya sa tungkuling dapat niyang pangalagaan (tuparin)."*** **(Muslim atbp.)**

Si Ibn Umar (رضي الله عنه) ay nag-ulat na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

***"Bawa't isa sa inyo ay pastol (tagapangalaga) at bawa't isa sa inyo ay may pananagutan sa mga ipinagkatiwala sa kanya. Ang namumuno (lider) ay pastol at siya ay may pananagutan sa kanyang mga tagasunod. Ang lalaki ay pastol sa kanyang pamilya at siya ay may pananagutan sa kanila. Ang babae ay pastol sa tahanan ng kanyang asawa at siya ay may pananagutan sa mga ipinagkatiwala sa kanya. Ang alila (katulong) ay pastol sa mga pag-aari ng kanyang amo at siya ay may pananagutan sa mga ipinagkatiwala sa kanya. Bawa't isa sa inyo ay pastol at bawa't isa sa inyo ay may pananagutan sa anumang ipinagkatiwala sa kanya."*** **(Bukhari, Muslim atbp.)**

Ang Islam ay nag-uutos na ang katarungan sa malawak na kahulugan nito ay nararapat ipatupad sa lahat ng mga bata maging ito ay lalaki o babae. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

***"Katotohanan, ang Allah ay nagtatagubilin ng katarungan at mabuting asal, at nagbibigay tulong sa mga kamag-anak, at nagbabawal ng lahat ng mga masasamang gawa (katulad ng bawal na pakikipagtalik, pagsuway sa magulang, pagsamba sa mga diyus-diyosan, pagsisinungaling, pagsaksi ng walang katotohanan, pang-aapi, pagpatay at lahat ng uri ng kasamaan). Kanyang pinaaalalahanan kayo, upang kayo ay makaalaala (makinig at sumunod)."*** **(Qur'an 16:90)**

Si **Aishah** (رضي الله عنها), ang asawa ng Propeta (ﷺ) at ang Ina ng mga mananampalataya ay nagsabi:

***'Isang babaeng mahirap ang dumating sa aking pintuan na may kasamang dalawang batang babae. Binigyan ko ang babae ng tatlong datiles (dahil walang ibang maibibigay). Binigyan ng babae and dalawang bata na tig-iisang datiles, at ang pangatlong datiles ay kanyang isinubo upang kainin. Nang ang kanyang dalawang anak ay muling humingi, iniluwa ng babae ang datiles mula sa kanyang bibig at hinati sa dalawa at ibinigay sa dalawang bata. Hinangaan ko ang ginawa ng babae at aking isinalaysay sa Sugo ng Allah (ﷺ) at nagsabi': "Katotohanan, ang paraiso ay ginawang pirmihang tirahan para sa babae dahil sa kanyang ginawa (pagsasakripisyo) o 'pinalaya siya mula sa Impiyerno dahil sa kanyang ginawa."***

At sa ibang pinatunayang salaysay sinabi niya (ﷺ) sa huli:

***"Sinuman ang binigyan ng pagsubok sa pag-aalaga ng kanyang mga anak na babae, sila ay magiging pananggalang niya mula sa Impiyerno."*** **(Bukhari atbp.)**

Ang Islam ay nanawagan para sa pang material at makatarungang damdamin at pantay na pakikitungo ng magulang sa mga anak, maging anuman ang kanilang kasarian (lalaki man o babae). Ang lalaking anak ay hindi binibigyan ng higit na pagtatangi kaysa sa babaeng anak o gayon din naman ang babae ay bibigyan ng higit na pagtatangi kaysa sa lalaking anak. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa isa sa kanyang mga kasamahan na nagbigay ng regalo sa isang anak lamang.

***"Binigyan mo bang lahat ang iyong mga anak ng ganito?" Siya ay sumagot; 'Hindi': Ang Propeta ay nagsabi: 'Matakot ka sa Allah at maging makatarungan ka sa lahat ng iyong mga anak."*** **(Muslim)**

Binibigyan diin ng Islam ang kahalagahan ng pangangalaga sa mga ulila. Ang pagiging ulila ay nagbubunga ng di maganda sa kaisipan, ispiritwal at emosyonal na kalagayan ng mga bata. Ang ganitong kalagayan ay maaaring magdala sa bata sa gawaing masama lalo na kung nabubuhay siya sa isang lipunan na hindi nagbibigay ng nararapat na pangangalaga at pangangailangan sa bata at dapat na maging mabait at maawain sa kanya.

Binibigyang pansin ng Islam ang pangangalaga sa mga ulila, lalaki man o babae. Nagpapayo ang Islam sa mga malalapit na kamag-anak ng ulila na bigyang pansin at pangalagaan ito. Kung sila ay walang kamag-anak, tungkulin ng Islamikong pamayanan na pangalagaan, isaayos ang pamumuhay nito at pagkalooban ng tamang pangangalaga. Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"Samakatuwid, huwag mong turingan ang mga ulila ng may pang-aapi."*** **(Qur'an 93:9)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi rin sa Banal na Qur'an:

***"Katotohanan, ang mga kumakamkam ng mga ari-arian ng mga ulila ng walang katarungan ay kumakain ng apoy sa kanilang tiyan; hindi magtatagal, sila ay magbabata sa naglalagablab na Apoy!"*** **(Qur'an 4:10)**

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Katotohanan na aking ipinahahayag na isang malaking kasalanan ang manghamak at gumawa ng di-makatarungan at sirain ang karapatan ng dalawang mahihinang tao: ang ulila at ang babae."*** **(Hakim at Tabarani)**

Sa salaysay na ito, ang Propeta ay nagbigay ng hudyat na malaking kasalanan sa sinumang gumawa ng pananakit o di-makatarungan sa dalawa, na sila, sang-ayon sa kanilang likas na kahinahan sa lipunan, ay hindi inaasikaso at itinatatwa ang kanilang mga karapatan.

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Iwasan ang pitong mabibigat na kasalanan na maaaring maging sanhi ng pagkawasak.'*** *Ang mga Sahaba (kasamahan ng Propeta) ay nagtanong:* ***'O Propeta ng Allah! Ano ang mga kasalanang ito?'*** *Siya ay nagsabi:* ***'Ang magbigay ng katambal sa pagsamba sa Allah, pagsasagawa ng mahika (pangungulam), ang pumatay ng tao nang walang katarungan, ang makipag-ugnay sa patubuan, ang angkinin ang yaman ng mga ulila, ang tumalikod sa pakikipagdigmaan, at ang magparatang ng pangangalunya sa mga inosente at malinis na babaeng mananampalataya."*** **(Bukhari atbp.)**

Maraming mga salaysay ang Propeta ang naitala na nag-aanyaya sa mga Muslim na mag-ampon ng mga ulila, pangalagaan ang mga ito, maging mabait sa kanila at

magpakita ng pagmamahal at maging magiliw sa kanila. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> *"**Ako at ang nag-ampon na ulila ay katulad nitong dalawa sa Paraiso.**" Pagkaraan itinaas niya ang kanyang hintuturo at ang kanyang gitnang daliri (magkadikit).* **(Bukhari atbp.)**

Siya (ﷺ) rin ay nagsabi:

> *"**Sinumang humaplos sa buhok ng isang ulila at ang ginawang ito ay para lamang sa Allah** (nang may tunay na pagmamahal at awa), **ito ay itatala ng Allah bilang mabuting gawa batay sa bilang ng buhok na hinaplos ng kamay niya sa ulo ng ulila, at kung ang gumawa ng mabuti sa ulila na siya ang tumayong tagapangalaga, ako ay makakasama niya sa Paraiso ng ganito..**" Pagkaraan itinaas niya ang kanyang hintuturo at ang kanyang gitnang daliri na magkadikit.* (**Tirmidhi**)

Ang Islam ay nag-uukol din ng pansin sa mga batang hindi lehitimo. Sa pagkakasala ng iba, sila ay iniwan at hindi kinilala ng kanilang mga magulang. Ang Islamikong pamahalaan ay inatasang pangalagaan ang mga batang ito, katulad ng pangangalaga sa ibang mga ulila upang sa ganoon sila ay maging normal at kapakipakinabang na miyembro ng lipunan (sa kagustuhan ng Allah). Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi bilang pangkalahatang kapasiyahan sa kagandahang-loob:

> *"**...mayroong kang gantimpala** (sa pagsasagawa ng kabutihan) **para sa lahat ng nabubuhay.**"* **(Bukhari atbp.)**

Sakop ng kapangyarihan at patakaran ng Islam ang pag-uutos sa mga ama (o tagapangalaga) na isaalang-alang ang opinyon ng kanilang mga anak na babae kung tungkol sa

pag-aasawa, dahil ang kanyang opinyon ay mahalagang batayan para sa kaganapan ng kasal. Siya ay malaya sa pamimilit, at maaari niyang tanggapin ang tao o tanggihan ang mungkahi sa kasal. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang diborsiyada o ang biyuda ay hindi dapat ikasal kung wala siyang pahintulot at ang birheng babae ay hindi dapat ipasok sa pagpapakasal hanggang hindi siya nagbibigay ng pahintulot.*** *Tinanong ang Propeta: '**Papano malalaman kung siya ay pumayag O Sugo ng Allah?**' Siya ay sumagot: '**Kung siya ay nanatiling tahimik** (dahil sa kanyang pagkamahiyain, ngunit hindi palatandaan bilang pagtutol).* **(Bukhari atbp.)**

Si **Imam Ahmad** at ang iba ay naglahad na si '**Aishah** (رضي الله عنها) ay nagsabi: Isang babae ang lumapit sa Sugo ng Allah (ﷺ) at sinabi:

> ***"O, Propeta ng Allah! Ang aking ama ay inihandog ako bilang asawa sa kanyang pamangkin upang ang kanyang kalagayan ay makilala sa lipunan."*** *Ang Propeta ng Allah ay ibinalik ang usapan sa mga kamay ng babae, kung tatanggapin at sumang-ayon sa pagpapakasal o tatanggihan. Ang babae ay nagsabi:* ***"Aking pinahihintulutan kung ano ang ginawa ng aking ama ngunit nais ko lamang ipaalam sa ibang kababaihan na ang kanilang mga ama ay walang karapatan sa ganito*** *(pilitin ang kanilang anak na magpakasal sa sinumang naisin nila)."*

Sapagka't ang kanilang mga anak na babae ay mahalaga, gaya ng naiulat sa tradisyon ng Sugo ng Allah (ﷺ) na pinatunayan:

***"Huwag ninyong pilitin ang inyong mga anak na babae at ang mga kababaihan sapagka't sila ay mahalaga at kalugod-lugod na kasama."*** **(Ahmed at napatotohanan)**

## Ang mga Babae bilang Mga Kapatid

Tungkulin ng mga kalalakihan na pakitunguhan ang kanilang mga kapatid na babae ng lubos na pag-iingat at pagmamalasakit para sa kanilang kapakanan, dignidad at paggalang. Kung sa anumang kadahilanan kapag ang ama, mga lolo o mga tiyo ay wala upang ingatan at lingapin ang ina at mga anak, ang pananagutang ito ay nasa kamay ng mga kapatid na lalaki sa pagsapit ng kanilang tamang gulang upang isakatuparan ng lubos sa kanilang kakayahan.

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Sinuman ang mayroong tatlong anak na babae o kapatid na babae at siya ay naging mabait sa mga ito dahil sa takot sa Allah, siya ay makakasama ko sa Paraiso ng ganito."*** *Ipinakita niya ito sa kanyang hintuturo at pangalawang daliri (pinagdaiti).* **(Ahmad atbp. at napatotohanan ng iba)**

## Ang Babae Bilang Asawa

Ang Dakilang Allah, ay nagsabi sa Qur'an:

> ***"At kabilang sa Kanyang mga Tanda; na kayo ay nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kabiyak (asawa) mula sa inyong sarili, upang inyong madama ang katahimikan sa kanila, at inilagay Niya sa inyong puso ang pag-ibig at awa sa isa't isa. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may matiim na pagmumuni-muni."*** **(Qur'an 30:21)**

Isa sa dakilang palatandaan ng Kagandahang-Loob, ng Pagpapala at Kapangyarihan ng Allah (ﷻ) ay ang paglikha niya para sa sangkatauhan ay ang magkapareha (mag-asawa) para sa isa't isa, upang sila ay magkaroon ng kaginhawahan, kapahingahan, kasiyahan at pangangalaga mula sa isa't isa.

Ipinagdiinan ng Propeta (ﷺ) ang kahalagahan ng kasal ng kanyang sinabi at pinatunayan na:

> ***"Sinuman ang nag-asawa ay nakaganap siya sa kalahati ng kanyang relihiyon, kaya't dapat niyang katakutan ang Allah sa nalalabing bahagi."*** **(Tabrani at napatotohanan)**

Isang pangunahing haligi at pundasyon sa lipunan ay ang pamilya, at silang mag-asawa ay ang magkasama sa pamilya na kung saan itinatag ang Islamikong tahanan. Para sa tagumpay ng pamilya at sa katahimikan ng tahanan, itinakda ng Islam sa mag-asawa ang kanilang tungkulin at karapatan. Ilalahad namin ang mga karapatan ng babae sa mga sumusunod na pahina.

**Ang Mahar (Dote o Handog):** Ang Mahar ay isang karapatan ng bawa't babae sa oras ng kasal. Ang kasunduan sa kasal ay hindi ituturing na legal at maging ganap hanggang sa ang

Mahar ay hindi tiyak o sinasang-ayunan. Ang karapatang ito ay hindi maaaring alisin o mawala, kahit pa sang-ayunan ng babaing ikakasal, hanggang sa maganap ang kasunduan. Ang Mahar ay para sa babaeng ikakasal at siya ay mayroong karapatan kung ano man ang kanyang gawin sa kanyang mga ari-arian pagkaraang maganap ang kasunduan sa kasal. Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Qur'an:

***"At ibigay sa kababaihan na inyong mapapangasawa ang kanilang Mahr (dote) ng may pagmamahal. Datapwa't kung kanilang ipaubaya nang lubusan sa inyo ang anumang bahagi nito, kung gayon, tanggapin ninyo ito ng buong kasiyahan at walang pangamba o kinatatakutan."*** **(Qur'an 4:4)**

Ang asawang lalaki ay hindi pinapahintulutang bawiing muli ang Mahar kung siya ay nagpasiyang magdiborsyo, gaya ng sinabi ng Dakilang Allah sa Banal na Qur'an:

***"Datapwa't kung inyong ninanais na palitan ng iba ang inyong kabiyak na babae at kayo ay nagbigay (noon) sa isa sa kanila ng malaking yaman bilang Mahr (dote), huwag ninyong bawiin kahit na ang pinakamaliit nito. Inyo baga itong babawiin ng may kamalian at walang karapatan, at (kayo) ay gagawa ng lantad na kasalanan? At papaano ninyo ito babawiin kung kayong dalawa ay nagsiping na sa isa't isa, at sila ay kumuha sa inyo nang matatag at taimtim na kasunduan?"*** *(legal na kasal…)* **(Qur'an 4:20-21)**

Ang talata na ito ay palatandaan, isang makahulugan, sa pagka-sagrado ng pangako sa kasal at ang pagka-palagayan loob ng ugnayan ng ikinasal at ang karapatang hindi ibabalik ang ibinigay na mahar kung may diborsyo. Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"O kayong nagsisisampalataya! Kayo ay pinagbawalan na inyong ariin ang mga babae nang sapilitan at sila ay huwag ninyong pakitunguhan ng may kagaspangan upang inyong mabawi ang bahagi ng Mahr (dote) na inyong ipinagkaloob sa kanila, maliban na lamang kung sila ay nagkasala ng lantad na kahalayan (pakikiapid). At kayo ay mamuhay sa kanilang piling ng may dangal. At kung sila ay inyong kasuyaan, marahil ay nasusuya kayo sa isang bagay, at ang Allah ay maghahatid sa inyo sa pamamagitan nito ng maraming kabutihan."*** **(Qur'an 4:19)**

Ang talatang ito ay nagbibigay katiyakan sa karapatan ng babae at lubos na katarungan kung sakaling inayawan siya ng lalaki sa anumang dahilan. Ito ay inilahad sa pinatunayang tradisyon ng Propeta na sinabi ni **Abu Hurairah** (ﷺ) na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Ang mananampalataya ay hindi dapat kapootan ang babaeng mananampalataya (i.e.: ang kanyang asawa): kung mayroong mga bagay na hindi nais ng lalaking asawa, katiyakan na mayroong din pagnanais sa ibang katangian nito."*** **(Bukhari)**

**Ang Pagtustos sa Pananalapi:** Ang lalaki ay nararapat magbigay ng marangal at sapat na pagkabuhay ng kanyang pamilya at ayon sa kanyang kalagayan at hanap-buhay (kinikita). Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Hayaan ang lalaki na may kakayahan ay gumugol ng ayon sa kanyang kakayahan, at ang lalaki na ang pinagkukunan (ng kabuhayan) ay sapat-sapat lamang, hayaang gumugol siya ng ayon sa anumang ipinagkaloob sa kanya ng Allah. Ang Allah ay hindi magbibigay ng pasakit o dalahin sa isang tao nang higit sa ipinagkaloob***

***Niya sa kanya. At ang Allah ang magkakaloob, matapos ang kahirapan, ng kaginhawahan."*** **(Qur'an 65:7)**

Kung ang mayamang lalaki ay hindi gumagastos para sa kanyang pamilya ayon sa kanyang kakayahan, at ang asawang babae ay nakakuha ng bahagi ng kanyang yaman… maaari siyang kumuha ng sapat na panggastos sa pangangailangan niya at ng kanyang mga anak na walang nasisira o pag-aaksaya. Si **Hind bint 'Utbah** ay pumunta sa Propeta (ﷺ) na isinusumbong ang kanyang asawang si Abu Sufuyan, at sinabi:

***"Ang aking asawa ay kuripot at ayaw gumastos sa akin at sa aming mga anak. Ang Sugo ng Allah ay sumagot, 'kumuha ka (mag-umit) ng anumang makakasapat sa iyo at sa iyong mga anak."*** **(Bukhari)**

Kung ang asawang lalaki ay may suliraning pananalapi at hindi niya kayang tuparin ang pangangailangang pananalapi ng kanyang pamilya o kung iniwan siya ng kanyang asawa sa mahabang panahon at nasaktan ito ng dahil sa pagkakalayo niya, ang babae ay may karapatang magsampa ng karaingan sa korte upang ipawalang-saysay ang kasal nila. Ito ay batay sa sinabi ng mga dalubhasa sa batas ng Islam. Ang Propeta (ﷺ) ay nagpaliwanag tungkol sa karapatang ito:

***"Matakot sa Allah sa mga (bagay tungkol sa) kababaihan dahil sila ay inyong natamo sa pamamagitan ng panunumpa sa Allah, at sila ay inyong nakapalagayang-loob na at nasipingan dahil sa banal na salita ng Allah; ang inyong karapatan ay dapat walang makakapasok o makakaupo sa inyong kama (o silyang may almuhadon) kung hindi ninyo gusto, at kung ito ay nangyari, magkagayon saktan ninyo nang bahagya, at ang kanilang***

***karapatan ay ang pakainin at bihisan ninyo sila sa loob ng tamang hangganan."*** **(Muslim at Abu Da`wood)**

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi sa kanyang kasamahan na si Sa'ad ibn Abi Waqas (ﷺ):

***"Walang anumang bagay na inyong ginugugol sa inyong pamilya na hindi magagantimpalaan mula sa Allah, kahit na ang isang subo ng pagkain na inyong ibibigay sa inyong asawa."*** **(Bukhari)**

**Katarungan, Pagkapantay-Pantay at Walang-Kinikilingan:** Ang mga lalaking may asawa ng higit sa isa ay nararapat na magsagawa ng katarungan, pagkapantay-pantay at walang kinikilingan sa pakikitungo sa kanilang mga asawa. Nasasakop dito ang panustos, pananamit, pamamahay at ang pagbabahagi ng oras, pagmamalasakit at ang pakikipagtalik. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At kung kayo ay nangangamba na hindi makaganap na maging makatarungan sa mga babaeng ulila, kaya't magsipag-asawa ng ibang kababaihan na inyong mapusuan, (mula sa) dalawa, o tatlo, o apat; datapwa't kung kayo ay nangangamba na kayo ay hindi makaganap na maging makatarungan (sa kanila), kung gayon ay mag-asawa lamang ng isa, o kung ano ang angkin ng inyong kanang kamay (ang inyong bihag o aliping babae). Ito ay higit na mabuti sa inyo upang kayo ay hindi mabulid sa paggawa ng walang katarungan."*** **(Qur'an 4:3)**

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Sinuman ang may dalawang asawa at kinikilingan ang isa ngunit di sinasang-ayunan ang isa (hindi nagbibigay ng pantay na pakikitungo) siya ay darating sa Araw ng***

*Paghuhukom na nalalaglag (paralitiko) ang isang bahagi ng katawan."* **(Tirmidhi, Hakim atbp. at napatotohanan)**

Ito ay nangangahulugan na ang lalaki ay dapat magpakita ng katarungan, walang kinikilingan at pantay sa lahat ng kanyang asawa. Siya ay binabalaan sa parusang katakut-takot na maging paralitiko at ang pagiging kapangitan niya (nalalaglag ang isang bahagi ng katawan) sa Kabilang Buhay, gaya ng paglumpo niya sa karapatan ng isa sa kanyang mga asawa sa mundong ito.

Hindi makatarungan sa isang lalaki na taratuhin ng masama ang kanyang asawa sa kahit na anong uri ng pang-aabuso, pagpapahirap, panggugulo, pang-iinsulto, pananakit, ang paglustay sa kanyang mga yaman, pagpipigil sa paglabas sa tahanan mula sa legal na pagliliwaliw, atbp., na ito ay pagtatangka upang piliting ibayad niya ang lahat ng kanyang mga pag-aari bilang pantubos sa kanyang asawa upang sa ganoon siya ay palalayain sa pamamagitan ng diborsyo.

Pinahihintulutan ng Islamikong batas ang lalaki na magtakda ng panghihigpit sa kanyang asawa kung siya (babae) ay nagpapakita ng malaswang gawain o gumagawa ng nakakahiya at nakarurungis sa kanyang karangalan at ng kanyang pamilya, at nakakasira sa buong lipunan at sa katahimikan nito. Ang layunin ng panghihigpit na ito ay upang manumbalik ang tamang kaasalan. Ang mga babaeng nagpapatuloy sa pagkilos ng kalaswaan, na umaakay sa pag-iisip ng pagsasagawa ng kawalan ng pananampalataya ay dapat alukin ng diborsyo, gaya ng kanyang karapatang humingi ng "Khul'a", ang paghingi ng (babae) ng pagwawalang saysay ng kontrata sa kasal dahil sa masamang asal.

**Ang Pangangalaga at Pag-iingat sa mga Babae:** Ang lalaki ay dapat pangalagaan at ingatan ang kanyang asawa at ang mga anak mula sa posibleng makakasama at kahalayan sa abot ng kanyang makakaya. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"O kayong nagsisisampalataya! Iadya ninyo ang inyong sarili at ang inyong mga kaanak sa Apoy (ng Impiyerno) na ang panggatong ay mga tao at bato, na rito ay nakatalaga ang mga angel na malupit at mahigpit na hindi sumusuway sa pagsunod sa anumang pag-uutos na kanilang tinanggap mula sa Allah, bagkus ay gumagawa ng ayon sa anumang sa kanila ay ipinag-uutos."*** **(Qur'an 66:6)**

Ang lahat ng pangangalaga mula sa kasamaan at kahihiyan na gawain ay kapuri-puri, datapwa't ang pagmamalabis dito ay hindi tinatanggap.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

***"Mayroong mga ibang uri ng pagseselos na kapuri-puri sa Allah at mayroong namang ibang klase na Kanyang kinasusuklaman; ang uring gusto Niya ay ang mga gawaing mayroong pag-aalinlangan, at ang ayaw Niya ay nasa mga gawaing walang anumang pag-aalinlangan."*** **(Ahmad, Abu Da`wood at Nisa`e)**

Ang mga ibang uri ng pagseselos ay tinatanggap at kapuri-puri, subali't ang mga iba ay hindi, katulad ng paliwanag sa itaas ng Propeta ng Allah (ﷺ) at napatotohanan sa salaysay na ito:

***"Katotohanang nagseselos ang Allah at ang mga mananampalataya ay nagseselos din at ang pagseselos ng Allah ay ang makita Niya ang mga mananampalataya na nagsasagawa ng kasamaan."*** **(Bukhari, Muslim atbp.)**

At sinabi rin niya (ﷺ):

***"Mayroong Tatlong tao ang hindi makakapasok sa Paraiso: ang isang palasuway sa kanyang mga magulang; ang isang walang basehan at hindi kapuri-puring pagseselos*** *(sa kanyang asawa)*; ***at ang babaeng gumagaya (at nagdadamit) ng parang lalaki."*** **(Ahmed at napatotohanan)**

**<u>Pakikitungo, Pag-aalaga at Katapatang Pagsasama:</u>** Ang lalaki ay dapat mabuhay sa kanyang asawa ng may karangalan, mabait at may paggalang. Dapat niyang mapanatili ang maganda, malinis at kasiya-siyang pagpapakita kung siya ay nagpapahinga sa pamamahay, katulad ng kagustuhan niya sa kanyang asawa, dahil dito lang nila maipapakita ang paggalang sa bawa't isa. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi, nag-utos at nagpaliwanag tungkol sa malawak na prinsipyo at sa magandang pagkatao at pag-uugali:

***"Ang ganap na mananampalataya ay ang mga taong may pinaka-mabuting pag-uugali, at ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabait sa kanyang asawa."*** **(Tirmidhi at Ibn Habbaan at napatotohanan)**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nag-aasikaso tuwina sa kanyang sariling mga damit at mga sapatos at tinutulungan niya ang kanyang mga asawa sa pang-araw-araw na gawain. Ang asawa niyang si Aishah (رضي الله عنها) ay tinanong minsan:

***"Ano ang ginagawa ng Sugo ng Allah (ﷺ) kung siya ay nasa bahay." Siya ay sumagot: 'Siya ay nagsisilbi at tumutulong tuwina sa kanyang kasambahay, at kung narinig niya ang tawag sa pagdarasal, siya ay lilisan mula sa pamamahay*** *(upang magdasal)*.***"***

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay palaging nakakawili, mabait at mapagmahal sa lahat, at paminsan-minsan siya ay nakikipaglaro at nagbibiro ng mapitagan sa miyembro ng kanyang pamilya. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

*"**Ang lahat ng bagay** (gawain ng mga lalaki) **na walang pag-alaala sa Allah ay isa lamang pagliliwaliw at paglalaro maliban sa tatlo: ang pakikipagkatuwaan sa kanyang asawa, ang pagsasanay sa kabayo, at ang pagsasanay sa paglangoy.**"* **(Nisa'e at napatotohanan)**

Ang tradisyon na ito ay nagpapahiwatig na ang karamihan sa mga libangan at aliwan ay pinapalagay lamang na paglalaro, pag-aaksaya lamang ng panahon, magkagayon ay walang gantimpala, maliban sa mga nabanggit sa itaas na kapaki-pakinabang, naayon sa batas at gumaganap ng mga mahalagang layunin. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay kilala bilang magiliw at mabait sa pakikipagbiruan sa kanyang pamilya at nakikipaglaro sa kanila. Isang halimbawa ng kanyang pakikipaglaro… nang si '**Aishah** (رضي الله عنها), ang ina ng mga mananampalataya, ay nagsalaysay:

*'Ang Sugo ng Allah ay nakipaghabulan sa akin at tinalo ko siya bago ako tumanda at bumigat. Nang ako ay may edad na at bumigat, siya ay nakipaghabulan muli sa akin at siya ay nanalo. Ang Sugo ng Allah ay nagsabi sa akin pagkaraang siya ay manalo:' "**Ang pagkapanalo ko sa iyo ay nakapantay sa panalo mo noon.**"* **(Ahmed, Abu Dawood, Ibn Hibbaan at napatotohanan)**

Iniulat na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay umuupo siya na kapiling ang kanyang pamilya at nakikipag-usap pansumandali at ipinapakita ang kabaitan bago matulog at

pagkatapos ng pagsasagawa ng gabing pagdarasal. Sa napatotohanang tradisyon si **Ibn 'Abbas** (ﷺ) ay nag-ulat:

*"Isang gabi, ako ay natulog sa bahay nina Maymunah (ang kanyang tiya na asawa ng Propeta,ﷺ) isang gabi – ang pagkakataong ito ay ang kanyang gabi – upang makita ang gabing pagsamba ng Propeta. Kinausap niya ang kanyang asawa ng matagal, at saka natulog. Pagkaraan siya ay bumangon sa gabing iyon at nagdasal gaya ng naitala ng Allah (ﷻ) para sa kanya."*

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

*"Katiyakang nasa Sugo ng Allah (Muhammad) ang isang mahusay na halimbawa upang sundin ng sinuman na umaasa (ng Pakikipagtipan) sa Allah at sa Huling Araw, at (siya) na lagi nang gumugunita sa Allah."* **(Qur'an 33:21)**

Magkagayon, ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay siyang pinakamabuting halimbawa upang pamarisan nating lahat na sumasampalataya. Ang mga Muslim ay dapat sumunod sa yapak ng Propeta ng Allah (ﷺ) sa lahat ng bagay, personal o sa publiko, sa kanilang buong buhay.

Ang lahat ng mga sekreto ng kanilang mga asawa ay dapat ilihim at ang kanyang mga pagkakamali ay dapat itago. Ang mga kapakanan pang-pribado ay hindi dapat ipagsabi sa publiko o ipamalita, kahit sa pinakamalapit na kaibigan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

*"Isa sa pinakamasamang tao sa harap ng Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli ay ang taong nakipagniig sa kanyang asawa o ang babaeng nakipagtalik sa kanyang asawa, at pagkatapos ang isa sa kanila ay ipinagsabi sa iba ang ginawang sarilinan."* **(Muslim atbp.)**

Karapatan ng babaeng may asawa ang tumabi sa kanyang asawa sa gabi at makipagniig upang bigyang-kasiyahang (pang-sekswal) ang kanyang sarili. Ang karapatang ito ay siyang binibigyang diin ng Islam (ng katuparan), tulad ng paghahanap ng isang lalaki sa kanyang kasiyahan. Ang lalaki ay inuutusan at inuubligahan ng batas ng Islam upang bigyang-kasiyahan ang karapatan (pang-sekswal) ng kanyang asawa at upang mapigilan na mabulid ito sa nakakahiyang gawain (makipagtalik sa iba), huwag sanang ipahintulot ng Allah (ﷻ). Ang asawa, katulad ng ibang babae, ay nangangailangan ng ganap na pagmamahal, pagtatangi at ang natural na karapatan niya para sa kasiyahang pang-katawan.

Ipinagbabawal ng Islam sa mga lalaki ang pagsasagawa ng mga labis na pagdarasal at pag-aayuno (boluntaryo) na siyang dahilan ng di-pagsasagawa sa mga ubligasyon niya sa kanyang asawa gaya ng pang-sekswal at panglipunan pangangailangan. Isang tanyag na pangyayari kay **Salman Al-Farisi** (رضي الله عنه) ang iniulat:

'Aking dinalaw ang isang kapatid sa pananampalataya na si Abu Darda (رضي الله عنه) at nang dumating ako sa kanila, binati ako ng kanyang asawa na si Um Darda (رضي الله عنها) na marumi ang hitsura at hindi maganda ang kasuotan. Tinanong ko siya ng makita ko siyang ganoon';

***'Ano ang nangyari sa iyo; bakit ganyan ang kalagayan mo at hindi mo inaasikaso ang iyong asawa?'*** *Sinabi niya:* ***'Ang kapatid mo, si Abu-Darda, ay wala nang interes sa mundo at sa mga kapakanan dito. Ginugugol niya ang gabi sa pagdarasal at ang araw sa pag-aayuno!'***

Pagdating ni Abu-Darda (رضي الله عنه), binati at tinanggap ng malugod si Salman (رضي الله عنه) at binigyan siya ng makakain. Sinabi ni Salman (رضي الله عنه): ***'Bakit di ka sumalo sa pagkain ko?*** Sinabi ni Abu-Darda (رضي الله عنه), ***'Ako ay nag-aayuno.'*** *Si Salman*

*ay nagsabi: '**Sa Ngalan ng Allah, kailangan itigil mo ang iyong pag-aayuno at kumain ka na kasalo ko.**'*

Itinigil ni Abu-Darda (ﷺ) ang kanyang pag-aayuno at sila ay parehong kumain. Si Salman (ﷺ) ay natulog kila Abu-Darda (ﷺ) sa gabing iyon, at siya ay bumangon sa kalagitnaan ng gabi at magdarasal sana ng panggabing dasal subali't siya ay pinigil ni Salman (ﷺ) at sinabi:

***"Ang iyong katawan ay may karapatan sa iyo, ang Panginoon mo ay may tiyak na karapatan sa iyo, at ang iyong pamilya ay may siguradong karapatan mula sa iyo. Mag-ayuno ka sa ilang araw at ihinto mo ang pag-aayuno sa ibang araw, lapitan mo ang iyong asawa (bilang relasyon ng mag-asawa). Bigyan ang bawat isa ng kani-kanilang karapatan."***

At bago pumasok ang pagbubukang liwayway, pinahintulutan si Abu-Darda na tumayo upang magdasal. Silang dalawa ay tumayo, nag-ablusyon, at nagdasal at pumunta sa Masjid para magdasal ng *'Fajr'* (Bukang Liwayway) na pagdarasal. Nang matapos ang pagdarasal na kasama ang Propeta (ﷺ), inilahad ni Abu-Darda ang lahat ng pangyayari kay Propeta (ﷺ). Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***'Sinabi ang katotohanan ni Salman'*. (Bukhari atbp.)**

Dahil sa pangangailangan ng asawa, ang lalaki ay hindi dapat maglakbay at lumayo sa tahanan ng mahabang panahon. Si Calipa Umar ibn Al-Khattab (ﷺ) pagkatapos magkunsulta sa kanyang anak na si Hafsa (ﷺ) tungkol sa haba ng panahon na maaaring ang babae ay magbata sa pagliban ng kanyang asawa, ay itinalaga ang panahong anim na buwan.

Si **Abdur-Razaq** atbp ay naglahad ng isang tanyag na pangyayari:

"Minsan isang gabi, si **Umar ibn al-Khattab** (ﷺ) ay naglalakad ng palibot at nakarinig siya ng panaghoy at pagdalamhati ng isang babae:

***"Ang gabi ay humaba ng labis, at ang kanyang dulo ay madilim at maitim,***
***Ako ay hindi makatulog mula noong nawala kahit sinong makalaro, at walang nagmamahal,***
***Kung wala lamang (ang Panginoon) na ang Kanyang Trono ay nasa kaitaasan ng mga Langit,***
***Ang gilid nitong kama ay malululon, manginginig at mangaligkig!"***

Kinaumagahan pinuntahan ni Umar (ﷺ) ang babae at tinanong ang dahilan ng kanyang tula. Siya ay sumagot na ang kanyang asawa ay sumama sa mga sundalo na may matagal na kampanya. Pagkaraan noon isinangguni ni Umar (ﷺ) sa kanyang anak na si Hafsa kung hanggang kailan makapagtitiis ang babae sa pagbabalik ng kanyang asawa. Pagkatapos ng ilang minutong pag-aalinlangan at kahihiyan, nakumbinse niyang ang katanungan ay para sa ikabubuti ng madlang Muslim, siya ay sumagot ng anim na buwan."

Pagkatapos nito, si Umar ay nagtakda ng kampanya na sa loob ng anim na buwan ay dapat makabalik sila sa kani-kanilang mga asawa.

Ang panahon na ito ay humigit-kumulang dahil ang pagkakataon ay posibleng maging maiksi, o kaya naman ay mapipilitan na higit pa rito. Ang babae ay maaaring magtiis sa pagliban ng kanyang asawa ng higit sa anim na buwan, o kaya ay maaari din naman niyang hinging sapilitan na bumalik ang kanyang asawa bago ang panahong iyon. Ang lalaki ay hindi puwedeng tumanggi sa paghingi bilang karapatan ng kanyang asawa bilang matuwid na kahilingan kung wala siyang balidong dahilan.

Ang lalaki ay hindi dapat gumawa ng anumang pasiyang pananalapi para sa kanyang asawa hanggat ang babae ay hindi nagbibigay ng pahintulot. Walang karapatan ang lalaki na kumuha ng anumang pag-aaring salapi ng babae hanggat walang siyang pahintulot.

Nararapat ding kumunsulta ang lalaki sa kanyang asawa tungkol sa malalaking pampamilyang kapasiyahan, sa mga gawain ng mga anak at sa pagdadamayang mga gawain. Hindi makatuwirang diktahan ng lalaki ang lahat ng kasambahay at hindi na pakinggan ang opinyon ng kanyang asawa, maliban ang opinion ng asawa ay mabuti at matalinong pasiya. Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng praktikal na halimbawa sa bagay na ito. Noong 'Araw ng Pakikipagkasunduan' sa mga taga tribo ng Quraish, ang Propeta (ﷺ) ay nag-utos sa kanyang mga kasamahan na sila ay magpakalbo at lumabas sa kalagayan ng *'Ihraam'*, ngunit sila ay nag-atubili at hindi tinupad kaagad ang ipinag-utos. Si Um Salamah (﵂), ang kanyang asawa, ay nagpayo na gawin muna ito at lumabas upang makita ng kanyang mga kasamahan. Ginawa ng Propeta ng Allah (ﷺ) ang inirekomenda ng kanyang asawa at ng makita siya ng kanyang mga kasamahan sila ay nagmadali sa pagsunod sa ipinag-uutos sa kanila.

Ang lalaki ay dapat iwasan ang pagsubaybay sa mga maliliit na pagkakamali na maaaring magawa ng kanyang asawa. Isang halimbawa, ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang asawang lalaki ay hindi dapat dumating sa pamamahay ng huli sa gabi mula sa paglalakbay*** *(ng walang maayos na paghahabilin)."* **(Bukhari, Muslim atbp.)**

Ang rekomendasyon ay ibinigay upang hindi makita ng lalaki ang kanyang asawa sa kalagayang hindi maganda, na siyang maging dahilan sa kanyang paghinanakit. Sa mga makabagong kagamitan sa ngayon, ang lalaki ay maaaring ipaunang ipabatid sa kanilang mga asawa kung sa umaga o gabi na ang kanilang pagdating.

Tungkulin ng lalaki na dapat maging mabait, maasikaso at mapagbigay sa kanyang asawa. Siya ay dapat maging matapat, magalang, matiisin at mapagmahal at dapat isa-alang-alang ang kanyang likas na pagkatao. Binibigyan ng halaga ng mga babae ang sa kanila ay nagmamahal at ang pangangalaga. Ang lalaki ay dapat magpakita ng pagmamahal, kabaitan, pagpapahalaga, pag-aalaala at tunay na pangangalaga sa kanyang asawa.

Ang sistemang diborsyo sa Islam ay itinalaga upang pangalagahan ang karapatan at interes ng mga babae, at nagbibigay ng sapat na pagkakataon at panahon upang magkasundo muli. Tatalakayin natin ang paksang ito ng detalye, ngunit babanggitin lang natin dito na ang diborsyo, katulad ng kasal, ang bawa't isa ay dapat kumilos ng pino at may mabuting kaasalan upang matiyak ang karapatan ng dalawang partido. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"Ang Diborsyo ay pinahihintulutan ng dalawang beses lamang; pagkaraan maaari silang magsamang muli sa makatuwirang kasunduan o tuluyan nang maghiwalay nang matiwasay…"*** **(Qur'an 2:229)**

## Ang Kababaihan Bilang Mga Ina

Ang Allah, ang Mapagpala, ay paulit-ulit na binigyan ng diin ang pangkalahatang karapatan ng mga magulang at ang partikular na karapatan ng ina. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At ang iyong Panginoon ay nag-uutos na huwag kayong sumamba sa iba pa maliban sa Kanya, at kayo ay maging masunurin sa inyong magulang. At kung sa inyong buhay, kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa matandang gulang sa (panahon) ng iyong buhay, huwag kang mangusap sa kanila ng isa mang salita ng kalapastanganan, gayundin ay huwag manigaw sa kanila, datapwa't ikaw ay mangusap sa kanila sa paraang marangal."*** **(Qur'an 17:23)**

Sa talatang ito ang karapatan ng Dakilang Allah na Siyang dapat sambahin, ay nauuna pagkatapos ay ang karapatan ng mga magulang. Lahat ng mga iskolar ay sumang-ayon na ang karapatan ng mga magulang sa Islam ay nakakahigit at nauuna kaysa sa iba maliban sa karapatan ng Dakilang Allah.

Ang pagsunod sa mga magulang ay nararapat bigyan ng karapatang mauna kaysa sa lahat pati na sa asawa. Subali't hindi ibig sabihin na ang asawang babae ay hamakin o insultuhin sa anumang bagay. Nararapat lamang na nauuna ang pagsunod sa mga magulang bago sa mga iba sa kondisyon na hindi nasusuway ang Dakilang Allah at ang Kanyang Propeta (ﷺ).

Ang kasiyahan o di-kasiyahan ng Dakilang Allah sa tao ay batay sa kasiyahan ng mga magulang sa kanilang mga anak.

Ito ay ipinahiwatig ng Propeta ng Allah (ﷺ) nang siya ay nagsabi:

> ***"Ang kasiyahan ng Allah sa tao ay dahil sa kasiyahan ng magulang** (sa kanyang anak) **at ang di-kasiyahan ng Allah ay dahil sa di-kasiyahan ng magulang** (sa kanyang anak)."* **(Tabrani at napapatotohanan)**

"*Birr al-Walidain*" ang ibig sabihin nito ay ang pagiging masunurin, mabuti at mabait sa mga magulang, binibigyan ng kasiyahan at iniingatan ang kanilang pangangailangan, lalo't higit sa kanilang pagtanda. Ang pagserbisyo sa kanila ay ibinibilang na sapilitan at nauuna kaysa sa pakikisama sa iba't ibang kusang-loob na pagserbisyo sa ibang larangan ng *Jihad* (i.e., pagpupunyagi para sa landas ng Allah). May isang taong humingi ng pahintulot upang magsagawa ng *Jihad* at siya ay tinanong ng Sugo ng Allah (ﷺ) kung ang kanyang mga magulang ay buhay pa… siya ay sumagot ng paayon. Pagkatapos sinabihan siya ng Sugo ng Allah (ﷺ):

> ***"Tiyakin at gawin mo ang pinakamahusay sa kanila at asikasuhin at alagaan sila** (jaahid)."* **(Bukhari at Muslim)**

Ang kahulugan nito ay dapat ang anak na nasa hustong gulang ay magsikap na tulungan ang kanyang magulang upang ipagkaloob ang kanilang pangangailangan. Kung hindi sapilitan sa isang Muslim ang sumama sa pagtatanggol (Jihad), ang pag-aalaga sa mga magulang ay unang nararapat bigyan ng pagpapahalaga.

Ito ay mapapanaligan at napatotohanan sa isang tradisyon, si **Ibn Mas'ood** (رضي الله عنه) ay nag-ulat:

"Tinanong ko ang Sugo ng Allah (ﷺ): ***'O Propeta ng Allah, Ano ang gawaing higit na ikasisiya ng Allah?'*** Sinabi niya: ***"Ang pag-aalay ng pagdarasal sa tamang oras."*** Ako ay

nagtanong ulit: "***Ano ang susunod, O Propeta ng Allah?'*** Siya ay sumagot: ***"Ang pagiging mabait, maasikaso at magalang sa inyong mga magulang."*** Ako ay nagtanong ulit: "***Ano ang susunod, O Propeta ng Allah?***" Siya ay sumagot: "***Ang pakikipaglaban sa landas ng Allah.***"

Sa ibang tradisyon si **Abdullah bin Amr bin al-Aas** (رضي الله عنه) ay nag-ulat:

*Isang lalaki ang nagtanong sa Sugo ng Allah (ﷺ): "**O Sugo ng Allah! Aking ibibigay ang pakikipagkasundo sa pamamagitan ng paglikas (hijrah) at pakikipaglaban (Jihad) na ang tanging layunin ko ay magkaroon ng gantimpala mula sa Allah.**" Nang siya ay marinig ng **Sugo ng Allah** (ﷺ) siya ay tinanong: **"Ang mga magulang mo ba ay buhay pa?"** Ang lalaki ay sumagot: '**Opo, O Propeta ng Allah, silang dalawa ay buhay pa.**' Sinabi sa kanya: **"Ang kasiyahan at gantimpala ba ng Allah ang iyong hnahanap?"** Siya ay sumagot: '**Opo.**' Sinabi sa kanya: **"Magkagayon, bumalik ka sa kanila at tiyakin mo na gagawin mo ang pinakamahusay na pag-aasikaso at pag-aalaga sa kanila."*** **(Muslim)**

At sa ibang napatotohanang tradisyon si **Mu'awiyyah as-Sulami** (رضي الله عنه) ay nagsabi sa Sugo ng Allah (ﷺ):

*"**Gusto kong mag-Jihad sa landas ng Allah.**" Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtanong: **"Ang ina mo ba ay buhay pa?"** Siya ay sumagot: '**Opo.**' Sinabi sa kanya: **"Ikaw ay manatili sa piling niya, dahil ang Jannah (Paraiso) ay nasa paanan ng ina."*** **(Ahmed, Nasa'e, Haakim atbp at napatotohanan)**

Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na ang pagmamahal, pag-aasikaso at paglilingkod ng mga anak sa kanilang magulang ay isang paraan upang makamit ang

kasiyahan ng Dakilang Allah at ang Paraiso, na siyang pangakong gantimpala sa mga matutuwid na mga Muslim.

Ang mga ina, bago ang ama, ay ang unang dapat bigyan ng kabaitan, pangangalaga at magandang pakikitungo, dahil ang ina ang siyang unang naghirap sa pag-aalaga sa mga anak at nakaranas ng araw-araw na pagdurusa sa pagpapalaki sa mga ito. Sinalaysay ni Bukhari atbp na si **Abu Hurairah** (ﷺ) ay nag-ulat:

> *"Isang lalaki ang lumapit sa Propeta (ﷺ) at siya ay nagtanong:* ***'O Propeta ng Allah! Sino ang dapat kong unang pagsilbihan at pangalagaan at nararapat sa aking magandang pakikisama?'*** *Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay sumagot:* ***"Ang iyong ina."*** *Ang tao ay nagtanong ulit:* ***'Sino ang susunod pagkatapos niya?'*** *Siya (ﷺ) ay sumagot:* ***"Ang iyong ina."*** *Ang tao ay nagtanong ulit:* ***'Sino ang susunod pagkatapos niya?'*** *Siya (ﷺ) ay sumagot:* ***"Ang iyong ina."*** *Ang tao ay nagtanong ulit:* ***'Sino ang susunod pagkatapos niya?'*** *Siya (ﷺ) ay sumagot:* ***"Ang iyong ama."***

Ang pag-unawa sa aral na ito ay ganap bilang patunay na ang ina ay karapat-dapat sa pakikitungo, kabaitan at pagmamalasakit sa buong buhay nila.

Ang *hadith* na ito ay nagpapahiwatig lamang na ang ina ay nakahihigit ng tatlong ulit sa karapatan kaysa sa ama dahil sa paghihirap na kanyang natamo sa ibat-ibang larangan sa pagpapalaki ng kanyang mga anak; sa pagbubuntis, pagpapanganak, pagpapasuso at pagpapalaki ng bata. Ang bata sa sinapupunan ay lumusog dahil umasa sa ina sa loob ng siyam na buwan at higit na dalawang taon pa kung ang ina ay nagpasiyang magpasuso sa kanyang anak. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

> ***"At ipinagtagubilin Namin sa tao na maging mabait sa kanilang magulang. Ang kanyang ina ay nagsilang sa***

***kanya sa matinding hirap sa ibabaw ng ibayong hirap, at inawat siya sa pagpapasuso pagkatapos ng dalawang taon. Magbigay kayo ng pasasalamat sa Akin at sa inyong magulang. Sa Akin ang inyong huling hantungan.*** **(Qur'an 31:14)**

Ang mga ina ay binigyan ng nakahihigit na pagpapahalaga kaysa sa ama sa tawag ng kabaitan, paglingap, pagtulong at sa pagtalima sa kanila. Ang ama at ina, alinsunod sa prinsipyo at katuruan ng Islam, ay dapat sundin (talimahin), igalang at hindi dapat sumuway hangga't hindi sila nag-uutos sa kanilang mga anak bilang pagsuway sa kanilang Tagapaglikha. Kung sila ay nag-uutos sa kanilang mga anak ng mga gawain bilang pagsuway sa Dakilang Allah, sa pagkakataong iyon hindi sila dapat talimahin sa partikular na bagay na iyon, subali't sila (mga anak) ay dapat ipagpatuloy ang pagtalima sa mga magulang sa mga pangkaraniwan at ibang mga tungkulin para sa kanilang magulang. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***"At kung ang inyong mga magulang ay magsikhay upang ikaw ay magtambal ng iba pa sa pagsamba sa Akin sa mga bagay na wala kayong kaalaman; sila ay huwag ninyong sundin, at maging mabait kayo sa kanila sa mundong ito, at sundin ninyo ang landas ng sinumang nagbabalik-loob sa Akin sa pagsisisi. Sa katapusan, ang hantungan ninyong lahat ay sa Akin, at sa inyo ay Aking ipababatid ang lahat ng inyong mga ginawa sa buong buhay ninyo."*** **(Qur'an 31:15)**

Ang mga magulang ay dapat igalang, talimahin at bigyan ng tulong na pananalapi ng kanilang mga anak, kahit na sila ay mayroong ibang pananampalataya, maliban sa Islam, hanggang hindi sila nag-uutos ng mga gawain bilang

pagsuway sa Dakilang Allah. Si **Asma bint Abu-Bakr** (ﷺ) ay nagsabi:

> *"Ang aking ina, noong siya ay isang pagano, ay bumisita sa akin. Ako ay nagtungo sa Sugo ng Allah (ﷺ) humingi ng kanyang pasiya. Sinabi ko, "**Siya ay bumisita sa akin at interesado sa Islam, dapat ko bang panatilihin ang relasyon namin sa kanya?**" Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "**Oo, tunay! at nararapat na ipagpatuloy ang relasyon ninyo sa inyong ina.**"*

Ipinag-uutos ng Islam sa mga anak na pangalagaan ang kanilang ina ng may kabutihan, pagsunod at pagmamahal. Magbigay ng tulong sa mga magulang sa kanilang iba't-ibang gawain sa pang araw-araw sa pamamahay. Ito ay inilarawan sa mahabang tradisyon (hadith)... iniulat ni **Abu-Hurairah** (ﷺ) na ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: ***'Wala na maliban sa tatlong sanggol ang nagsalita habang sila ay nasa duyan':***

- ***Ang una ay si Hesus, anak ni Maria (ﷺ). Ganito ang kasaysayan… Nana si Maria ay nagsilang kay Hesus, ang kanyang mga kababayan ay nagparatang (at nagbingtang) na siya ay masamang babae. Hindi nila matanggap na siya (Maria) ay manganak sa pagkadalaga sa dahilang wala silang alam na asawa nito. Ang angkan ni Maria ay kilala bilang mga banal at mabuting angkan at iginagalang ang kanilang lahi. Walang ibinigay na paliwanag si Maria bagkus kanyang itinuro ang batang sanggol na si Hesus na nasa duyan. Nang itinuro ni Maria ang sanggol na si Hesus, ang mga tao ay nagsabi, 'Paano makapagsalita ang isang batang paslit na nasa duyan?' Ang sanggol na si Hesus ay himalang nagsalita at siyang nagpatunay at nagpaliwanag sa nagging katayuan ng kanyang ina: sa***

***Qur'an, 19:29-32 ay nagpahayag tungkol sa sinabi ni Hesus nang siya ay nasa duyan pa lamang:***

***"At kanyang (Maria) itinuro. At sila ay nagsabi: Paano makapagsalita ang isang sanggol na nasa duyan? Siya (Hesus ay nagsalita: Katotohanan! Ako ay alipin ng Allah, ipinagkaloob sa akin ang Kasulatan at ginawa Niya akong isang Propeta. At ako ay Kanyang pinagpala saan man ako naroroon at ipinag-utos sa akin ang pagdarasal, at pagkakawanggawa (Zakah) habang ako ay nabubuhay. At maging masunurin sa aking ina..."***

- ***Ang pangalawa ay isang Israelita sa panahon ni Juraij, isang hermitanyo na nag-iisang namuhay sa iang kamara o selda at inilaan ang kanyang panahon sa pagdarasal at pagsamba sa Allah. Isang araw ang ina ni Juraij ay humingi ng tulong sa kanya habang siya ay nagdarasal. Siya (Juraij) ay nagsabi: O Allah ako ay nalilito kung sino ang dapat kong bigyan ng pagsasaalang-alang, ang aking pagdarasal o ang aking ina? Ipinagpatuloy niya ang kanyang pagdarasal at tinalikdan niya ang pagsusumamo ng kanyang ina. Di kalaunan, ang kanyang ina ay umalis. Nang sumunod na araw, tinawag siyang muli ng kanyang ina at patuloy pa ring nagdarasal si Juraij at hindi binigyang pansin ang kaniyang ina. Nang sumunod pang mga araw, tinawag siyang muli ng kaniyang ina at humingi ng tulong katulad ng naunang dalawang araw. Hindi rin binigyang pansin ni Juraij. Nang makita nito, ang ina ay nagsabi: 'O Allah, itulot ninyo na bago mamatay si Juraij, nawa'y makatagpo siya ng babaing nagbibili ng aliw.'***

*Sa panahong iyon ang mga Israelitas ay humahanga sa pamamaraan ng pagsamba, pagdarasal at pag-iisa ni Juraij. Noong kapanhunan ding iyon may isang maganda at kaakit-akit na babaeng nagbibili ng aliw ang nagbigay ng suhestiyon sa mga Israelitas. Kung nais ninyo, aakitin ko si Juraij at hahayaan ko siyang umibig sa akin at gumawa ng pangangalunya. Ang babaing ito ay umalis na may layuning isagawa ang balakin. Ginawa niya ang lahat upang mahulog sa tukso si Juraij ngunit siya ay nabigo. Gayunpaman, nilapitan niya ang isang pastol na malapit sa tirahan ni Juraij at ipinagkaloob ang kanyang sarili at siya ay nabuntis. Matapos ng panganganak, inakusahan niya si Juraij bilang ama ng kanyang anak. Ang mga Israelitas ay sumugod sa tirahan ni Juraij at ito ay pinagtabuyan, sinira ang bahay at siya sinaktan. Si Juraij ay nagtanong kung bakit siya nilapastangan ng mga ito. Sila (mga Israelitas) ay nagsabi; Ikaw ay nangalunya sa isang babaeng nagbibili ng aliw at ito ay nagkaanak mula sa iyo samantalang ikaw ay nagkukunwaring isang makadiyos na tao. Si Juraij ay nagsabi: Maaari ba ninyong dalhin sa akin ang sanggol at hayaan ninyo akong mag-alay ng dasal upang patunayan ko sa inyo na hindi ako ang ama ng batang yan. Pinahintulutan ng mga Israelitas na magdasal si Juraij at dinala sa kanya ang sanggol at tinanong ito: Sino ang iyong tunay na ama? Ang sanggol sa duyan ay nagsalita; Ang aking ama ay yaong pastol. Nang marinig ang pagpapahayag ng sanggol, niyakap ng mga Israelitas si Juraij at humingi ng kapatawaran at nagsabing; Dapat ba naming ipagpatayo ka muli ng tirahan na yari sag into? Siya ay sumagot; Hindi, ngunit ipagpatayo ninyo ako ng yari sa lupa katulad noong dati. At sila ay gumawa.*

- ***Ang ikatlong sanggol na nagsalita na nasa duyan pa lamang ay isang sanggol na sumususo sa ina nang dumaan ang isang kabalyero na nakasuot ng magarang na damit at nakasakay sa magandang kabayo. Ang nagpapasusong ina ay nagsabi: 'O Allah, gawin mo pong katulad ng kabalyerong ito ang aking anak na lalaki.' Nang marinig ito ng sanggol siya ay huminto sa pagsuso at nagsabi habang nakatingin ito sa sundalo. 'O Allah, huwag Mo po akong gawing katulad ng kabalyerong ito.' Si Abu Hurairah (ﷺ) na siyang nag-ulat sa hadith na ito ay nagsabi: 'Natatandaan ko pa ang Propeta (ﷺ) nang ginaya niya ang sanggol na pinasususo ng kanyang ina at inilagay ang kanyang hintuturo at sinususo ang kanyang daliri.'***

***Pagkatapos siya ay muling sumuso sa ina. Pagkaraan nito nadaanan nila ang isang alipin na sinasaktan ng kanyang amo at pinagbibintangang nangalunya at nagnakaw. Ang alipin ay nagsabi: 'O Allah, sapat na po Kayo sa akin at Kayo ang aking Tagapagtanggol.' Ang ina ay nagsabi: 'O Allah, huwag Ninyong itulot na matulad ang anak ko sa aliping ito.' Nang marinig ito ng sanggol siya ay huminto sa pagsuso at nagsabi: 'O Allah, gawin mo akong katulad ng babaing ito.' Nang marinig ng ina, siya nagsabi: 'O anak, ano bang nangyayari sa iyo?' Isang magandang bihis na kabalyero na nakasakay sa magandang kabayo, makapangyarihan at hinangad kong maging katulad ka niya, ikaw ay tumanggi. Nang nadaanan natin ang isang alipin na sinasaktan ng kanyang amo at dinidisiplina ng dahil sa pangangalunya at pagnanakaw, at hiniling ko sa Allah na huwag kang matulad sa aliping yaon ngunit tinanggihan mo rin ang aking dalangin.' Ang sanggol ay nagsalit: 'O aking ina, yaong kabalyero ay isang***

***mabagsik at masama. Samakatuwid, dinalangin ko sa Allah na huwag akong gawing katuld niya. At yaon namang alipin na pinagbintangan, siya ay hindi tunay na nangalunya at nagnakaw. Kaya, nagsumamo ako sa Allah na gawin akong inosente at malinis na katulad niya.'***

Ang pagsuway sa mga magulang, ang di-pagbibigay galang at ang di-pagbibigay ng kanilang pangangailangan ay isa sa pinakamalaking kasalanan. Ang kaparusahan mula sa Dakilang Allah sa ganitong uri ng kasalanan ay hindi lamang sa Kabilang Buhay kundi dito rin sa buhay dito sa mundo, katulad ng iniulat ng Sugo ng Allah (ﷺ) sinabi niya:

***"Dalawang uri ng kasalanan ang dapat itakda sa panahon ng tao dito sa mundo ay ang ang; pagmamalupit at ang pagsuway ng anak sa kanilang mga magulang."*** **(Bukhari at Tabrani at napatotohanan)**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Katotohanan, ipinagbawal ng Allah ang pagsuway sa inyong ina, pagpigil sa mga tao mula sa kanilang mga karapatan, ang paghiling sa tao ng anumang hindi nararapat, ang paglibing ng buhay sa inyong mga anak na babae. Kinapopootan niya sa inyo ang pag-tsismis, ang maraming pagtatanong, at ang paglustay ng inyong yaman ng walang katuturan."*** **(Bukhari atbp.)**

Ipinaliwanag din ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang pagiging mabuti at mabait sa mga magulang na siyang pangunahing bagay para sa pagsasakatuparan ng mga dalangin at pagdarasal ng tao sa buong buhay niya. Si **Ibn Umar** (رضي الله عنه) ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Tatlong tao noong unang panahon ang yumaon sa paglalakbay. Nang sumapit ang gabi, sila ay natulog sa isang yungib na nasa ilalim ng bundok. Nang sila ay nakapasok na sa loob, may malaking tipak ng bato ang gumulong at lubos nitong nasarhan ang pintuan ng kuweba. Sila ay nag-usap at napagkaisahan na walang ibang paraan makalalabas maliban sa pagsasagawa ng pagdarasal at dalangin. 'Kailangan humingi tayo ng tulong sa Allah batay sa pinakamabuting bagay na ating ginawa sa buong buhay natin.'***

Ang unang tao ay nagsabi:

***'O Allah! Ako ay mayroong magulang na matatanda na at inuuna kong bigyan ng bagay na makain o maiinom bago pa man ang aking asawa at mga anak. Isang araw ako ay naglakbay ng malayo sa paghahanap ng pagkain para sa aking mga alagang hayop at ako ay dumating sa bahay ng hating-gabi. Pagdating ko, natagpuan ko ang aking magulang na natutulog na. Aking ginatasan ang tupa upang ibigay sa aking mga magulang para sa kanilang hapunan ngunit ayaw kong gisingin sila upan uminom. Subalit hindi ko ito ibinigay sa aking asawa at mga anak. Nanatili akong nakatayo na tangan ang gatas habang hinihintay ko silang magising. Sa pagsapit ng bukang-liwayway, sila ay nagising na sa oras namang yaon, ang aking mga anak ay nasa aking paanan at umiiyak para sa gatas. Sa ganoon ding oras, ang aking mga magulang ay nagising na rin at aking ibinigay ang gatas sa kanila. O Allah, kung inyong nalalaman na ito ay aking ginawa ng dahil sa Inyo, nagsusumamo ako na iligtas Mo kami mula sa sakunang ito na pinagdurusahan namin.*** Kapag daka'y ang bato ay naalis nang kaunti sa lagusan ng yungib ngunit hindi sapat upang sila ay makalabas.

Ang pangalawang tao ay nagsabi:

> ***'O Allah, ako ay may pinsang babae mula sa panig ng aking ama na pinakamamahal ko sa ibabaw ng mundo. Nais ko siyang makapiling at matabihan ngunit siya ay tumanggi. Minsan, siya ay nagkaroon ng suliranin sa pananalapi dahil sa tagtuyot. Siya ay lumapit sa akin at humingi ng tulong. Binigyan ko siya ng isang daan at dalawampung gintong dinar upang pagbiyan niya ako sa aking kahilingan. Nang dahil sa kanyang pangangailangan at mahirap na kalagayan, siya ay pumayag. Nang nais ko ng simulan ang pakikipagtalik, siya ay nagsabi, O aking pinsan, matakot ka sa Allah. Huwag mong alisin ang aking pagka-birhen maliban sa ilalim ng batas (kasal). Nang marinig ko ito, ako ay tumayo at hindi ko siya ginalaw bagama't siya ay pinakamamahal ko sa lahat ng babae. Hindi ko kinuhang muli ang mga gintong dinar.'***
>
> Makaraan nito, itinaas niya ang kanyang kamay sa langit at nagsabi: ***"O Allah! Kung Inyong nalalaman na ito ay aking ginawa ng dahil sa Iyong kasiyahan, ako ay nagsusumamo na alisin ang nakaharang na tipak ng bato sa pinto ng yunggib upang kami ay makalabas".*** Muli ang bato ay gumalaw at lumayo ng maliit na distansiya ngunit hindi sapat na makalabas ang mga tao sa yunggib.

Ang ikatlong tao ay nagasabi ng ganito:

> ***'O Allah! Batid Ninyo na noong ako ay may mga manggagawa at sa pagsapit ng hapon, aking binabayaran ang mga ito maliban sa isa na umalis na hindi nakuha ang kanyang sahod. Kaya, aking inimpok ang kanyang sahod at inilagay ko sa aking negosyo. Ang salaping nauukol sa manggagawang ito ay***

***umunlad. Minsan, pagkaraan ng maraming taon, ang manggawang ito ay bumalik at nagtatanong tungkol sa kanyang sahod. Itinuro ko sa kanya ang malalaking kawan ng tupa, baka at kamelyo, ang mga alipin at katulong at sinabi ko sa kanya: Lahat ng iyong nakikita ay sa iyo! Yan ang sahod mo na utang ko sa iyo.*** Ang dukhang manggagawa ay nabigla at sinabi: ***'Nakikiusap ako sa iyo na huwag mo akong biruin (paglaruan) at pagtawanan. Ang hinihiling ko lamang sa iyo ay isang araw na sahod? Ako ay sumagot, Hindi kita pinagtatawanan o panaglalaruan o binibiro. Ito ay sa iyong lahat.'*** Pagkaraan ng pagsalaysay nito, itinaas ang kanyang mga kamay sa langit at nagsabi: ***'O Allah, kung nagawa ko yaon para sa Iyong kasiyahan, nagsusumamo ako na alisin Mo po ang nakaharang sa yungib na ito, ng dahil dito kami ay naghihirap."*** Pagkaraan nito, ang bato ay dahan-dahang naalis mula sa pintuan ng yungib at ang tatlong magkakasama ay humayong palabas muli. **(Bukhari atbp.)**

Itinuturo ng Islam na ang pagbibigay ng kasiyahan sa magulang, ang pagiging mabait, mabuti, mapagpaumanhin, magalang at mapangalaga sa buong buhay nila ay isa sa mga bagay na makapag-aalis ng mga kasalanan sa mundong ito. Si **Abdullah Ibn Umar** (ﷺ) ay nagsabi:

"Isang tao ang lumapit sa Sugo ng Allah (ﷺ) at nagsabi: ***'O Propeta (ﷺ)! Ako ay nakagawa ng malaking kasalanan. Sa palagay mo ba ay makapagsisisi ako mula rito?*** Siya ay tinanong: ***'Buhay pa ba ang iyong ina?'*** Ang lalaki ay sumagot ng; ***'Hindi na.'*** Tinanong ulit siya ng Propeta (ﷺ); ***Mayroon ka bang mga tiyahin (Mula sa angkan ng iyong ina?).*** Ang lalaki ay tumango ng: ***'Oo'.*** Ang Propeta ay nagsabi sa kanya; ***Maging***

***mabuti, mabait at matulungin sa kanila."*** **(Tirmidhi, Hakim, Ibn Hibban at napatotohanan)**

Ang tradisyon na ito ay nagpapakilala na ang karapatan at katayuan ng isang tiyahin ay katulad ng ibang katayuan ng isang ina. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang kapatid na babae ng iyong ina ay may kahalintulad na katayuan ng iyong ina."*** **(Bukhari)**

Ipinag-uutos ng Islam na ang karapatan ng mga magulang ay nararapat na igalang at kilalanin kahit na pagkaraang mamatay ito. Si **Malik Ibn Rabee'ah** ay nagsalaysay:

> "Habang kami ay nakaupo sa tabi ng Sugo ng Allah (ﷺ) isang tao mula sa tribo ng Bani Salamah ang lumapit sa kanya at nagtanong: ***"O Sugo ng Allah (ﷺ), ang aking mga magulang ay namatay na. Mayroon pa ba akong tungkulin na dapat panatilihin at tuparin bilang karapatan nila pagkaraan ng kanilang kamatayan?"*** Siya ay sumagot: ***"Tunay na mayroon, kailangan panatilihin mo ang pagdarasal at panalangin para sa kapakanan nila, lagi kang humingi ng kapatawaran para sa kanila, tuparin ang anumang pangako na kanilang iniwan sa iba, panatilihin ang magandang ugnayan sa iyong mga kamag-anak at maging magalang at mabait, at mabuti sa kanilang mga kaibigan."*** **(Abu Da'wood)**

Ang mga malawak na alituntuning inilahad ay ang mga pangunahing karapatan ng mga magulang, lalo na sa panig ng ina, at inilarawan ang ina bilang mayroong kakaibang paggalang sa Isalamikong katuruan.

**Ang Kababaihan bilang mga Kamag-anak at Kapit-bahay**

Ang batas sa pangkalahatang karapatan na saklaw ng Islamikong kapamahalahan para sa mga babae ay katulad din

ng sa mga kalalakihan. Ang pagmamalasakit sa kapakanan ng madla at ang damayan at pagtutulungan sa isa't isa ay ang tatak ng Islamikong pamayanan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang pagkakatulad ng mga mananampalataya sa kanilang pagmamahal, kabaitan, pangangalaga sa isa't isa ay parang iisang katawan; kung ang isang bahagi ng katawan ay maysakit, ang buong katawan ay nakakaramdam ng sakit at ang tao ay nananatiling gising magdamag."* (Muslim & Ahmed)**

At ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang mga mananampalataya, sa isa't isa, ay katulad ng isang matibay na pagkakagawa ng isang gusali, nagtutukuran sa bawat isa."*** At kanyang ipinagpatong ang kanyang dalawang daliri. **(Bukhari & Muslim)**

Kung ang babae ay tiyahin, pamangking babae, pinsan o sinumang kamag-anak, gaano man kalayo, siya ay nabibilang sa pagiging kamag-anak na ipinag-uutos ng Dakilang Allah na maging mabuti, mabait at matulungin sa kanila. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

> ***"At kayo ba, kung bibigyan ng kapamahalaan, ay magsisigawa ng kabuktutan sa kalupaan, at inyong puputulin ang gapos ng pagkakaibigan at pagkakamag-anak?"* (Qur'an 47:22)**

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Sinumang tao ang lumayo sa pagka-kamag-anak ay hindi makakapasok sa Paraiso."* (Muslim)**

At sinabi rin niya (ﷺ):

> ***"Ang kawanggawa para sa mga maralita ay isang kawanggawa, at para sa mga kamag-anak na dukha ay***

***dalawang kawanggawa, isa bilang kawanggawa at isa bilang ugnayan sa kamag-anak.”*** **(Nisa'e, Tirmidhi, Ibn Khuzaimah atbp. at napatotohanan)**

Kung ang babae ay isang kapit-bahay at siya ay isang Muslim, siya ay may dalawang karapatan; ang karapatan sa Islam, at ang ang karapatan bilang kapit-bahay. Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

***“Sambahin ninyo ang Allah at huwag kayong magtambal ng anuman sa pagsamba sa Kanya, at maging mabait kayo sa mga magulang, mga kamag-anak, mga ulila, sa mahihirap na nangangailangan, sa kapitbahay na malapit na kamag-anak, sa kapitbahay na hindi kamag-anak, sa mga kasamahan na malapit sa inyo, ang mga naglalakbay na kinapos ng panustos sa daan at sa mga angkin ng inyong kanang-kamay (mga alipin). Katotohanang ang Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at hambog.”*** **(Qur'an 4:36)**

Ang Islam ay nag-uutos sa mga Muslim na maging mabuti sa kanyang mga kapit-bahay. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

*“Si* ***Jibreel*** *(Arkanghel Gabriel)* ***ay patuloy na nagtagubilin sa akin na siyang dahilan upang ako ay mag-isip na gawing tagapagmana ang kapit-bahay."*** **(Bukhari)**

Siya (ﷺ) ay nagsabi rin:

***“Sumpa sa Allah siya ay hindi sumasampalataya, Sumpa sa Allah siya ay hindi sumasampalataya, Sumpa sa Allah siya ay hindi sumasampalataya!'*** *Siya ay tinanong: '****Sino siya o Sugo ng Allah?****' Siya ay sumagot: '****Siya na sa kanyang mga kamay ang kanyang kapitbahay ay hindi ligtas.”*** **(Bukhari at Ahmed)**

Si **Asfahani** ay nagsalaysay sa *'Hiliyat-Awliya'* na sinabi ni Talhah(ﷺ):

***"Si Umar Ibn al-Khattab (ﷺ) ay lumabas isang gabi. Naisip kong sundan ko siya upang makita kung ano ang ginagawa niya sa gabing iyon. Nakita ko siyang pumasok sa isang bahay. Pagkaraan ng sandali siya ay lumabas at pumasok na naman sa kabilang bahay. Kinaumagahan, dumaan ako sa unang bahay at pumasok dito upang alamin kung sino ang nakatira roon. Sa aking pagkabigla, natagpuan ko rito ang isang matandang babaeng bulag at may kapansanan. Tinanong ko siya; 'Ano ang ginawa ng lalaking dumating kagabi sa iyong pamamahay? Siya (babae) ay sumagot; 'Ang lalaking iyon ay siyang nangangalaga sa akin, tinutulungan ako sa aking mga pangangailangan at sinusuportahan ako. Si Talha na siyang nagsalaysay nito ay nagsabi sa kanyang sarili, 'Bakit ko iniimbestigahan ang mga Gawain ni Omar?"***

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Ang taong nangangalaga sa mga balo at sa mga ulila ay katulad ng isang tao na nakikipaglaban sa landas ng Allah.*** *At parang sinabi niya* (ﷺ)***: 'Katulad ng isang tao na nakatayo sa pagdarasal na hindi umuupo at katulad ng isang tao na nag-ayuno ng walang hinto sa pag-aayuno."*** **(Bukhari & Muslim)**

Ito ang mga ilang bantog na aspeto sa pagpaparangal, paggalang, pangangalaga at pagtulong sa mga babae batay sa katuruan ng Islam na siyang pinaka-buod ng mga karapatan ng kababaihan.

Naniniwala kami na ang mga kababaihan ay hindi nakasaksi sa mga naunang panahon o maging sa kasalukuyan ng katulad ng paggalang at pagpaparangal sa babae ng Islam sa kasaysayan ng sangkatauhan sa mundo.

May ibang mga tradisyon (hadith) ang nagpapakilala na ang Batas ng Islam ay hindi kailanman pinayagan ang krimen o pang-aabuso sa mga babae kahit kailan man sa kanilang buhay.

## Ang Mga Maling Paratang Tungkol sa mga Babae

Mayroong mga maling paratang ang lumaganap tungkol sa mga babae at ang kanilang mga karapatan sa Islam. Ito ay inulit ng mga ibang tao na may masamang hangarin upang siraang-puri ang Islam at ang mga Muslim. Ang mga babae magbuhat noong nakaraang mga siglo ng Islam ay iginagalang, nire-respeto, pinupuri at may karangalan. Ang mga krimen ng mga ibang lumihis (na Muslim) ay hindi dapat ipatungkol sa batayan ng mga prinsipyo at batas ng Islam.

Kami ay magbibigay ng mga ilang kasagutan sa mga karaniwang maling paratang na naging kalantaran tungkol sa mga karapatan at katayuan ng mga babae sa Islam sa pangkalahatan.

## Ang Poligamya sa Islam

Ang pag-aasawa ng isang lalaki ng higit sa isang asawa (poligamya) sa isang pagkakataon ay kaugalian na makaluma kahalintulad ng kasaysayan ng tao at ito'y pinahihintulutan sa batas ng Islam. Kaakibat nito, ang poligamya ay kilalang kilala sa mga makalumang tao ng Hebrew, Ehipto, Griyego, Persiya, Asyrian, Hapon, Hindu, Ruso at Alemanya.

Ang lahat ng mga nakaraang ipinahayag na relihiyon ay kinaugalian at tinanggap ang poligamya. Ang Makaluma at Makabagong Testamento ay nasa pangunahing listahan ng mga Banal na Aklat na nagbigay ng pagsang-ayon at siyang kinagawian.

Marami sa mga Propeta ng Allah, bago ang Propeta Mohammad (ﷺ), ang nag-asawa ng higit sa isa. Si Propeta Abraham (عليه السلام) ay nagkaroon ng dalawang asawa; si Propeta Jacob (عليه السلام) ay nagkaroon ng 4 na asawa; at si Propeta David(عليه السلام) ay may 99 na asawa. Si Propeta Solomon (عليه السلام) ay may 700 na asawa na pawang mga babaeng may dignidad at walang pananagutan at 300 iba pang asawa na mga babaeng alipin. Wala sa batas ni Propeta Moises (عليه السلام) na nagtakda at nagbigay ng pagsang-ayon sa tiyak na bilang kung ilang

asawang babae ang nararapat para sa isang lalaki. Ang tagapagtipon ng *Talmud,* na nakatira sa kapaligiran ng Herusalem, ay nagpatibay ng kasunduan kung ilan ang magiging asawa ng lalaki, at ang ibang iskolar ng mga Hudyo ay nagbigay ng pahintulot para sa pangalawang asawa at higit pa kung ang unang asawa ay permanenteng may karamdaman o kaya ay baog. Ngunit ang ilang pantas na Hudyo ay hindi nagbigay ng pahintulot kailan man sa pag-aasawa ng higit sa isa ang lalaki.

Sa Bagong Testamento ng Bibliya, si Hesus (عليه السلام) ay nahirang upang ganapin ang mga Batas na dala ni Moises (عليه السلام) at hindi tayo makakakita ng isang salita sa Bibliya tungkol sa pagbabawal para sa maramihang pag-aasawa.

Ang pagbabawal ng pag-aasawa ng marami sa Kristiyanismo ay lumitaw lamang dahil sa bunga ng pagbibigay ng batas ng Simbahang Kristiyanismo, at hindi mula sa orihinal na turo ng Kristiyanismo.

Dahil sa katuwirang ito, marami tayong natuklasang mga Kristiyano na huwaran na nag-asawa ng marami. Ang Hari ng Irish, Ditharmet, ay isang halimbawa ng may dalawang asawa. Si Haring Frederic II ay may dalawang asawa batay sa pahintulot ng simbahan. Samakatuwid, ang pagbabawal ay nasa kapahintulutan ng mga pari sa simbahan, at hindi batay sa pangkalahatang pagkilala sa orihinal na turo ng batas ni Hesu Kristo (عليه السلام). Si Martin Luther, ang paring Aleman, na siyang unang nagtatag sa sekta na Protestante, ay nagbigay pahintulot sa maramihang pag-aasawa at siya mismo ang nagpanukala nito sa maraming okasyon.

Ang poligamya ay nakilala sa mga tribu ng Arabong pagano bago dumating ang Islam pero walang limitasyon ang bilang ng pag-aasawa, katulad ng ibang kaso ng mga Propeta na nakasaad sa itaas. Sa pagdating ng Islam, ang Islamikong

Batas ay nagpahintulot sa poligamya subalit ang isang lalaki ay nilimitahan hanggang sa apat (4) na asawa lamang at may mga partikular na alituntunin ang namamahala sa mga pag-aasawang ito. May mga maraming halimbawa ang nakasaad sa orihinal na tradisyon na kung saan ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay humiling sa mga may asawa ng higit pa sa apat, nang sila ay tumanggap ng Islam, na pumili ng apat at hiwalayan ang iba ng may karangalan.

Ang Allah (ﷻ), Ang Pinakamapagbigay, ay nagsabi:

> ***"At kung kayo ay nangngamba na hindi kayo makagaganap na maging makatarungan sa mga babaeng ulila, kaya't kayo ay mag-asawa ng ibang babae na inyong mapusuan, (mula sa) dalawa o tatlo o apat, datapwa't kung kayo ay nangangamba na kayo ay hindi makaganap na maging makatarungan (sa kanila), kung gayon ay mag-asawa lamang ng isa kung ano ang ankin ng inyong kanang kamay (mga aliping babae). Ito ay higit na ankop sa inyo upang kayo ay hindi mabulid sa kawalang katarungan."*** **(Qur'an 4:3)**

Kaya't nakita natin ang mahigpit na hustisya at pantay na pakikitungo, at umiiwas sa anumang hindi makatarungan at mga maling gawain laban sa mga asawang babae. Ito ay itinakda bilang kondisyon para sa mga taong humihiling na magkaroon ng higit sa isang asawang babae.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbabala laban sa gawi ng may kinikilingan na nagsabi:

> ***"Siya na mayroong dalawang asawang babae at hindi pinakitunguan ng makatarungan, siya ay tatayo sa Araw ng Pagkabuhay Muli na ang kanyang kalahating bahagi ng katawan ay (paralisado) nahuhulog."*** **(Abu Da`wood, Tirmidhi, Nisa`e, Ibn Majah atbp. at napatotohanan)**

Ang katarungan at walang kinikilingan ay tumutukoy sa mga material na bagay katulad ng mga gastusin, pantay na paghahati ng kayamanan, mga regalo, oras, atbp. Tungkol naman sa mga bagay-bagay na pang emosyon, katulad ng pagmamahal at pagnanasa ng puso para sa isang asawa na nakakahigit sa isa, ito ay likas na ang lalaki ay walang kapangyarihan na pigilan ang saloobin ng kanyang puso at damdamin, dahil ang mga ito'y natural at hindi kinukusa. Si 'Aishah (ﷺ) ang ina ng mga mananampalataya at asawa ng Propeta (ﷺ) ay nagsabi, ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay namamahagi ng lahat ng bagay sa kanyang mga asawa ng walang kinikilingan, ngunit sa kabila noon, siya ay nagsasabi:

> ***"O Allah! Ito ang pamamahagi ng aking mga pag-aari, O Allah! Huwag Ninyo akong sisihin sa mga taglay Mo na wala ako.*** (halimbawa; ang emosyon ng puso)." **(Abu Dawood, Tirmidhi atbp.)**

Ang isang lalaki na hindi kayang sumuporta (ng isa pang asawa) ay hindi dapat humanap ng isa pang mapapakasalan, dahil hindi niya kayang punan o gampanan ang pangunahing pangangailangan nito. Siya na nakatitiyak at siguradong hindi kaya ang pang pinansiyal na pangsuporta ng isa pang asawa at isa pang pamilya, ay hindi papayagan na humanap ng iba pang kasal, katulad ng isang binata na naghahnap ng kasal ay dapat magsikap para kumita upang magkaroon ng kakayahang sustentuhan ang kanyang magiging asawa at ang mga anak sa kinabukasan. Ang Dakilang Allah ay nagsabi, at ito ay naaangkop sa pangkalahatang alituntunin.

> ***"At yaong walang kakayahang pananalapi upang mag-asawa ay hayaang panatilihin ang kanilang dangal, hanggang sila ay pagyamanin ng Allah mula sa Kanyang Biyaya".*** **(Qur'an 24:33)**

Tingnan natin ang mga ibang kondisyon na nangyari sa mga tao sa ibang lipunan, at suriin kung ang poligamya ay mabuting solusyon para sa mga suliranin na nangyayari at kung ang kaugaliang poligamya ay nakakabuti o nakakasama para sa mga babae. Ang mga sumusunod na puntos ay magpapatunay na ang ang pag-aasawa ng isa (monogamya) sa maraming kalagayan ay umaakay sa magulong seksuwal na pag-uugali, prostitusyon at paghihiwalay o diborsyo.

**1)** Kung ang babae ay baog at ang kanyang asawa ay gustong magkaroon ng mga anak, kailangan ba niyang hiwalayan ang babae at mag-asawa ng pangalawang asawa? O, kung gugustuhin pa rin niyang manatiling kasal sa kanyang asawa, kailangan pa ba sa lalaki na kumuha ng pangalawang asawa at bigyan niya ang mga ito ng pantay na karapatan bilang kanyang mga legal na asawa?

**2)** Kung ang asawang babae ay may malubhang karamdaman at hindi niya mapangalagaan o maibigay ang kasiyahan na hanap ng kanyang asawa, kailangan bang manatili at kumuha ng pangalawang asawa na doon siya ay mananatiling  ganap na nirerespeto, inaaruga at tinutustusan ng kanyang asawang? O kailangan ba siyang hiwalayan?

**3)** Ang ibang mga lalaki ay tunay na mayaman at mapaghanap ng kanilang karapatan sa babae bilang lalaki (sexually demanding). At ang isang babae ay hindi kayang ibigay ang legal at likas na kasiyahan na hangad ng lalaki. Kung ang buwanang regla o ang panahon pagkatapos manganak ay mas matagal kaysa sa karaniwang araw, o kaya kung hindi niya makayanang pantayan ang likas na pagnanasa ng kanyang asawa sa

ibang sitwasyon, ano ang nararapat gawin o mas mabuti para sa mag-asawa sa ganitong kalagayan? Mas mabuti ba para sa lalaki na manatiling bigo at dismayado o maghanap ng bawal na pakikipagtalik sa labas ng pag-aasawa? O magkaroon ng ibang asawang babae upang makatulong sa kanya para mapanatili ang pagiging malinis o dalisay at kuntento.

**4)** Sa maraming dako ng mundo, pandaigdigan at pambayang digmaan at ibang trahedya o kalamidad ang palaging nabibiktima ay higit na nakakarami ang mga lalaki kaysa sa mga babae. Likas na totoo, na ang bilang ng mga babae, sa maraming kadahilanan, ay kadalasang sila ay mas marami kaysa sa mga lalaki sa karamihan ng bansa. Ang magandang halimbawa ay ang una at ang pangalawang digmaan pandaigdig na pumatay ng napakaraming kalalakihan na sumali sa labanan, iniulat na mayroong sampung milyon ang nasawi dito. Sa ibang dakong maligalig, ang di-proporsyonadong relasyon ng mga namatay ay pareho. Sa gayong kaso, kung ang bawat lalaki ay magkaroon lamang ng isang asawa, ano ang kahihinatnan ng mga kababaihan na hindi makapag-asawa upang matutugunan ang mga sariling pangangailangan, pananalapi, at sekswal na pangangailangan? Mayroong sa mga babae ang maaaring maakit para mabigyang kasiyahan ang sarili at gumawa ng labag sa batas katulad ng pangangalunya, pakikiapid, o pakikipagtalik sa kapwa babae, prostitusyon, at mga ibang sanhi na nakakasira sa anumang lipunan. Sa pagdami ng mga babae na walang asawa o kamag-anak na lalaki na mag-aalaga at mag-aaruga para sa kanilang kaligtasan ay isang sanhi ng pagkalat ng katiwalian o kasalanang moral na gawain sa lipunan. Ano ang mabuti para sa lipunan at para sa mga babae sa kasong ito: ang

manatiling walang asawa at magdusa sa lahat ng pasubali ng buhay ng walang kasal; o tanggapin na maging pangalawang asawang babae ng isang lalaki na may matapat, mapagkalinga, marangal at malinis na lalaki?

Ang magulong poligamya ng walang pinipili sa kasamaang palad ay nananatili sa lahat ng makabagong lipunan, subalit dapat ba itong maging legal o ipagwawalang bahala, katulad sa kaso ng batas na ginawa ng tao, kahit na anong kinalabasan sa lipunan? Sa pinakamaraming kapanahon ng mga lipunan, tanging ang kasal sa isang babae ay ginawang legal pero ang pakikipagrelasyon sa labas ng kasal ay pinahihintulutan sa lipunan bilang kapalit sa mga nabanggit na situwasyon sa itaas sa pamamagitan ng pagiging kerida, nobya, konsorte, at pagsasamang hindi kasal. Ang mga uri ng poligamyang ito ay walang halaga na tatayo sa kanyang sarili at kung hindi sila magpapakasal, ito ay tutungo sa pang-aabuso at gulo. Ito ay nangangahulugan lamang para matupad ang pagnanasa sa laman ng bawa't isa na hindi napapatawan ng kahit na anong ubligasyon sa kanino mang parte at ito ay pang-aabuso sa karapatan ng mga babae sa pangkalahatan. Ayon sa batas, walang iginigiit na pananalapi, panlipunan, o ubligasyong pang-damdamin at kung ang babae ay magdalang-tao, ito ay kanyang pansariling problema, kasama ng kanyang bastardong anak ay maiiwan na walang suporta bilang isang pamilya at kung minsan ay inaabandona sa panlipunang bahay ampunan. Ang lalaki, sa pangkalahatan, ay hindi ubligado na aaminin na ang bata ay anak niya, kaya't hindi siya ubligadong magbigay ng sustento para sa bata. Ang pagpapalaglag ng bata (ng isang ina) ay tumataas ang bilang sa ganitong klaseng lipunan. Batay sa batas ng Islam, ang pangalawa, pangatlo, o pang-apat na asawang babae ay magtatamasa ng lahat ng karapatan at pribilihiyo gaya ng unang asawa ng

walang gahiblang kawalang katarungan o di-pagrespeto sa kanya.

Ang pakikiapid, pangangalunya at lahat ng uri ng pakikipagtalik sa labas ng kasal ay ipinagbabawal sa Islam at isinagawa ng Propeta ang lahat ng kalutasan para sa pangangalaga ng pamayanan sa mga panlipunang karamdaman na kung itoy lumaganap, magbibigay lang ito ng pinsala at kasiraan sa bawat tao, pamilya, at ang pinakaimportanteng tali na nag-uugnay sa lipunan ng buong sama-sama. Ang mga sumusunod na tradisyon ay nagpapakita ng kaalaman ng Propeta (ﷺ) at pagkamatiisin para kumbinsihin ang mga malalakas na kabataan, sa maliwanag na pagkakatulad, ang walang katarungang ng dobleng pamantayan at ang kasamaan ng pagkahumaling sa bawal na pakikipagtalik at pakikiapid. Walang sinuman ang may kagustuhan na ang kanilang babaeng kamag-anak ay mapagsamantalahan, magamit at maabuso, kaya't papaano, kung ganoon, papayagan ba niya ang kanyang sarili na pagsamantalahan ng iba?

Naisalaysay ang tunay na tradisyon na:

"Isang binata ang pumunta sa Sugo ng Allah (ﷺ) at nagsabi: ***'O Sugo ng Allah, payagan ninyo ako (****na may natatanging pahintulot)* ***na gumawa ng pangangalunya (at pakikiapid)!*** Nag-umpisang pagsabihan siya ng mga tao ng may kagaspangan, pero ang Propeta (ﷺ) ay umupo ng malapit sa kanya at nagtanong: ***'Gusto mo ba ito para sa iyong ina?'*** Sumagot siya ng: ***'Hindi'***, ***Isinusumpa ko sa Allah! Gawin sana akong sakripisyo ng Allah para sa iyo.'*** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'At gayundin, ang ibang tao ay ayaw mangyari ito sa kanilang mga ina.'*** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpatuloy: ***'Gusto mo ba ito para sa iyong anak na babae?*** Siya ay sumagot: ***'Hindi',*** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay

nagsabi: *'**At gayundin, ang ibang tao ay ayaw mangyari ito sa kanilang mga anak na babae.**'* At nagpatuloy: ***'Gusto mo ba ito para sa iyong mga tiyahin sa panig ng iyong ama at ina?'*** Siya ay sumagot: ***'Hindi'.*** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: ***'At gaya din ng mga ibang tao ay ayaw mangayari sa kanilang mga tiya sa panig ng kanilang ama at ina.'*** Pagkatapos ipinatong ng Propeta (ﷺ) ang kanyang kamay sa binata at nagsabi: ***'O Allah patawarin mo ang kanyang kasalanan at dalisayin ang kanyang puso at gawin siyang malinis*** *(panatiliing mapaglabanan ang kanyang kasalanan mula sa pakikiapid at pangangalunya.)'* **(Iniulat ni Imam Ahmad at napatotohanan)**

Maaaring masasabi ng sinuman na ang kinaugalian ay ginagamit na pagpapairal sa ginintuang alituntunin na sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ):

***"Wala sa inyo ang (tunay na) mananampalataya hanggang hindi niya minamahal ang para sa kanyang kapatid nang tulad ng pagmamahal niya para sa kanyang sarili."*** **(Bukhari &Muslim)**

Ang poligamya sa Islamikong lipunan ay hanggang apat na asawang babae lamang, ang kasalan ay isinasagawa ng ayon sa batas at may maayos na kasunduan ng kasal, mga testigo, atbp. Nararapat lang na ang lalaki ang aako sa lahat ng mga suliraning pananalapi at pananagutan para sa kanyang mga asawa't mga magiging anak dulot ng kanyang pagpapakasal. Lahat ng kanyang mga anak ay lehitimo na dapat lang na itaguyod at pagmalasakitan ng kanyang mga magulang dahil ito ay kanilang tungkulin at pananagutan.

Maaaring magtanong ang sinuman na kung bakit pinapayagan natin ang poligamya[2] sa mga lalaki, at bakit ang

[2] **Ang kaugalian sa pag-aasawa ng lalaki ng higit sa isa sa magkatulad na panahon.**

polyandarya ay hindi pinapayagan para sa mga babae (na kung saan ay maaari silang makapag-asawa ng higit sa isang lalaki)? Ang kasagutan sa simpleng tanong na ito ay dahil sa maraming likas at pisikal na kadahilanan, na nabanggit na sa itaas, isantabi muna ito na maaaring pipiliin sa bandang huli ang mga paksang ito. Ang mga lalaki sa lahat halos ng lipunan sa buong mundo ay may katungkulan, pangingibabaw at kapangyarihan sa kanilang sambahayan dahil sa kanilang likas na talino at lakas. Kahit na, para sa argumento lamang, kung ipagwalang-bahala natin ang paniniwala na sila ay malakas at kung sakali ang babae ay may dalawa o mas maraming asawa, ang tanong ay: Sino ang may tiyak na kapangyarihan at mamumuno sa tahanan – na magkagayon ay magkakaroon ng nakakasakit na paligsahan, paninibugho, galit, at hinanakit laban sa bawa't isa sa mga lalaki na ang resulta ay malaking gulo at pagkasira ng lipunan. Higit pa rito, kung ang mga babae ay pinayagan na ikasal sa higit sa isang lalaki, sino ang dapat maging legal na ama ng bata na kanyang dinadala, at papaano malalaman kung sino ang tunay na ama na kapanipaniwala? Ano ang mangyayari sa bilang ng mga naninirahan sa lipunan pagkatapos ng isang salinlahi sa ganitong kalagayan? Dapat ba na ang mga lalaki ay mananatiling matapat sa kanilang sinumpaang kasal sa isang babae o siya ba ay maaaring maakit sa magulong pakikiapid? Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay maliwanag. Dahil sa ang babae ay maaari lamang magbuntis ng halos isa sa isang taon at maaari lamang siyang mabuntis ng isang lalaki sa isang panahon, samantalang ang lalaki ay maaaring makabuntis ng higit sa isang babae sa sunod-sunod na panahon, samakatuwid, makatuwiran at likas sa lalaki ang magkaroon ng higit sa isang asawa at ang babae ay hindi puwedeng kumuha pa ng ibang asawa.

Higit sa lahat sa poligamya, ang lalaki ay ay may tungkuling sustentuhan ang lahat ng kanyang mga asawa at anak, na magpapanatili sa lahat ng bagay na maayos, samantalang hindi ito naaakma sa usaping polyandarya (pagkakaroon ng maraming asawang lalaki), kaya't ito ay di-praktiko kahit saan mang anggulo.

Ang mga sumusunod na paglalahad ng mga ibang manunuri sa gawing Kanluran ay humiling sa poligamya at tinatanggap na ito lamang ang kalutasan ng kanilang mga suliranin na kinahaharap ng kanilang lipunan.

Si Ginoong **Gustave Le Bon**, ang bantog na manunuring taga Pranses ay nagsaad sa kanyang aklat, 'Arabic Civilization':

***"Ang poligamya ay makalulutas sa mga mapanganib na sakit ng lipunan, pipigil sa magiging kerida at hahadlang sa mga magiging anak sa labas sa lipunan."***

Si Ginang **Annie Besant**, sa kanyang aklat na, 'Indian Religions', ay naiulat:

***"Nabasa ko sa Lumang Testamento na ang pinakamalapit na kaibigan ng Allah, ay ang may pusong gumagawa sa kagustuhan ng Allah, at ang mga nag-aasawa ng higit sa isa. Higit pa rito, ang Bagong Testamento ay hindi ipinagbawal ang poligamya maliban sa mga pari at mga ministro ng simbahan, na pinagsabihan ang mga ito na kumandili ng isang asawang babae lamang. Ang mga lumang aklat na pang-relihiyon ng mga Indian ay nagpapahintulot din ng poligamya. Ganon pa man, madaling magbigay ng pamumuna ang mga taga ibang relihiyon. At ito ang dahilan kung bakit ganito ang kaisipan ng mga tao sa Islam at inaatake sa pamamgitan ng poligamya. Ganoon pa man,***

*ang nakapagtataka na ang mga taga Kanluran ay laban sa mahigpit at limitadong poligamya ng mga Muslim, samantalang sila ay nagdurusa sa malawakang prostitusyon at kaguluhan sa kanilang sariling lipunan. Sa malapitang pagsusuri sa lipunang Kanluran ay malalantad na kakaunti lamang sa kanila ang wagas, dalisay at matapat na taong may pitagan sa kanilang malinis na pag-aasawa at may dangal sa pagpapakasal sa isang asawa at walang ibang kinakasama.*

*Samakatuwid, hindi tamang ipahayag sa isang bayan na ang isang lalaki ay kasal sa isang asawa lamang ngunit mayroong siyang kinakasama, nobya at iba pang relasyon sa labas ng kanyang tunay na asawa. Kung tayo ay makatuwiran at makatarungan, makikita natin na ang poligamya sa Islam ay kinakalinga, iginagalang, nililingap at nirerespeto ang mga kababaihan sa lipunan. Ang poligamya ay higit na mainam kaysa sa prostitusyon ng mga taga Kanluran na nagbibigay pahintulot sa lalaki na magkaroon ng kabit o kasintahan para sa panandaliang kaligayahan na hindi isinasaalang-alang ang damdamin, emosyon, pangangailangan at karangalan ng isang babae. Pababayaan na ng lalaki ang babae pagkatapos na makuha ang kanyang hangarin. Walang panlipunang ubligasyon ang isang lalaki hinggil sa kabit o kasintahan na nakapagbigay ng kanyang saglit na kaligayahan at pansamantalang kasama. Ipagpalagay natin na totoong hindi maganda ang poligamya at ang pakikiapid o prostitusyon ay parehong masasama at hindi tinatanggap, sa kabila noon ay hindi makatarungan para sa mga di-Muslim na pagbintangan ang mga Muslim sa mga gawaing kanilang ginagawa bagama't maluwag na tinatanggap ng kanilang lipunan."*

Si **Ginoong Jawad**, ang kilalang Ingles na pantas ay nagsabi:

***"Ang mahigpit na pamamalakad ng Britanya na humadlang sa poligamya ay di-makatarungan at di-katanggaptangap na pamamaraan. Pinahirapan ang mga humigit kumulang na dalawang milyong kababaihan na naging matandang dalaga. Nawala ang mga kabataan ng mga babaeng ito at inalisan ng karapatang magka-anak. Ang mga babaeng ito ay napilitang ipawalang-saysay ang kahalagahan ng kagandahang asal na para bang ipinawalang kahulugan ang panahon."***

Si Ginoong **Mobenar,** kasapi ng dating Batasan ng Pransiya ay naglahad:

***"May mga dalawa at kalahating milyong babaeng Pransiya na ngayon ay hindi na makahanap ng asawa, kaya't kung ipagpalagay natin na ang bawa't lalaking Pransiya ay mag-aasawa lang ng isa, tahasan kong ipapahayag kung ano ang tunay kong paniniwala na ang babae ay hindi magiging maligaya sa buhay hanggat hindi siya magiging ina. Naniniwala ako na kahit anong batas ang ang magpapasiya sa ganiyang karaming miyembro ng lipunan na namumuhay at pinipigil, hinahadlangan at hindi inaasikaso ang pagpapatupad sa likas na batas ng tao sa mundo, ito ay matatawag na mabalasik at malupit ang batas na sinasalungat ang pianaka- simpleng kahulugan ng katarungan at pagkapantay-pantay."***

**Noong taong 1959, ang 'United Nations' ay naglathala ng natatanging lathalain na naglarawan:**

Ang lathalaing ito ay pinatutunayan ng marami at ng mga estatistika na ang buong mundo sa ngayon ay nahaharap sa malaking suliranin ng mga batang anak sa labas (ilehitimo), ang pagkakaroon ng labag sa batas na mga anak. Ang mga bilang ng mga anak sa labas ay nadagdagan ng 60% sa mga

ibang bansa. Sa Panama, halimbawa, ang porsiyento ng mga batang anak sa labas ay umabot hanggang 75% ng mga batang ipinanganak sa bansang iyon. Ang ibig sabihin, tatlo sa bawat apat na mga bata ay anak sa labas o ipinanganak ng ina na hindi kasal. Ang pinakamataas na porsiyento ng mga anak sa labas ay nailathala sa Latin America."

Samantalang ang mga lathalain ay nagpapatunay at nagpapakita na ang bilang ng mga anak sa labas sa mga bansang Islamiko ay wala kung ihahambing sa mga ibang bansa. Ang patnugot ng lathalain ay nagpatuloy ng paglalahad na sinasabing, ***"ang mga bansang Islamiko ay may pag-sanggalang sa ganitong uri ng sakit ng lipunan at ito ay ang tunay na pagpapahintulot sa mga tao ng poligamya***."

## Ang Karapatan ng Tagapangalaga sa Kontrata ng Pag-iisang Dibdib o Pag-aasawa

Sa batas ng Islam, ang isa sa hinihiling para sa makatarungang pakikipag-isang dibdib ay ang buong laya ng pagsang-ayon ng babaeng may kinalaman sa kasunduan.

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang 'ayyim'*** (ang diborsyada o ang balong bababe) ***ay hindi dapat piliting ikasal kung hindi niya ito kagustuhan. At ang isang dalaga (birhen) ay hindi nararapat na ipakasal maliban na lamang kung siya ay sinanggunihan (at nagbigay ng pahintulot)***. At may nagtanong: ***"O sugo ng Allah (ﷺ), paano malalaman ang kanyang (babae) pagsang-ayon?" Ang Propeta(ﷺ) ay sumagot: 'Kung siya'y nanatiling (ang babae) tahimik, ibig sabihin siya ay pumapayag."*** **(Bukhari atbp.)**

Kung ang isang babae ay pinilit para tanggapin ang di kanais-nais na pagpapakasal, siya ay may karapatang idulog ang usapin sa harap ng Muslim na Hukom at hilingin ang pag-papawalang bisa nito (ng kasal). Ang babaeng nag-ngangalang **al-Khansa Bint Khadam** na noo'y ikinasal (na diborsyada), ay nagtungo at nagsumbong sa Sugo ng Allah (ﷺ) na pinilit siyang ipinakasal ng kanyang ama sa isang tao

kahit na hindi niya ito gusto. Kaya pinawalang saysay ng Propeta (ﷺ) ang kasal nila.[3]

Ang ilan pang pamantayan na dapat ay hindi niya ipapaubaya ang sarili sa pakikipag-isang dibdib sa sinuman ng wala siyang tagapangalaga. Ang kanyang ama, o kung halimbawa pumanaw na, ang kanyang lolo, tiyuhin (sa ama), kapatid na lalaki, o maaari ang kanyang anak na lalaki na nasa tamang gulang na, o ang punong bayan, ang siyang gaganap bilang kanyang tagapangalaga sa larangang ito upang makatiyak ang kanyang karapatan ay isinaalang-alang kaakibat ng kanyang paglagda sa kasunduan ng pakikipag-isang dibdib. Ang gumaganap na tagapangalaga ay dapat nakakasiguro na ang lalaking makakaisang dibdib ng babae ay matapat at may pamantayan, na ang babae ay mabigyan ng tama o sapat na dote, at ang dalawang saksi ay magpapatotoo na ang kasunduan ay buong layang tinatanggap ng babae. Ang lahat ng panuntunang ito ay para mapangalagaan ang kanyang karapatan at ang kabanalan (kadalisayan) ng kasal.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay ginawang malinaw ito ng siya ay nagwika: *"Walang kasal kung wala ang tagapangalaga."* **(Pag-uulat ni Abu Da`wood, Tirmidhi atbp at napatotohanan)**

At sa ibang pag-uulat:

> *"Walang kasal kung walang tagapangalaga, at ang pinuno ay ang magiging tagapangalaga ng babae na (mangyaring) walang tagapangalaga."* **(Ahmad at Ibn Majah at napatotohanan)**

Samakatuwid, kung ang babae ay magtanan at makipag-isang dibdib, ito ay tinuturing na labag sa batas, gaya ng pahayag ng Propeta (ﷺ)**:**

[3] Iniulat ni Bukhari.

***"Sinumang babae ang makipa-isang dibdib ng walang pagsang-ayon ang kanyang tagapangalaga, ito ay walang bisa, ito ay walang bisa, ito ay walang bisa, at kung nagsiping na sila ng lalaki dahil sa pagpapakasal, pagkaraan kailangang makatanggap ang babae ng dote mula sa lalaki kung saan nagawa niyang angkinin ang pagkababae nito, at kung sila'y masadlak sa pagtatalo magkagayon ang pinuno ay siyang magiging tagapangalaga para sa mga walang tagapangalaga."*** **(Ahmad, Abu Da`wood, Tirmidhi at Ibn Majah, at napatotohanan)**

Gaya ng nabanggit sa itaas sa mga karapatan ng mga anak na babae, maging birhen o ano pa man, ang karapatan ng isang babae ay tanggapin o tumangi sa anumang alok ng pakikipag-isang dibdib ng may malayang pag-iisip. Ang kaugalian ng tagapangalaga ay isaalang-alang lamang ang kanyang kagustuhan. Ang katotohanan ang punong bayan o punong lalawigan ay ang kaniyang tagapangalaga ayon sa batas upang matiyak na ang lahat ay nasa kaayusan at walang di-makatarungan magaganap na na siyang magpapalakas sa kasagraduhan ng kasunduan sa pakikipag-isang dibdib at sa kabanalan ng kanyang karapatan sa Islam.

Sapagkat ang babae ay na nanatili sa katayuang likas na mahina, ang Islamikong batas ay naglatag ng mga alituntunin at batas na magsasangalang sa kanyang kapakanan at pangangalagaan ang kanyang mga karapatan. Ang ama, ang ina at ang mga kamag-anakan, kung kakakailanganin, tumulong sa pagpili ng tama at nararapat na mapangasawa, yamang ang lahat ay naghahanap ng kanyang kaligayahan at wala ni isa man ang nagpita na siya ay mabulid sa maling pakikipag-isang dibdib. Ang layunin ng pakikipag-isang dibdib ay maitatag ang pang-habangbuhay na relasyon sa

pagitan ng isang lalaki at isang babae at isang tahanan na may pagmamahalan at pagpapala para sa mga supling, hindi lamang ang pansariling kasiyahan ang hangarin. Dahil ang mga kababaihan, sa pangkalahatan, ay mas maramdamin kaysa sa mga kalalakihan at mas madaling masimbuyo ang damdamin at natutukso sa panlabas na anyo kasya sa malalim na katotohanan, ang batas ng Islam ay nagbibigay karapatan sa tagapangalaga na tutulan o tanggihan ang mga mungkahi kapag ang manliligaw ay mapagtantong hindi tapat at hindi magkabagay. Ang lalaking tagapangalaga sa usapin ay ang tangi lamang binigyan ng likas na katungkulang gumanap at mangalaga. Higit pa rito, di maitatatwa na ang mga kalalakihan, bilang parehong kasarian, ay may mas kakayahan na mapansin ang katangian ng ibang kalalakihan, at mayroong mas kakayahang hanapin ang mga ugali ng lalaking aakma sa kanyang anak na babae o ang babaeng nasa ilalim ng kanyang pangangalaga. Nararapat din siyang humingi ng payo mula sa asawa at sa mga iba pang kababaihan sa pamamaraan ng pagpili ng makaka-isang dibdib ng babae. Kung ang nararapat na ginoo ay nagpahayag ng pakikipag-isang dibdib at ang tagapangalaga ay tumanggi sa walang kadahilanan, samakatuwid maaaring idulog sa hukuman ng batas ang usapin at paglabanan ang tagapangalaga. Ang katayuan bilang tagapangalaga ay ibibigay sa pinakamalapit na mapapanaligang kamag-anak na babae, at kung wala siyang kamag-anak na lalaki na maaaring mapapanaligan, ang Muslim na hukom ang siyang ipagpapalagay na tagapangalaga.

Sa kahuli-hulihang pagsusuri, ang tunay na panukat sa nararapat na kapareho sa pakikipag-asawa ay ang paglalahad ng Propeta ng Allah (ﷺ):

> *"Kung ang isang tao ay lumapit sa iyo at nagmungkahi o nag-alok ng pagpapakasal at ikaw ay nalugod sa kanyang relihiyon at kaugaliang wagas, kung gayon ikaw ay magpakasal. Subalit kung siya ay binigo mo, may malaking kasamaan ang magaganap sa mundo, at lalaganap ang katiwalian."* **(Tirmidhi at Ibn Majah, at napatotohanan)**

Ang lalaking matino at may mabuting kaalaman sa kanyang pagtupad sa kautusan ng Islam, na may mabuting pamantayan ng pag-uugali, ay ipagmamalaki at ipagbubunyi ang kanyang asawa, at pakikisamahan niya ito ng may katarungan at kabaitan kahit na siya ay hindi mahal nito.

## Ang Pananalapi at Moral na Tungkulin sa Pamilya

Ang Dakilang Allah ay nagsaad sa Banal na Qur'an:

> ***"Ang mga lalaki ay tagapagtanggol at tagapangalaga ng mga babae dahil ginawa ng Allah ang isa sa kanila nang higit sa isa (babae), at dahil sila ang nagtataguyod sa kanilang mga pangangailangan mula sa kanilang kakayahan at kayamanan…"*** **(Qur'an 4:34)**

Ang talata na ito ay nagbibigay buod sa pananalapi at banal na pananagutan sa pamilya na siyang pananagutan ng lalaki. Ang likas, panlabas na anyo at pakikisamang mga katangian ng mga lalaki ay humihiling na dapat lang na sila ang umako sa mga ganitong pananagutan dahil ang kasarian nila'y mas malakas upang magtrabaho sa kadahilanang sila'y malaya sa pagreregla, pagbubuntis, pag-aalaga at maagang panganganak. Ang lalaki ang siyang "tagapag-alaga" sa kanyang sariling sambahayan – ang pastol sa kanyang mga

tagasunod (sa kasabihan na nabanggit sa una) – at siya ay matatanong at mananagot sa lahat ng kanyang tungkulin. Ang babae sa kanyang likas na pangangatawan ay mahina kung ihahambing sa lalaki, ipinanganak na maramdamin at naitakda sa pagbubuntis at bilang tagapamahala sa pamamahay.

Siya ay higit na nabiyayaan ng pang-unawa at maramdaming karunungan. Ito ang kanyang likas na ginagampanan bilang babae na binibigyan ng ganap na respeto at pangangalaga. Dahil sa sakit at mga pasanin sa pagreregla, pagbubuntis, panganganak, pangangalaga, at patuloy na pagpapalaki sa mga anak, madalas nangangailangan siya ng panahon na magpahinga at hindi niya kailangang akuin ang karagdagang pananagutan ukol sa pananalapi at pagtatrabaho upang masustentuhan at pangalagaan ang sambahayan. Lahat ng pag-alaalang ito ay nakaka-apekto sa pag-iisip ng babae at ito ay mailalarawan sa kanyang buhay, sa kilos at kaasalan. Ito ay likas na kalagayan nangyayari sa maraming lipunan, na kadalasan ay hindi nabibigyan ng katarungan, gaya ng nabanggit na sa una.

Si Ginoong **'Abbas Mahmoud al-'Akkad**, ang kilalang manunulat na taga Ehipto ay nagsaad:

*"Ang mga babae ay mayroong kakaibang likas na damdamin na kakaiba sa likas na damdamin ng isang lalaki. Ang lagi ng kasama ng bata ay nakapagpa-impluwensiya ng pagkakatulad sa kaisipan ng bata at ng kasama nito, ang ina. Kailangang unawain ng ina ang kagustuhan ng bata, kung ano ang kailangan niya, kung ano ang iniisip at ano ang nararamdaman. Samakatuwid, batay sa katotohanan na ito, ang babae ay higit na madaling*

***tablan ng kabutihang-loob. Kaya't mahirap sa babae kung ihambing sa lalaki sa pagiging matatag at mabagsik sa pagpapasiya kung kinakailangan."***

Si **Dr. Alex Liberelle**, isa sa nagtamo ng dakilang gantimpala (Nobel Prize), ay nag-ulat habang ipinapakita niya ang likas na pagkakaiba ng katawan ng lalaki at babae:

***"Ang mga bagay na pagkakaiba ng lalaki at babae ay hindi lamang sa kasariang bahagi, ang pagkakaroon ng matres at pagbubuntis. Ang mga bagay na ito ay hindi lamang sa pagkakaiba ng pamamaraan ng pagtuturo ng babae at lalaki. Sa katunayan, ang mga pagkakaibang ito ay mga likas na batayan. Ang himaymay na sangkap ng mga katawan ng lalaki at babae ay may pagkakaiba. Ang klinikal (chemistry) ng kanilang katawan ay magkaiba. Tiyak na may glandula (gland) na naglalabas lamang ng bagay na mula lamang sa partikular na kasarian. Ang babae ay lubos na kakaiba sa lalaki sa terminong mga kemikang bagay na nanggagaling sa loob ng obaryo ng babae."***

Ang panawagan sa buong pagkapantay-pantay ng mga lalaki at babae ay hindi nauunawaan ang mga tunay na batayan ang mga pangunahing pagkakaiba, (na kung alam lang nila ay hindi hihingin ang panawagang ito). Ang mga tumatawag at mga nagtatanggol ng pagkapantay-pantay ng mga kababaihan ay dapat humingi ng magkatulad na edukasyon na dapat ibigay sa parehong lalaki at babae, at dapat ialok ang parehong uri ng trabaho, tungkulin, pananagutan at katayuan. Ang likas na katangian ng mga kababihan at ang mahahalagan kabuuang katawan, ganoon man, ay lubhang may pagkakaiba kaysa sa lalaki. Lahat ng bahaging selula ng mga babae ay uri na pambabae. Sa

ganitong pangangatuwiran, makikita natin na ang sangkap ng katawan ng lalaki at babae ay tunay na magkaiba sa bawa't isa. Hindi ba nila nakikita at sila ay humihiling para maging pantay? Hindi nila nakikita na ang bawa’t bahagi ng katawan ng lalaki at babae ay bukod tangi para sa kanilang sarili at naiiba sila sa isat isa. Pantay din kung tukuyin ang 'nervous system' ng lalaki at babae na tamang-tama ang pagsasagawa ng tungkulin at regulasyon nito sa buhay ng tao. Dapat nating tanggapin ang mga alituntuning natural at hindi dapat magtangkang baguhin at hindi dapat tanawin na ang mga ito ay hindi pangkaraniwan. Para sa kanilang pakinababang, parehong mga lalaki at babae ay dapat ihubog sa kani-kanilang talino batay sa kanilang likas na kakayahan at hindi dapat tumulad sa kasalungat na kasarian na maghahatid ng pang-aabuso sa kanilang sarili at sa iba. Isa pang mahalagang bagay na dapat isaalang-alang ay ang katotohanan na ang katawan ng mga kalalakihan ay likas na higit na malakas kaysa sa mga kababaihan. Ang mga lalaki ay nakakagawa ng higit na nakapapagod, nakahahapong trabaho at mga gawaing kamay, datapwa't ang mga babae ay hindi kayang magpakita ng parehong lakas at pagtitiis. Ito ay isa pang patunay na ang mga lalaki ay likas na may kakayanan at karapatan upang gampanan ang pagiging pangulo sa pananalapi at nauukol sa mga ibat-ibang gawain sa sambahayan sa pakikipagsangguni sa kanilang mabait na asawa, na siyang alituntunin ng Islam, na nabanggit na sa unahan.

## Ang Pananakit sa Asawang Babae

Ang Dakilang Allah ay nagsaad sa Banal na Qur'an:

***"…At para sa mga babae na may masamang kaasalan, (una) sila ay dapat pagsabihan, (kasunod nito) hindi sila dapat tabihan sa pagtulog, (at pang-huli) saktan sila (ng bahagya lamang kung kinakailangan). Ngunit kung sila ay nagsisi at tumalima, huwag silang gawan ng (anuman) laban sa kalooban nila (para ikayamot). Tunay, Ang Allah ang Siyang Pinakamataas, at Pinakadakila."* (Qur'an 4:34)**

Ipinagbabawal sa Islam ang pananakit sa mga babae at mahigpit na nagbabala laban dito. Ang Propeta (ﷺ) ay hindi kailanman nanakit kaninuman sa kanyang mga asawa o mga alila, gaya ng kanyang asawang si Aisha (رضي الله عنها) na nag-ulat sa mga ibang tunay na tradisyon. Ang mga babae, sa pangkalahatan, mas mahina kaysa sa mga lalaki sa kanilang pisikal na kalagayan. Sa pangkalahatan, ang mga babae ay kalimitang hindi maipagtanggol ang kanilang sarili laban sa dahas. Ganoon pa man, kahit na ipinagbabawal ang

pananakit sa mga babae, ang Islam ay nagbigay ng pahintulot sa pananakit sa mga asawa ng may takda at kung kinakailangan lamang, bilang huling panlunas at may katanggap-tangap na dahilan kung ang lahat ng paraan ay nabigo. Ito ay maaaring ihalintulad sa pagsampal sa mga bata kung ang lahat ng pamamaraan ay nabigo at kailangan nilang magkaroon ng aral upang maging masunurin para din sa kanilang kaligtasan at tagumpay.

Sa talatang inilahad, ang Dakilang Allah ay nagpaliwanag kung ano ang dapat gawin sa asawa na lagi ng sumusuway sa kagustuhan ng asawa. Ang panlunas sa ganitong napakaselang pangyayari ay mga banayad na hakbang katulad sa tinalakay na talata. Ang gamot o panlunas ng anumang karamdaman ay maaaring napakapait kung minsan. Ngunit malugod na tatanggapin ng may sakit kahit na ito ay napakapait gumaling lamang siya sa kanyang sakit. Ang panlunas sa di pagsunod ng babae sa asawa ay mapapansin nating nasa tatlong antas;

**Unang Antas:** Ang antas ng pagpapayo**,** pagsanguni at pagbibigay ng babala sa kaparusahan mula sa Allah. Ang lalaki ay dapat nagpapaalaala sa kanyang asawa sa kahalagahan ng pangangalaga ng kanyang karapatan sa Islam. Ang antas na ito ay napakabuti at magaan. Ngunit kung ang lunas na ito ay hindi mabisa o hindi epektibo, susundan ito ng pangalawang antas.

**Pangalawang Antas:** Ang pag-iwan ng lalaki sa higaan ng asawa. O kung natutulog man sa parehong higaan, tumalikod siya sa pagtulog, huwag itong kausapin at hindi dapat makipagtalik sa babae. Ang antas na ito, ating mapapansin, ito ay magkahalong may pagka-istrikto at kabaitan, bagama't ito ay napakasakit sa dalawa. Ngunit kung ang lunas na ito

ay hindi rin nagbubunga ng maaayos, nararapat na gawin ang huli at ikatlong antas ng pagdisiplina:

**Ikatlo at Huling Antas:** Ang walang sakit na pamamalo nang walang balian ng buto, walang pasa sa katawan at ang pag-iwas sa paghampas sa mukha at ibang bahagi na madaling makaramdam (ng sakit) kahit na ano ang mangyari. Ang layunin ng pananakit sa kanya ay para lamang mabigyan siya ng aral (liksiyon) at hindi para saktan siya sa paghihiganti. Ang Islam ay nagbabawal ng sobrang pananakit na pagpaparusa. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Wala sa inyo ang dapat manakit sa inyong asawa gaya ng pananakit sa alipin at pagkatapos ay makipagtalik sa kanya kinagabihan."***

Ang pagtratong ito ay nagpapatunay na mabisang pampigil sa dalawang klaseng babae, katulad ng napagpasiyahan ng mga sikolohista (Psychologist) na sumusunod:

**Ang Unang Uri:** ***Dominanteng Babae.*** Ito ang mga uri ng babae na nais supilin, lupigin at gustong hawakin ang gawain ng lalaki sa pamamagitan ng pagmando sa kanila.

**Ang Ikalawang uri:** ***Masunurin at Mabait na Babae.*** Ang mga babaeng ito ay maaari pang matuwa kung sila ay sinasaktan paminsan-minsan bilang simbolo ng pagmamahal at pag-aalala.

Si Ginoong **G. A. Holdfield**, isang Sikolohista na taga Europa, sa kanyang aklat, ***'Psychology & Morale'*** ay naisulat ang mga sumusunod:

***"Ang likas na pagkamasunurin ng tao ay nagbibigay lakas sa maraming pagkakataon na sa kalaunan ang***

***masunuring taong ito ay nasisiyahang nakikita na siya ay pinahihirapan, inaapi at pinagmamalupitan ng kapwa niya. Ang ganitong masunuring tao ay pinapasan ang lahat ng bunga ng kanyang pagpapakasakit dahil na rin sa katotohanang siya ay nasisiyahan sa pasakit na ibinibigay sa kanya. Ito ay likas sa mga kababaihan bagamat ito ay hindi nila napag-iisipan. Dahil sa ganitong kadahilanan, ang mga kababaihan ay kilala sa pagiging matiisin sa pasakit kaysa sa kalalakihan. Ang ganitong uri ng asawang babae ay naaakit at humahanga sa kanyang asawa kapag siya ay sinasaktan. Sa kabilang dako, walang maaaring makapagdulot ng lungkot sa babae kung ang asawa niya ay maginoo, mabait at masunuring asawa (lalaki) na hindi nakararamdam ng pagkabalisa kahit na ano pa ang paghamon at sabihin sa kanya."***

Ang pananakit, ayon sa turo ng Islam, ay nakatala bilang pinakahuling antas ng pagdi-disiplina. Ang Islam ay hindi sumasang-ayon at hindi pinapalampas ang pananakit kung inaakala na ang unang dalawang antas ay subok nang epektibo bilang paraan ng pagpapabuti. Karagdagan pa dito, ang pananakit ay hindi dapat gawin bilang panlunas kung ang babae ay ninanais na hiwalayan.

Ang tatlong antas ng pagdi-disiplina na nakalahad sa talata ng Banal na Qur'an ay tanging paraan ng pagdi-disiplina para sa kaligtasan ng pamilya. Isang dahilan ng pagkawasak ng isang pamilya ay kung ang babae ay biktima ng paghihiwalay. Ang layunin ng Islam ay upang mapaginhawa ang hindi kailangan mga pananakit, mga problema at mga kaguluhan.

Sa huling estatistika sa Britaniya, naideklara na ang bilang ng mga babaing dumanas ng malupit na pananakit ng kanilang asawa ay tumaas mula sa 6,400 noong 1990

hanggang 30,000 noong 1992. Ang bilang na ito ay tumaas pa hanggang 65,400 na babae noong 1995. Ang mga taong gumagawa ng estatistika ay naniniwalang magdodoble pa ang mga bilang na ito hanggang 124,400 sa bandang huli ng dalawampung siglo! Ang mga estatistikang ito ay sinabing batay sa mga nakuhang impormasyon sa mga kagawaran ng pulisya. Ngunit, iba pa ang mga nangyayaring pananakit sa mga asawa, at sa pananakit sa mga babae sa pangkalahatan na hindi naiuulat!

Si Ginang **Annie Besant** ay nagsabi habang pinaghahambing ang Batas ng Islam at ang pagbabatas ng mga taga Kanluran tungkol sa mga karapatan ng mga babae:

***"Ang Batas ng Islam ay kabilang sa mga pinakamahusay na batas sa mundo kung pag-uusapan ang tungkol sa mga babae. Ito ang pinakamakatarungan at makatuwirang batas. Nahigtan ang pagbabatas ng mga taga Kanluran tungkol sa pamamahala ng lupa, sa pamana at ang batas sa diborsiyo. Ito ay nagiging tagapagtanggol sa karapatan ng mga babae. Ang kasabihan ng mga taga Kanluran, 'Isang maybahay ay sapat na sa lalaki', at ang poligamya, ay nagbigay kalituhan at naglayo sa kanila sa tunay na pighati at paghihirap na ngayon ay dinaranas ng mga kababaihan ng Kanluran. Maraming mga lalaki ang nilayasan ang kanilang mga asawa pagkatapos nilang makuha ang nais nila sa kanila. Sa katunayan, ang ganitong uri ng kalalakihan ay walang pagmamahal, pagmamalasakit at awa sa kanilang mga asawa."***

## Ang Pagpatay Dahil sa Karangalan

Ilan sa katutubo at makatribung pag-uugali sang-ayon sa ibat-ibang lipunan, ang kinamulatan ay ang pagbibigay sa lalaki ng kapangyarihang mangibabaw kung ang kanilang karangalan ay nakataya, at nahiwatigan na ang kanilang mga kababaihan (kamag-anakang babae) ay gumagawa ng kalokohan, at kahit na walang katotohanan at hindi mapatunayan na siya nga ay gumagawa ng pakikiapid, papatayin siya ng lalaki upang mapangalagaan ang kanyang karangalan. Ang kalagayang ito ay pinagulo ng mga tagapagbalita dahil sa ilang mga walang prinsipyong tao na nasa kapangyarihan sa ibat-ibang parte ng pamahalaan na kinagawiang takpan ang kanilang mga mata o nagkukunwaring bulag sa mga panyayari, kaya't, ang naging bunga ay ang pagpapatuloy nito.

Ang kasagutan dito ay madali. Sa pasimula, ang mga tao ay di pinapayagan ilagay ang batas sa kanilang sariling mga kamay at parusahan sa ganitong gawain laban sa hindi tamang hinala ng pakikipag-relasyon, na kung saan ang

alituntunin ng pagtestigo sa Islam ay napakahigpit. Samakatuwid, ito ay tuwirang paglabag sa Batas ng Islam. Kung ang hukuman ay tayahin ang kaso bilang ganap na pagplanong pagpatay, pagkatapos ng masusing pagsusuri at pag-aaral ng lahat ng pangyayari at ang pagtanggap ng mga katibayan na walang pasubali, ito ay mayroong kaparusahan sa Batas ng Islam ng walang kinikilingan at paghihiganti sa mga ganitong kaso ng pagplanong pagpatay.

Ang malungkot na katotohanan ay dahil sa batas ng walang kaugnayan sa relihiyon ay nasa mga bansang ito, at dahil ang mga politiko ay pinapayapa kunwari ang pagkakahati ng mga tao at ibang namumuno para sa kanilang kapakinabangan ukol sa politika, at ang mga di-makatuwirang kinamulatan ito ay pinapahintulutang magpatuloy. Kung ang mga batas ng Islam ay napagtibay at ipinatupad, ang mga matinding parusa laban sa pangangalunya, pakikiapid, pagpatay atbp. ay makapagbibigay saya para sa mga Muslim; na ang katarungan ay mangingibabaw, at ito ay makakabawas sa damdaming paghihiganti na binabalak.

## Ang Karapatang Makipag-Diborsiyo ay nasa Lalaki

Sa panahon bago dumating ang Islam ang diborsyo ay isang sandata laban sa kababaihan na tanging nasa kamay lamang ng kalalakihan; kung ninanais ng lalaki na saktan ang asawa, siya'y hihiling ng diborsyo at pagkatapos ay muling babawiin sa kanyang kagustuhan. Noong wala pang binalangkas na mga alituntunin at ang mga kababaihan ay walang karapatan sa bagay mga na ito. Kaya ang Allah (ﷻ) ay nagpawalang-saysay sa kabuktutang ito sa pagpahayag ng sanaysay na nagsasabing:

***"Ang Diborsyo ay dalawang ulit lamang: pagkaraan ang isa (babae) ay maaaring manatili (sa makatuwirang kasunduan) o kaya'y tuluyan nang sila ay maghiwalay ng matiwasay (sa makatuwirang kasunduan)…"*** **(Qur'an 2:229)**

Bilang pamamaraan upang mapanatili ang kasal kahit na may mga hindi pagkakaunawaan na nangyayari, ang lalaking Muslim alinsunod sa *Sunnah* ng Propeta (ﷺ) ay maaari lamang makipag-diborsyo sa oras na ang babae ay malinis mula sa buwanang regla at hindi sila nagtabi sa buwan na iyon. Bagama't kadalasan ito ay nangangailangan ng paghihintay ng panahon bago ipahayag ang diborsyo – na nangangailangan ng dalawang testigo – ang panahon na ito

ay maaaring magdulot na mapalis ang anumang di-pagkakaunawaan at maliwanagan, at magbigay ng panahon sa ibang kasapi ng kapamilya o ang mga tagapamagitan na tumulong sa pakikipagbalikan. Kung sila'y magpapatuloy na maghiwalay, kung gayon siya ay kailangan maghintay muna na ng tatlong buwanang dalaw. Sa panahong ito, maaaring pabalikin ng lalaki ang asawa ng may karangalan sa kanilang kasal.

Kapag ang takdang panahon ay lumipas na at hinayaan niya (lalaki) ang paglisan ng asawa, siya (babae) ay tuluyan ng hiwalay sa unang pagkakataon, at malayang mag-asawa sa ibang lalaki. Ang unang asawa ng babae ay maaari siyang muling pakasalan sa panibagong kontrata, kung ang bawat isa sa kanila'y pipiliin ang gayong kaparaanan. Kung pinakasalan ulit ng lalaki, at muli niyang diniborsyo ang babae, maaari niyang ibalik ang asawa sa loob ng ikatlong buwanang regla nito, at ito ay ang pangalawang diborsyo at pagsasauli. Pagkatapos ng pangalawang diborsyo at ang pagsasauli, at kung ididiborsyo niya (lalaki) ang asawa sa ikatlong pagkakataon tatawagin itong huling paghihiwalay (diborsyo) na kung saan sila ay hindi pinapayagang magpakasal muli maliban na siya (babae) ay maghintay ng itinakdang panahon ng ikatlong buwanang regla at pagkatapos ay dapat malayang magpakasal sa ibang lalaki na walang layuning makamtan niya (babae) ulit ang diborsyo. Kung sa anumang kadahilanan, siya ay nakipaghiwalay mula sa lalaki, tanging sa gayon, at sa kondisyon na walang naunang kasunduan na nagawa na lumalabag ng alituntunin, sa gayon lang niya maaaring pakasalan muli ang una niyang naging asawa. Ang lahat ng mga panukalang ito ay nilayon upang matulungang pangalagaan ang pamilya at ang kabanalan ng pag-iisang dibdib, at ang mga karapatan ng lalaki at babae. Ang panahon ng paghihintay ay upang

matiyak na siya ay malaya mula sa pagdadalantao. Magkagayon man kung siya'y nagdadalantao, ang babae ay maghihintay pagkatapos ng panganganak bago siya muling makipag-isang dibdib sa ikalawang asawa.

Ang Diborsyo ay ganap na pinapayagan sa Islam upang makatakas mula sa pasakit sanhi ng hindi mapagkakasundong di-pagkakaunawaan. Maaaring ito ay kinakailangan sa mga ibang partikular na panahon. Mayroong ding mahigpit na mga panuntunan batay sa diborsyo na dapat pangalagaan ang mga kapakanan at mga karapatan ng mga taong nasasangkot: ang lalaki, ang asawa at mga anak. Ang ilan sa mga ito ay nabanggit na sa itaas.

Mga halimbawa ng diborsyo na nangyari sa panahon ng Propeta (ﷺ), halimbawa isang lalaki ang lumapit at nagreklamo na ang kanyang asawa ay nagpapakita ng malaswang pagkilos, kagya't na sinabing: "**Idiborsyo mo siya.**"

Ang Diborsyo ay maaaring ipinagbabawal kung ito ay hindi makakalutas ng suliranin at maging dahilan lamang ng di-inaakalang kasiraan ng isa sa mag-asawa, na walang matatamong kabutihan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang sinumang babae, na humiling sa kanyang asawa na siya ay diborsyohin ng walang karampatang dahilan ay ipagbabawal sa kanya na malanghap ang samyo ng Paraiso."*** **(Pag-uulat ni Abu Da`wood, Tirmidhi at Ibn Majah, at napatotohanan)**

Ang batas ng Islam ay nagpasiya upang maiwasan ang diborsyo, ay kailangan munang hanapin ang unang-unang kalutasan para sa mapanganib na pagtatalo at di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mag-asawa; ang Dakilang Allah, ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

*"At kung ang mga babae ay nangangamba sa kalupitan at pagpapabaya ng kanyang asawa, walang magiging kasalanan para sa kanilang dalawa kung maghanap muna sila ng paraan upang manumbalik ang kanilang kapayapaan, at ang mapayapang pamumuhay ay lalong mabuti."* **(Qur'an 4:128)**

Ang Allah, Ang Kataas-taasan, ay nagsabi:

*"At kung kayo ay nangangamba na may pagkakahidwa sa pagitan nila (mag-asawa), kayo ay magtalaga ng dalawang tagapamagitan (hukom) isa sa pamilya ng lalaki at ang isa ay mula sa pamilya ng babae. Kung sila ay kapwa nagnanais ng pakikipagkasundo, ang Allah ang magpapangyari nito sa pagitan nila. Katotohanan ang Allah ay ganap na maalam at nakakatalos ng lahat ng bagay."* **(Qur'an 4:35)**

Isa sa pinakalikas at makatuwirang paraan upang panatilihin ang matagumpay na pag-iisang dibdib ay ibigay ang pamamahala sa lalaki ang diborsyo at hindi sa babae. Dahil ang lalaki ang may tungkulin pananalapi at nag-iingat sa asawa, sa pamamahay at pamilya, at siya ang may ganap na pangangalaga ng kanilang kapakanan. Samakatuwid, nararapat niyang (lalaki) pag-isipang lubos ang mga pangyayari, ang malubhang kahihinatnan, at ang malaking kawalan ng pananalapi at ang mahapding pagdaramdam dahil sa diborsyo. Ang lalaki ay hindi na makukuha pang muli ang doteng ginastos niya sa kasal, at siya ay magbibigay ng sustento at pangtustos sa kanyang mga anak. Karagdagan pa rito, panibagong gastusin ulit sa bagong pakikipag-isang dibdib. Samakatuwid, ang pagsasaalang-alang sa lahat, hindi siya kadaka-dakang magpapasiya dahil sa kanyang galit, pabago-bago o dala ng bugso ng damdamin.

Ang lalaki ay mayroong higit na kakayahan – kahit papaano sa pagpapaliwanag – sa pagpigil sa bugso ng kanyang damdamin at mga pansariling reaksiyon kung nababahala sa mga maliit na usapin sa buhay, lalong-lalo na sa mga pagtatalo nilang mag-asawa. Ang diborsyo ay hindi nararapat maging mabilis na katugunan dahil sa kaunting paghihirap, di-pagkakaunawaan, o pagkakaiba ng mga pananaw, bagama't ito ay maaaring huling pamamaraan at huling kasagutan kapagka ang buhay ay naging mapanganib sa mga suliranin at dina makayanan, kung saan ang magkabilang panig ay may takot na di matupad ang mga hangganang itinalaga ng Dakilang Allah at ng kanyang Sugo tungkol sa kagalang-galang na kaasalan para sa isat-isa.

Sa batas ng Islam ang babae ay pinahihintulutan para humingi ng diborsiyo sa asawa kung inaabuso siya sa kanyang pangangatawan, sa pananalita, at sa lipunan. Siya rin ay may karapatang ipawalang bisa ang kanilang kasal kung ang asawa (lalaki) ay baog at hindi siya napapaligaya nito, at sa anumang kadahilanan ay tumatangging makipag-niig sa kanya upang magampanan ang pangangailan ng ayon sa batas (ng pakikipag-isang dibdib), o nagkaroon ng karamdaman ng wala nang lunas pagkatapos ng kasal, o nagkaroon ng ibang uri ng sakit sa babae, karamdamang hindi na magka-anak at nakakahawa na maaaring magbigay pinsala sa kanya, o kahit nawalan lamang ng pagnanais manatili sa piling ng lalaki. Ang babae ay binibigyan ng karapatan para humingi ng diborsiyo sa anumang dahilan kung ninanais niya, batay sa mga pantas na Muslim, sa kondisyon na ito ay napagkasunduan bago sila ikinasal, at ang lalaki ay sumang-ayon dito. Samakatuwid, nakita natin na ang babae ay nabigyan ng karapatan upang hilingin ang pakikipag-hiwalay mula sa asawa ayon sa lehitimong mga dahilan sa maraming mga pagkakataon, katulad ng

karapatan ng lalaki sa paghiling ng diborsyo. Kung ang babae ay umabot na sa sukdulan ang pagkapoot niya sa kanyang asawa, nararamdaman na ang pamumuhay ay di na makakayanan, sa pagkakataong iyon mayroong siyang karapatang makipaghiwalay. Ang diborsyo na ito ay tinatawag na pagpapa-walang bisa, o "Khul'a", kung saan ang babae ay magbigay ng bayad-pinsala sa pagbabalik ng dote o iyong ibang mga ari-arian. Ang maalam na Muslim na hukom ay pag-aaralang mabuti kung hindi papayag ang lalaki sa kagustuhan ng babae at kung ang hiling ay napatunayang makatarungan at totoo, ang hukom ay magbababa ng hatol sa panig ng babae.

## Ang Karapatan ng Babae sa Pamana

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

> ***"Ang Allah ay nag-uutos sa inyo tungkol sa inyong mga anak (sa mamanahin); sa mga lalaki, ang kanyang bahagi ay katumbas ng sa dalawang babae..."*** **(Qur'an 4:11)**

Ang mga hindi nakakaunawa sa Islam ay nagsasabi na ang Islam ay hindi makatarungan sa babae kung nauukol sa pamana.

Sila ay tumututol na di makaturangan kung bigyan ang lalaki ng kasing dami ng bahagi ng dalawang babae kahit na sila'y mga anak sa parehong mga magulang. Ang Dakilang Allah ay nagbigay sa Banal na Qur'an at sa Sunnah ng ganap at kompletong pamamaraan tungkol sa pamana ng mga babae, at kung ang isang estudyanteng hindi kumikiling ay mag-iisip ng seryoso sa mga detalye, matutuklasan niya ang kamalian ng pagtutol.

Sa umpisa palang, ang Dakilang Allah ay nagpasiya na sa lahat ng bahagi ng mga kamag-anak na may kaugnayan sa namatay. Ang Allah, ang Pinakamaalam ay nagsabi:

***"Mayroong bahagi para sa mga lalaki at bahagi para sa mga babae mula sa naiwan ng mga magulang at doon sa mga malalapit na kamag-anakan, kahit na ang ari-arian ay maliit o malaki, ito ay nakalaan na bahagi."*** **(Quran 4:7)**

Ang Dakilang Allah ay naglahad ng tatlong pamamaraan sa pamana ng mga kababaihan, ito ay ang mga sumusunod:

a. Ang babae ay dapat magkaroon ng katumbas na bahagi katulad ng sa lalaki.

b. Ang babae ay maaaring magkaroon ng kapantay na bahagi katulad ng sa lalaki, o kaya ay kakaunting bahagya.

c. Ang babae ay magkakaroon ng bahagi ng kalahating bahagi ng sa lalaki.

Ang ibig sabihin nito na ang pinakamababang bahagi ng babae ay kalahati at kung isaalang-alang na ang babae ay walang patuloy na tungkulin sa pananalapi para sa mga bata, kapatid na babae, asawa o para sa ina, at ang mga tungkuling ito ay palaging nasa pamamahala ng mga lalaking may pamilya, tunay ngang ito ay kagandahang loob (para sa babae).

At sa mga interesadong malaman ang mga karagdagan detalye sa bagay na ito ay hinihikayat na basahin ang aklat na tanging sangay ng karunungan sa Islam na tinatawag na, ***'Ang Siyensiya Tungkol sa Pamana at ang Paghati-hati ng mga Ari-arian'***, na may kaugnayan sa ibat-ibang paraan sa paghati-hati ng pamana, ang tamang paghati-hati ng mga kamag-anak batay sa Qur'an at Sunnah. Bago magbigay ng paghusga tungkol sa 'di-makatarungang pagtrato ng Islam sa mga babae sa punto ng pamana', kailangan pag-aralan munang mabuti ang paksang ito.

Ang kaibahan sa ibang lipunan, ang Batas ng Islam ay nagtakda ng mga alituntunin at mga pamamalakad tungkol sa lahat ng mga gawain ng isang lalaki, mula sa malaki hanggang sa pinakamaliit, upang makapagbigay ng pagkakaisa sa kanilang buhay. Katulad ng isang tao na may tiyak na pagtuturo kung papaano mabuhay at gamitin ang salapi sa mahabang panahon, ang kanyang kayamanan pagkatapos siyang mamatay ay ganoon din ang gagawin. Hindi katulad ng ibang panlipunang pamamaraan, ang tao ay maaaring gamitin pangkalahatan ang kanyang kayamanan sa kanyang buhay sa kahit na anong paraan naisin niya subali't sa kanyang kalooban ay may hangganan na sumasang-ayon sa Batas ng Islam. Sa kanyang kagustuhan, maibibigay lamang niya ang 1/3 ng kanyang kayamanan kung kanino niya gusto, at ang lahat ay ipamamahagi batay sa nakasulat sa batas ng pamana mula sa Qur'an.

Sa kilalang tradisyon, ang kasamahan ng Propeta (ﷺ) na si **Sa'ad ibn Abi Waqqas** (رضي الله عنه) nang siya ay nagkasakit, siya ay nakiusap (dahil siya ay mayaman at mayroong lang nag-iisang anak na babae) kung maaari niyang ipamigay ang karamihan ng kaniyang yaman sa kawanggawa, o ang kalahati nito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbawal sa kanya at pinayagan siya na magbigay lamang ng ikatlong bahagi at nagsabi

> ***"Ang ikatlong bahagi ay marami na, mas mabuting iiwanan mo ang iyong mga tagapagmana na masagana kaysa iiwanan mo silang nangangailangan at namamalimos mula sa mga tao. Hindi mo na kailangang gumastos at hanapin ang pagpapala ng Allah ngunit makakatanggap ka ng gantimpala para sa mga ginastos mo, kahit na ang isang subo ng pagkain na iyong isusubo sa bibig ng iyong asawa."*** **(Iniulat nina Bukhari, Muslim atbp.)**

Ang mahalagang punto na dapat pansinin sa maraming lipunan, ay ang batas na gawa ng tao sa pamana ay nasa kagustuhan ng makapangyarihang tao; ang magbigay o hindi, na kagustuhan ng isa, kahit na hindi makatarungan. Higit pa rito, sa ganitong lipunan malimit na walang batas na nag-uutos sa lalaki sa tungkuling pananalapi at magpaginhawa sa mga babae mula dito. Sa kabilang dako, batay sa Islam, kailangan ang lalaki ang siyang mangangalaga sa buong pangangailangang pananalapi ng babaeng umaasa sa pamilya hanggang sila ay makapag-asawa. Magmula sa pag-aasawa ng babae, ang kanyang pananalaping kinakailangan ay ipagkakaloob na ng kanyang asawa. Pagkaraang mamatay ang lalaki, ang anak o ibang lalaking kamag-anak ay ubligadong mangalaga sa nabiyuda.

Samakatuwid, ang paghingi ng 'magkatulad', 'makatarungan' at 'magkapantay' na bahagi ng pamana para sa lalaki at babaeng Muslim na hindi magkatulad ang tungkulin at pananagutan, hindi ito makatarungan at makatuwiran. Kaya tangi lamang na makatarungang bigyan ng higit na pagtangi ang lalaking tagpagmana, ayon sa kanyang pananalaping pananagutan, kaysa sa babaeng tagapagmana mula sa ama, ina o kahit kanino. Isaalang-alang ang lahat ng ito, ang katotohanan sa batas ng Islam, ang babae ay may karapatan na kalahating bahagi sa pamana na tatanggapin ng lalaki, at kung minsan magkaparehong bahagi, ay tunay na makatuwiran, makatarungan, at mapagkawanggawa.

Si Ginoong **Gustave Le Bon** ay nagsabi sa kanyang aklat na 'Arab Civilization':

***"Ang mga alituntunin ng pamana na itinakda ng Qur'an ay labis na natutugunan ang pagiging makatarungan at pagkapantay-pantay. Ang taong makababasa sa Qur'an***

***tungkol sa pamana ay mauunawaan niyang ito ay napakabuti at napakainam. Masasabi ko rin na ang mga alituntuning ito ay mabisa sa punto ng pagiging tuntunin at pangkalahatang batas. Pinaghambing ko ang 'British', 'French'at ang batas ng Islam tungkol dito sa pamana at napag-alaman ko na ang Islam ay nagkakaloob sa mga asawa ng mga Muslim ng makatarungang pamana na hindi matatagpuan sa batas ng mga taga Kanluran (na nag-aakala na malupit at hindi pinakikitunguan ng pantay ang mga asawa ng mga Muslim)"***

Ayon pa rin sa Islam, ang mga lalaki sa pamilya ang babalikat sa lahat ng gastusin na bunga ng pagbayad sa “Diyah" (Blood Money), at ito ay isa pang natatanging paksa na ating tatalakayin sa ngayon.

## Ang Diyah (Pagbabayad ng Salapi sa Napatay)

Ang Islam ay nagtakda na ang diyah na dapat bayaran sa namatay na babae ay kalahati sa ibabayad sa namatay na lalaki. Ito ay pinapangyari lamang kung ang namatay na babaing Muslim ay namatay sa aksidente o hindi sinasadya, at hindi dahil sa pangunahing krimen (Capital Crime).

Tungkol sa pagpatay, na nangangailangan ng pangunahing kaparusahan (Capital Punishment), kapwa lalaki at babae ay pantay sa batas ng Islam. Sa kasong pagpatay ng hindi sinasadya na kung saan and diyah na babayaran sa tagapagmana ng babaeng namatay ay kalahati lamang sa diyah na ibabayad sa tagapagmana ng lalaking namatay, ay sa dahilang ang pinsalang idinulot nito sa pamilya ng namatay na lalaki ay mas malaking pagkawala sa pananalapi. Ang pamilya ay nawalan ng tagapagtustos (breadwinner) na siyang ipinaliwanag namin sa itaas na siyang may pananagutan sa pananalapi para sa buong pamilya.

Hindi maipagkakaila na mahapdi ang pagkawala ng buhay, subali't sa pagkawala ng tagapaghanap-buhay ng buong pamilya dahil sa pagpanaw ng taong namamahala sa pananalapi ay mas mahalaga kaysa sa pagkawala ng kaanak

na babae. Halimbawa kung ang miyembro ng pamilya, na ang ina ay namatay sa aksidente, ang pinakamahalagang bagay na naaalaala nila ay ang bagay na pagmamahal, pangangalaga, at pagmamalasakit na hindi kayang ibigay ng ama, subali't ang katayuang pananalapi ay hindi gaanong naka-apekto sa pagkawala ng ina kaysa kung ang ama ang siyang namatay. Dapat alalahanin na ang diyah ay hindi halaga o presyo o tunay na kabayaran ng taong namatay, nguni't ito lang ay ang pinakamababang pagtasa na dapat bayaran sa namatay at upang magpabawa sa pinsalang naidulot na kalungkutan at paghihirap sa pamilya ng namatay na tao.

## Ang Pagpapahayag ng mga Kababaihan

Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

> ***"...At kumuha ng dalawang testigo mula sa inyong mga kalalakihan, at kung walang dalawang lalaki na maaaring maging saksi o testigo, kung gayon, isang lalaki at dalawang babae, na inyong sinang-ayunan na sumaksi, upang kung ang isa sa kanila (sa dalawang babae) ay nagkamali, ang isa ay magpapaalaala sa kanya..."*** **(Qur'an 2:282)**

Ang Dakilang Allah ay nagpaliwanag sa talatang ito upang tiyakin na ang karapatan ng iba ay hindi mabale-wala kung may saksi na dalawang lalaki, o isang lalaki at dalawang babae.

May dakilang karunungan ang naipagkaloob sa babae, na karaniwan ay napakamaramdamin, magiliw at mapagmahal kahit na sa ibang mga kamag-anak ng pamilya. Dahil dito, ang babae ay may likas na kakayahan sa pagiging ina, sa panganganak, sa pag-aalaga hanggang sa pagpapalaki ng anak atbp. Batay sa pagkamaramdamin na katangian ng mga babae, sila ay maaaring mapasunod na lamang sa kanilang damdamin at malihis sa katotohanan dahil sa damdaming

nasasangkot sa usapin. Ang pagmamahal ng babae at ang kanyang pagka-mahahabagin ay maaaring di mapaglabanan at sabihin ang kabaligtaran ng kanyang nasaksihan. Gayun din, ang pagbabago sa katawan ng babae dahil sa kanyang pagreregla, pagbubuntis, panganganak at pag-aaruga sa mga anak ay mga kalagayan na nakakabawas sa kanyang matalas na memorya at makakalimot sa mga detalye ng usapin. Samakatuwid, ang banal na pag-iingat na pamamaraan ay naitatag upang maalis ang anumang pagkukulang sa parte ng babae sa kanyang pagpapahayag. Nais naming mabigyan ng punto dito ang isa sa pinakamahalagang alituntuning legal at batas ng Islam na nagsasaad na hindi nararapat ipagpatuloy ang usapin kung may pagdududang lumitaw sa kaso.

Ang Islam ay nagbigay sa mga kababaihan ng ganap na kalayaan sa pananalapi sa terminong pagsasarili at pagpapasiya sa pananalapi at ginawa siyang ganap na pantay ng lalaki hinggil sa ganito. Datapwa't, likas na gawain sa buhay ng babae ay ang pagpapalaki ng mga anak at sa ganitong pag-aaruga kinakailangan ng pamilya na mamalagi sa bahay ang babae ng matagal at mahabang panahon kung ihahambing sa mga lalaki, kaya't ang kanyang karunungan at karanasan ay nahahadlangan ng kanyang mga gawain kung saan siya'y nasasangkot sa halos buong buhay niya.

Isang maling paratang ang pagsabi na, '***ang pagtawag ng dalawang babaing mag-testimonya bilang saksi (testigo) ay katulad ng isang lalaki sa ibang mga kaso ay isang insulto sa katalinuhan ng babae at paninirang puri sa kanyang kakayahan.***' Sa gayong dahilan ang testimonya ng isang babae ay hindi dapat tanggapin sa pribadong pamumuhay ng babae. Tinatanggap ng Islam ang isang testimonya ng babae sa pagpapatunay ng pagka-birhen niya, sa kanyang panganganak, sa pagpapaliwanag ng depekto ng kanyang

pagka-babae, at sa mga iba pang mga bagay na kailangang masuri ang pribadong parte ng babae dahil sa pagtatalo.

Sa kabilang dako, hindi tinatanggap ng Islam ang isang testimonya ng isang lalaki tungkol sa bagay na pananalapi katulad sa pagpapautang at pagpapahiram ng pera at sa iba pang negosyo, dahil kailangan ang dalawang testimonya. Sa mga delikado at seryosong mga usapan, na kung saan ang testimonya ng babae ay nararapat lang na maging dalawa, ay naitatag upang mapangalagaan at mapatunayan ang mga karapatan ng bawa't tao sa lipunan batay sa katapatan at di-mapapabulaanang testimonya.

Pag-ukulan ng pansin na ang testimoniya sa Batas ng Islam ay hindi isang karapatan o karangalan, kundi ito ay isang pasanin na iniiwasan ng marami at dahil dito ang Allah (ﷻ) ay nag-utos sa mga tao para magbigay ng kanilang testimonya at hindi dapat umiwas o magkait nito. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

***"...Ang mga testigo ay di dapat tumanggi kung sila ay tawagin para magbigay ng patotoo..."*** **(Qur'an 2:282)**

Ang pahayag dito ay pangkalahatan para sa lalaki at babae. Karamihan sa buong mundo ay nagtatangkang umiwas sa pagiging saksi (testigo) sa dahilang totoong may malaking pasanin at alalahanin sa ganito. Kinakailangan magpunta sa korte, umupo sa upuan ng mga saksi, manumpa at magsabi ng buong katotohanan, sasailalim sa pagsisiyasat (cross examination) at marami pang ibang kaabalahan. Sa pagiging saksi at pagbibigay ng testimonya ay maaari itong magbigay ng pasaning pisikal at pananalapi. Samakatuwid, layunin ng Islam na alisin ang mga ganitong pasanin sa pagsaksi ng mga kababaihan, maliban kung siya ay may kasamang magiging saksi din na katulad niya.

Ang testimoniya ng isang lalaki ay hindi tinatanggap sa mga bagay ng pananalapi, sa kadahilanang dapat ay may dalawang lalaki na tetestigo upang magpatunay sa karapatang pananalapi ng naghahabol, o isang lalaki at dalawang babae. Walang sinuman sa ating pagkakaalam, na sabihin itong insulto sa katalinuhan ng isang lalaki at laban sa kanyang karapatan. Ito ay nagpapatotoo na ang pangangailangan ay para sa kaligtasan laban sa mga maling paratang at mga pagkakamali.

May mga ibang kaso na ang pahayag ng bawa’t isa ay pareho. Katulad halimbawa, ang testimonya ng babae ay katulad ng testimonya ng kanyang asawa kung ang lalaki ay nagparatang na ang kanyang asawa ay nakikiapid at wala siyang ebidensiya upang patunayan ang kanyang paratang. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Maluwalhating Qur’an:

> ***"At sa mga nagparatang sa kanilang mga asawa, na wala silang saksi (testigo) kundi ang kanilang sarili, kailangang sabihin ng nag-testimonya sa kanila ng apat na ulit dapat, (halimbawa, sasaksi siyang apat na ulit) na magsasabing,*** **'Sa Ngalan Ng Allah, siya ay sumasaksi at nagsasabi ng katotohanan.'** ***At ang panlimang testimoniya ay hingin niya ang sumpa ng Allah sa kanya kung siya ay nagsasabi ng kasinungalingan laban sa kanyang asawa. Ngunit maiiwasan niya (babae) ang parusa (ng kamatayan sa pagpukol ng bato), kung siya ay manunumpa ng apat na ulit ng ganito:*** **'Sa Ngalan ng Allah, na ang kanyang asawa ay nagsisinungaling.'** ***At ang panlimang testimoniya ay ang paghingi niya ng sumpa ng Allah sa kanya kung ang asawa niya (lalaki) ay nagsasabi ng katotohanan."*** **(Qur'an 24:6-9)**

## Ang Paglalakbay ng Babae ng Walang Kasamang (Pangunahing Kamag-anak) na Lalaki

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang babae ay di dapat maglakbay ng mag-isa na walang kasamang lalaki na 'mahram'* (pangunahing kamag-anak na hindi niya maaaring mapangasawa o pakasalan)*. Sino mang lalaki ay pinagbabawalang pumasok sa bahay ng babae kung walang kasamang 'mahram'. May lalaking tumayo at tinanong ang Propeta ng Allah (ﷺ): "O Sugo ng Allah! Ang asawa ko ay mag-Hajj (pagdalaw sa Makkah), habang gusto kong lumahok sa digmaan, ano ang gagawin ko?" Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagsabi : "Samahan mo ang iyong asawa (sa pagdalaw sa Makkah para sa Hajj)."* (Iniulat ni Bukhari)**

Ang layunin ng alituntuning ito ng Islam ay upang maging malaya mula sa kasamaan at pangguguIo, sa gayon para mapanatili at mapangalagaan ang kanyang karangalang karapatan. Ang paglalakbay ay may kagyat na paghihirap at mga panganib at dahil ang katawan ng mga babae ay likas na mahina kaysa sa mga lalaki, bukod dito ay mayroon mga kadahilanan, katulad ng pagbubuntis, pagreregla, pangangalaga ng bata, o ilang karamdaman, na higit niyang kailangan ang tulong at serbisyo. Sa pangkalahatan ang babae ay likas ding maramdamin at madali silang madala ng kanilang emosyon kaysa sa katotohanan, at sila ay madaling mabuyo ng kanyang kapaligiran gaya ng mga walang prinsipyong tao at walang damdaming kalalakihan na naghahanap ng mabibiktima.

Ang Propeta ng Allah (ﷺ) ay nagpahiwatig dito sa pinakamaliwanag na kasabihan ng sinabi niya sa isang lalaking kumakanta na may magandang panlalaking boses upang makatulong sa pagiging mabait (at hindi paggalaw) ng mga sinasakyan at nakataling mga hayop, katulad ng kinagawian ng mga manlalakbay:

***"Umalis kayo ng dahan dahan, 'O Anjashah', ikaw ay nagpupumilit sa maselang babasagin."*** **(Bukhari)**

Ang salitang "maselang babasagin" ay naglalarawan sa likas na kaselanan at kahinaan ng mga babae na siyang pasahero sa karaban, na madaling masira at mabalisa.

Alam nating lahat na mayroong mapag-imbot na pag-iisip, masasama at marahas na kalalakihan na nais magsamantala sa kahinahan at sa paglalakbay na pag-iisa ng mga babae. Ang mga makasalanang kalalakihan ay maaaring interesado sila sa pagnanakaw, pandaraya, pangrarahuyo, o panggagahasa. Samakatuwid, ang babae ay nangangailangan ng isang tao na tutulong, magliligtas at mangangalaga at upang ibigay ang lahat ng tulong na kailangan niya habang siya ay naglalakbay, at tutulong sa kanya na masawata ang mga estranghero at ang mga taong maaaring mapagsamantala. Ang "mahram" ng isang babae sa Islam ay nagbibigay ng kaligtasan at pagsilbihan ng may higit na katapatan dahil ito ang likas nilang tungkulin, na gagantimpalaan ng Allah (ﷻ). Makikita natin na maraming makabagong lipunan ang mayroong katulad na alituntunin tungkol sa pagbabantay sa mga babae sa paglalakbay, ngunit kadalasan pinapayagan nila ang ibang tao maliban sa "mahram" bilang bantay sa babae dahil hindi nila binibigyan ng kaibahan ang pagitan ng "mahram" at di-mahram sa kanilang mga kultura na nagbubunga ng mga kasaysayang

kakilakilabot. Samakatuwid, sa ganitong linya ng pangangatuwiran, ang pagbabawal sa babae na maglakbay mag-isa, at may pag-uutos na dapat siyang may kasamang lalaki bilang maging “mahram,” ay hindi ito nakakahiyang pagbabawal o insulto sa abilidad ng babae, subali't sa katotohanan ito ay pagkakaroon ng karangalan na siya ay pinagsisilbihan, pinangangalagaan at binigyan ng kasamang lalaki na nakahandang maglingkod una para sa kapakanan ng babae kaysa sa pansariling pangangailangan.

## Ang Karapatan ng Babae para Maghanap-buhay

Katulad ng nakasaad sa itaas, Ang Dakilang Allah ay nilikha ang lahat ng tao sa isang lalaki at babae at binigyan sila ng likas na pagmamahal at pag-aalaala sa bawa't isa (sa kanila) upang magtulungang bumuo ng pamilya at ugnayan ng mga pamilya. Makikita natin sa kalikasan na ang Dakilang Allah ay nagbigay sa bawa't uri ng mga lalaki na mas malakas na puwersa at pagbabata upang mangibabaw sa ibang larangan at makahanap ng panustos na pagkain at kaligtasan ng kanyang kauri, habang ang kauring babae ay pinagkalooban ng kompletong bahagi para magkaroon na anak para ingatan at palakihin niya. Dahil dito, ang babae ay pinagkalooban ng pagmamahal, kabaitan, habag, at pagmamalasakit para matupad ang kaniyang tungkulin sa kanyang mga anak ng may karangalan. Batay sa likas na paghahanda at delegasyon ng tungkulin, at ayon sa bukod-tanging katangian ng lalaki at babae, likas na nararapat lamang na ang lalaki ay magtrabaho sa labas ng bahay at kumita upang sustentuhan ang pamilya at ang babae ay para magtrabaho sa loob ng bahay at pangalagaan ang mga bata at ang pamilya sa pangkalahatan.

Pagkaraang matukoy ang pangunahing katotohanan, ang batas ng Islam ay hindi inaalisan ng karapatan ang babae para maghanap-buhay ng may hangganan para mapangalagaan ang kanyang dangal at karangalan. Pinahihintulutan ng Islam ang mga babae para mangasiwa sa kanilang pakikipag-kasunduan sa hanapbuhay at pananalapi. Ang lahat ng kanyang pangangasiwa sa pakikipagkasundo ay makatuwiran at makatarungan sa mata ng batas ng Islam. May mga patakarang naitatag o kondisyon na kung ito'y nalabag, ang pahintulot na ibinigay sa babae na gawin ang

kanyang karapatan sa paghahanap-buhay ay mawawalan ng saysay.

Ang trabaho ng mga babae sa labas ng bahay ay hindi dapat salungat sa mga tungkulin at mga pananagutan para sa kanyang asawa at mga anak. Ang kanyang trabaho ay dapat sa grupo na kasama ang mga babae at malayo sa pakikisalamuha sa mga lalaki na kung saan mayroong pagdadaiti na maaaring magkaroon ng pambabastos at pang-aabuso na hindi pinapayagan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Ang lalaking hindi hiwalay (kasama) sa babae, si Satanas ang siyang pangatlong kasama nila."*** **(Iniulat ni Tirmidhi at pinatotohanan)**

At sa ibang salaysay, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

***"Ang lalaki ay hindi dapat kasama ng babae, maliban kung siya ay may mahram."*** (malapit na kamag-anak).**"**

At sa ibang tradisyon,

Ang isang lalaki ay nagsabi: ***"O Sugo ng Allah, ang asawa ko ay sumama sa Pilgrimahe (pag-Hajj) at ako ay naitalaga para sa pang-Militar na kampanya."*** Siya (ﷺ) ay nagsabi: ***"Humayo ka at mag-Hajj ka na kasama ng iyong asawa."*** **(Iniulat nina Bukhari, Muslim atbp.)**

Si Ginang **Lady Cook**, isang bantog na manunulat sa Ingles, ay nagsabi sa kanyang aklat na, 'New Echo':

***"Ang mga kalalakihan ay minamabuti (at pinipili) ang mga lugar na magkasama ang lalaki at babae. Magkagayon, ang mga babae ay maakit sa mga bagay na nagbibigay gulo sa kanilang katutubong makataong pag-uugali. Kung ang lugar ng pagsasama ng babae at lalaki ay mas malawak, mas***

***maraming batang anak sa labas na lilitaw sa lipunan. Ito ang pinakamalaking kapahamakan..."***

Sa aklat na, 'International Peace and Islam', ng yumaong si Ginoong **Sayed Qutub** ay nagsabi:

***"Karapatan ng bawa't lalaki at babae na magkaroon ng kasiyahan sa kanilang pagsasama. Kahit sino sa kanila ay hindi dapat mahulog sa tukso sa iba na maaaring sumaklaw sa damdamin, katawan ang pagkalimot, o kaya'y makaladkad ito sa buong pagkakasala at matangay sa malaswang kabulukan. Ang ganitong gawain ay tunay na makakasira sa kanilang maganda at banal na samahan. Sa katunyan mawawalan ng tiwala ang bawa't isa sa kanila. Ang pagkalimot na bunga ng pagkaladkad ng kabutihang-asal ay dahil sa 'co-ed' na lugar (pagsasama ng babae at lalaki sa isang lugar) na nakikitang dumarami sa araw-araw. Dahil sa ang mga babae ay malayang naglalakad na nagsusuot ng ibat-ibang klase ng damit na nakakabighani, maiikling pantalon, kaakit-akit ang mga damit na hindi natatakpan mabuti ang kanilang buong katawan, kung hindi talaga nagpapakita ng kanilang kagandahan. Ang mga taong may masasamang pag-iisip, at ang mga may mababang kaalamang moral at mga mahihinang pananampalataya ay maaaring matukso at mang-abuso sa mga babae at pagsamantalahan ang kanilang kapurihan. Kahit anong sabihin pa ng mga tao sa mga lugar na 'co-ed', na nagpapalambot sa puso at pag-iisip ng tao, ito pa rin ay tunay na banta at panganib para sa kabutihang-asal at moralidad sa lipunan. Kahit ano ang kanilang pahayag sa 'co-ed' na ang sabi ay nagkakaloob sa parehong kasarian (lalaki at babae) ng kinakailangang karanasan na kailangan sa pagpapatibay may-asawa, ito ay hindi totoo at***

***ito'y walang kabuluhan. Maraming ikinakasal na hindi nagtatagumpay at nauuwi sa paghihiwalay o nawawasak na pamilya kahit na dati nang magkakilala nang lubos noong hindi pa mag-asawa sa isa't-isa. Maraming nagsasamang hindi kinasal sa lipunan na naniniwala sa 'co-ed' bilang daan ng buhay. Ang porsiyento ng mga nagbubuntis na nasa mataas na paaralan pa lamang bilang bunga ng mapanlinlang na 'co-ed' sa lipunan ay umabot ng 48% sa isang paaralan sa Amerika. Ang bilang ng mga nasirang tahanan na nagmula sa tinatawag na 'malayang pumili at magmahal' ay mabilis na tumaas ang porsiyento sa pagitan ng taong 1890 at 1948: 1890= 6%, 1900 = 10%, 1914 = 14%, 1930 = 14%, 1940 = 20%, 1946 = 30% at noong 1948 = 40%, at hanggang ngayon ay patuloy paring tumataas."***

Ang trabaho at ang pinagtatrabauhan ng babae sa labas ng kanyang pamamahay, ay unang-una, ay dapat makatarungang trabaho na alinsunod sa kanyang pagkababae. Ang babae halimbawa ay hindi dapat masangkot sa mabigat na pang-industriyang trabaho, aktuwal na pakikipaglaban sa militar, at iba pang trabahong nararapat lamang sa lalaki.

Ang maaaring maitanong dito ay: Unang-una, bakit ang babae ay nagtatrabaho? Kung ang babae ay nagtatrabaho para sa kanyang ikabubuhay, ang Islam ay tutulong dito sa pamamagitan ng pag-uubliga sa ama na pangalagaan ang buong pangangailangan at pananagutan sa pananalapi ng pamilya. Sa gayon, ang babae, mula sa kanyang pagsilang hanggang sa kanyang kamatayan, sa buong panuntunan ng kanyang buhay ay hindi siya kailangan magtrabaho, subali't ang kanyang ubligasyon ay upang harapin niyang lubusan ang kanyang pinakamalaking layunin at tungkulin sa pag-iingat ng pamamahay at tagapangalaga at pagpapalaki ng

mga anak. Ang marangal na misyong ito ay sadyang kailangan ng matinding pagsisikap at pagsasakripisyo at ito ang may pinakamataas na uri ng katayuan.

Ang bantog na pantas na Ingles na si Ginoong **Samuel Smiles**, isa sa mga nagtatag ng, 'English Renaissance' ay nagsabi:

***"Ang pamamalakad na nangangailangan sa mga kababaihan para magtrabaho sa mga pabrika at sa mga lugar ng Industriya, kahit na anong pambansang yaman ang maidulot ay nakakasira ng pamilya. Sa katunayan, sinalakay nito ang pinakasaligang balangkas at pundasyon ng pamamahay at sinira ang pinakamahalagang haligi ng pamilya. Ito ay pumutol at naminsala sa magandang ugnayan sa lipunan. Nawawalan ng panahon ang babae sa kanyang asawa at inaalisan ng karapatan ang mga anak sa tamang pag-aalaga at pagmamahal ng ina, na naging dahilan sa pagbaba ng kahalagaan at kabutihan ng mga kababaihan. Ang pinakamagandang dapat na trabaho ng mga babae ay ang mag-alaga nang mainam at mabuti sa pamilya. Ang higit na kailangang dapat gawin ay ang pangalagaan ang responsibilidad sa buhay, pantahanang pangangailangan at sa mga iba pang gawaing bahay. Gaya ng nasabi sa itaas, ang pamamasukan ng babae ang siyang nag-alis sa lahat ng pananagutan na nagpapabago sa kapaligiran at pangyayari sa loob ng pamamahay. Ganun di naman ang mga anak ay kalimitang hindi naaasikaso at lumalaking walang nalalaman. Ang pagtitinginan at pagmamahalan ng mag-asawa ay unti-unting nawawala. Ang babae ay hindi na katulad ng dating hinahanap-hanap, hinahangaan, pinupuri at minamahal ng asawa, dahil lagi na lang siyang kasama sa trabaho na pareho ang kanilang ginagawa. Ang babae ay napapasa-ilalim sa maraming impluwensiya at paghihirap na nagpapabago sa kanyang***

***mentalidad at pag-iisip na kung saan naitatatag ang pag-aasal at kabutihan.***

Sa katunayan, ang unang Ginang ng South Africa na tumawag sa mga kababaihan sa pagbabalik nila sa pamamahay ay nagsabi:

*"**Ang likas na lugar para sa mga babae ay ang kanilang tahanan. Ang pinakamahalagang tungkulin at pananagutan ng babae ay ang pangalagaan ang kanyang asawa at lingapin ang pangangailangan ng kanyang mga anak.**"*

Nasabi rin niya sa kanyang talumpati sa 'Women Conference' sa Kabisera ng South Africa:

***"Ang pangunahing tungkulin at pananagutan ng babae ay ang pangalagaan ang kanyang asawa at lingapin ang mga pangangailangan ng kanyang mga anak. Ito ang ating tungkulin sa lipunan. Ito ang tungkulin na dapat nating ipagmalaki na siyang ugat ng matagumpay na tao at ng mabuting henerasyon."***

## Ang Paggamit ng Hijab (Pantakip sa Ulo at Mukha)

Ang paksang ito ay naging mainit na usap-usapan sa mga pangkalahatang pamamahayag, lalong-lalo na sa mga ilang sekular at makabagong bansa tulad ng Pranses at Turki na humihiling na maging labag sa batas ang pagsuot ng bandana sa ulo o belong pantakip sa mukha sa mga pampublikong lugar. Hindi na natin pagtutuunan pang pakasaliksikin o himayin ang mga paksa, subalit, sa mga naunang tinalakay na paksa sa itaas at sa mga ilan pang karagdagang usapin sa ibaba, hahayaan na lang natin ang mga mambabasa ang siyang humusga kung ang kapi-kapitagang pananamit at ang pagtatakip ng alindog at mga palamuti ng kababaihan, na ipinag-uutos sa banal na kasulatan ng Islam, ay tanging para sa kanyang dangal at pangangalaga lamang o hindi.

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi:

> ***"O Propeta! Sabihin mo sa iyong mga asawa at sa iyong mga anak na babae at sa mga sumasampalatayang babae na iladlad (nila) sa kanilang sarili ang kanilang panglabas na kasuutan (o kaya ay ang mga belo) sa buong katawan. Ito ay higit na mabuti na sila ay makilala upang sila ay hindi magagambala at mapagsamantalahan. Ang Allah ang lagi ng Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."*** **(Qur'an 33:59)**

Ang talatang ito ay malinaw na nagpahayag ng dahilan na ang babae ay pinag-utusang takpan ang sarili ng makilala siya bilang kagalang-galang na babaing Muslim, upang maiwasan ang mga nakayayamot na tingin at mga titig ng mga kalalakihan. Alam nating lahat na ang mapang-akit na pananamit ay nag-uudyok sa ilang kalakakihan upang magsamantala, at mailantad ang mga kababaihan sa pang-aabuso. Maaaring ito ay inihihikayat at inilalako ng ilang

mga lipunan, subalit hindi ang mga kagalang-galang at mananampalatayang mga Muslim.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

> ***"Ang Allah ang sumulat ng bahagi ng Zina (pangangalunya o pakikiapid) na magagawa ng lalaki, at ito ay tiyak na magaganap. Ang Zina ng mata ay ang matiim na pagmamasid (sa babae), ang Zina ng dila ay ang pagsasalita, ang puso ay nag-aalab at naghahangad, at ang maselang bahagi ng katawan ay magpapatunay o tatanggi."*** **(Pag-uulat nina Bukhari, Muslim atbp.]**

Ang kaugaliang ito ay tumutukoy na ang ilang mga pagkakasala ay magaganap ng mga kalalakihan, at magkagayon ang lahat ng mga pamamaraang pagsanggalang ay nararapat na mailagay upang mabantayan mula sa sobrang panunukso, na naipaliwanag na sa alituntunin ng Islam. Ang ilan sa mga ito ay patungkol sa pananamit ng kababaihan tulad ng maluwag na pananamit sa katawan, panaklob sa ulo, at naaayon sa mga tunay na pagpapaliwanag ng banal na kasulatan ng Qur'an at ng Sunnah, ang belong pang-mukha.

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi rin:

> ***"At ipahayag sa mga sumasampalatayang babae na ibaba nila ang kanilang paningin at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng kanilang katawan at huwag ilantad ang kanilang mga palamuti maliban lamang kung ano ang (nararapat na) nakalitaw at iladlad ang kanilang belo hanggang sa kanilang dibdib at huwag ilantad ang kanilang mga palamuti maliban lamang sa kanilang asawa, sa kanilang ama, sa ama ng kanilang asawa, sa kanilang mga anak na lalaki, sa kanilang mga kapatid na lalaki, sa mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid, sa mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na babae, sa***

***kanilang mga kababaihan na ankin ng kanilang kanang kamay (kanilang mga alipin), o mga kalalakihang katulong na hindi na mapusok at wala ng pagnanasa, o ang mga bata na wala pang muwang sa pangkasarian ng mga babae. At huwag hayaang ipadyak nila ang kanilang mga paa upang malantad ang anumang natatago nilang palamuti. At magbalikloob kayo sa Allah, sa pagsisisi, kayong lahat, O mga sumasampalataya upang kayo ay magsipagtagumpay."* (Qur'an 24:31)**

Ang talatang ito ay nagpapahiwatig sa mga pangkat ng mga lalaki bilang "mahram" tulad ng nabanggit sa itaas, at itinatalaga na ang kalalakihan at kababaihan ay nararapat na ibaba ang kanilang mga paningin bilang kapita-pitagan, na siyang pinakamabuting pananggalang mula sa mga likas na tukso at mga lumalabas na nakakaakit sa pagitan ng dalawang kasarian.

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi, nagpapahiwatig sa mga nakakaakit na pamamaraan ng mga kababaihan noong bago dumating ang Islam ay nakasanayanan na ang pag-uugaling ito, at tinatawagan ang mga mananampalataya sa nararapat na pag-uugali at pagsisisi:

***"At kayo ay manatili sa inyong tahanan, at huwag maglantad ng mga sarili katulad noong panahon ng kamangmangan, at magsipag-alay kayo ng takdang pagdarasal (Salah), at magbigay ng katungkulang kawanggawa (Zakah), at tumalima sa Allah at sa Kanyang Sugo. Hinahangad lamang ng Allah na mawala ang dumi (kasalanan) sa inyong pagkatao, O kayong mga kapamilya ng Propeta, at gawing kayong dalisay at walang bahid-dungis. At inyong alalahanin (O kayong mga kapamilya ng Propeta), ang mga Talata ng Qur'an na dinadalit sa inyong mga tahanan at ang Hikma***

***(Karunungan - katulad ng sa Sunnah o pamamaraan ng Propeta). Tunay, ang Allah ang Ganap na Mapitagan, at Lubos na nakakaalam ng lahat ng bagay. Katiyakan, ang mga kalalakihan at kababaihang Muslim, ang mga sumasampalatayang lalaki at mga babae, ang mga masunuring lalaki at mga babae, ang mga matiyagang lalaki at mga babae, ang mga mapagkumbabang lalaki at mga babae, ang mga mapagkawanggawang lalaki at mga babae, ang mga mapag-ayunong lalaki at mga babae, ang mga malilinis o dalisay (nangangalaga sa kanilang maselang bahagi ng katawan) na lalaki at mga babae, at ang mga lalaki at mga babae na lagi nang nag-aalaala sa Allah sa pamamagitan ng kanilang mga dila at puso; Ang Allah ay naghanda sa kanila ng pagpapatawad at malaking gantimpala (ang Paraiso). Hindi nararapat sa isang mananampalatayang lalaki o babae, na kung ang isang bagay ay napagpasiyahan na ng Allah at ng Kanyang Sugo, na magkaroon pa sila ng anumang pamimilian tungkol sa kanilang pasya. At sinuman ang sumuway sa Allah at sa Kanyang Sugo, katunayang siya ay napaligaw sa maliwanag na kamalian."*** **(Qur'an 33:33-36)**

Makikita natin sa mga alituntunin ng Islam tungkol dito, bagaman kahalintulad ng mga ibang kultura kung saan ang kapita-pitagang pananamit at ang kaugalian ay isinasaalang-alang, ngunit kakaiba ang pinakamataas na pamantayan ng kadalisayan na pagkakakilanlan sa mga Muslim, sa pagkamakatarungan, at sa kagandahang asal. Ang Islam ay nangangalaga at nag-iingat sa bawat tao at ng lipunan mula sa hindi magandang pagkakataon at hindi kinakailangang pakikisalamuha sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan na maaari ng magpakasal at sila ay natutulak sa mga likas na

tukso. Ang Sugo ng Allah ang nagsabi sa makatotohanang kaugalian.

***"Katunayan sa bawat relihiyon ay mayroong katangian, at ang katangian sa Islam ay Haya`a (mapitagan, mayumi, mabini)."*** **(Pag-uulat ni Ibn Majah at pinatotohanan)**

## Ang Huling Pananalita

Ang Islam ay walang hanggang banal na Mensahe ng Allah, Ang Makapangyarihan, ang Kataas-taasan, sa lahat ng tao na dala ng Huling Propeta at Sugo ng Allah (ﷺ). Ang ilan ay naniwala sa Mensahe ng Islam at sinunod ito, samantalang ang iba naman ay hindi naniwala at hindi sumunod dito. Ang Allah (ﷻ) ay nagpahayag na ang tao ay marangal at dakila nang higit kaysa sa ibang nilikha ng Allah (ﷻ). Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"At tunay na Aming pinarangalan ang mga anak ni Adan at Aming dinala sa lupain at karagatan, at ipinagkaloob sa kanila ang mga mabubuting bagay at Aming pinili nang higit sa ibang nilikha."*** **(Qur'an 17:70)**

Ang Allah (ﷻ) ay nagpahayag din ng isang dakilang prinsipyo: na ang lahat ng tao ay nilikha ng pantay-pantay sa kanilang orihinal na pagkalikha. Sinabi Niya (ﷻ) sa Banal na Qur'an:

***"O Sangkatauhan! Maging masunurin sa inyong Panginoon, na Siyang lumikha sa inyo mula sa iisang tao (Adan), at mula sa kanya (Adan), ay nilikha Niya ang kanyang asawa (Eba), at mula sa kanilang dalawa nilikha Niya ang maraming mga lalaki at babae; matakot sa Allah na kung kanino ninyo hinihingi ang inyong karapatan sa isa't isa, at (huwag putulin ang ugnayan) ng sinapunpunan (i.e. kamag-anakan). Katiyakan, ang Allah ay lagi nang nakamasid sa inyo."*** **(Qur'an 4:1)**

Batay sa naunang prinsipyo, lahat ng mga lalaki at babae ay pantay-pantay sa larangan ng makataong katangian. sa mga tungkulin at mga pananagutan. Lahat ng mga lalaki at babae ay nalikhang pantay-pantay sa mata ng Allah (ﷻ). Ang kanilang kaibahan sa lahi, lenguahe, pamumuhay at heograpiya at iba pa ay walang relasyon sa pagtaas at pagbaba ng kanilang dangal. Ang tunay na pagkakaiba sa kanila ay ayon sa pagkilala sa Allah (ﷻ), at sa pagganap at pagsasakatuparan sa kanilang pamumuhay ng Islam, ang ipinahayag na relihiyon ng Allah (ﷻ), at sa kanilang pagsasagawa at pagpapairal ng mga prinsipyo sa kanilang buhay sa pang araw-araw. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"O Sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa isang lalaki at babae at ginawa kayong mga bansa at tribo upang inyong makilala ang bawa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay yaong (mananampalataya na may takot sa Allah) may Taqwa (mabuti at masunurin sa lahat ng Kautusan ng Allah at ng Kanyang Sugo). Tunay! Ang Allah ay Ganap na Maalam, Ang Nakababatid (ng lahat ng bagay)."*** **(Qur'an 49:13)**

Samakatuwid, ang tunay na may dangal ng kahit sinong tao sa paningin ng Allah ay hindi batay sa kulay, panlipunang katayuan, kasarian, lahi, lakas, kalusugan, karangalan o kayamanan. Ang tanging sukatan ng pagkakaiba sa paningin ng Allah ay batay sa kabanalan at pagsasagawa ng mabuting mga gawa.

Katulad ng iniulat ng Propeta ng Allah (ﷺ) na nagsabing:

***"O Sangkatauhan, ang inyong Panginoon ay isa at ang inyong ama ay isa. Walang Arabo na nakakahigit sa isang hindi Arabo, o ang hindi Arabo ay nakakahigit sa isang Arabo, o ang taong pula ay nakakahigit sa isang***

***itim, o ang taong itim ay nakakahigit sa pula, maliban sa pagkakaroon ng kabanalan."*** **(Ahmad at napatotohanan)**

Ang mga aral sa Islam ay nag-aalis ng lahat ng pagkakaibang namamagitan sa mga tao, at inilalagay nito sa magkapantay na kalagayan. Isa sa mga makabuluhang turo ng Islam ay kadalasang hindi mauunawaan, inaabuso o walang sapat na paliwanag ay yaong ang ***"Babae ay pantay sa lalaki sa lahat ng bagay maliban kung may maliwanag at natatanging kadahilanan."*** Ang pagkapantay-pantay at paghihiwalay ay siyang paksa sa aklat na ito, at aming tinangkang ipaliwanag ang mga di-pagkakaunawaan tungkol sa katotohanan sa mga babae sa Islam.

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"Ang mga mananampalataya, mga lalaki at babae, ay mga magkatulong, magkasama, magkaibigan at tagapangalaga sa isa't isa; Sila ay nag-aanyaya sa kabutihan (sa mga tao) at nagbabawal (sa tao) mula sa lahat ng kasamaan at sila ay nag-aalay ng mataimtim na pagdarasal at gumugugol sa kawanggawa (Zakah) at sumusunod sa Allah at sa Kanyang Sugo. Ang Allah ay magkakaloob ng habag sa kanila. Katiyakan, ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, ang Ganap na Maalam."*** **(Qur'an 9:71)**

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"Kaya't tinanggap ng kanilang Panginoon (ang kanilang dalangin at pinakinggan), 'Hindi Ko hahayaang mawalang kabuluhan ang gawain ng sinuman sa inyo, maging lalaki o babae. Kayo ay nabibilang sa isa't isa…'"*** **(Qur'an 3:195)**

Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

***"Mayroong (nakalaang) bahagi para sa kalalakihan at (nakalaang) bahagi para sa kababaihan mula sa iniwan***

*ng kanilang mga magulang at mga malalapit na kamag-anak, maging ang ari-ariang ito ay maliit o malaki, isang makatarungang bahagi."* **(Qur'an 4:7)**

Batay sa paliwanag ng buong aklat na ito, ang mambabasa ay mapapanatag ang kalooban at maaari niyang sabihin na ang mga babae ay hindi nagkaroon at hindi magtatamasa ng ganap na karapatan, likas na kalayaan at ganap na pansariling karapatan maliban sa ilalim at pangangalaga ng banal at makatarungang batas ng Islam. Itinatag ng Islam ang mga pangunahing karapatan ng mga babae, at itinakda ang mga tungkulin na kailangan niyang mapanatili, tuparin at gampanan. Ang lahat ng ito ay bunga ng isang katotohanan na ang Islam ay Banal na Relihiyon na taliwas sa ibang relihiyong gawa lamang ng tao. Ito ay para sa Sangkatauhan, lalaki man o babae, mayaman o mahirap, hari o magbubukid, malusog o may kapansanan, malakas o mahina, puti o itim, pula o dilaw. Lahat sila ay pantay sa paningin ng Dakilang Allah. Nalalaman ng Tagapaglikha, ang Allah, kung ano ang ikabubuti at ikauunlad ng Kanyang mga nilikha dito sa mundo at maging sa kabilang buhay.

Ako ay nakikiusap sa mga mambabasa na huwag hatulan ang Islam batay sa mga nakikita o napapansing pag-uugali o pagkilos at masamang kaasalan ng mga ilang Muslim. Sa katunayan, may mga tao na ginagamit ang Islam (nagkukunwaring mga Muslim) upang takpan ang kanilang masasama at nakakahiyang mga gawain. Katulad ng mga taong nagsasabing sila ay Muslim na nagpapahayag ng ***Shahada***, (**ang pagsaksi na 'Walang diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah lamang, at si Muhammad ay Alipin at Sugo ng Allah**') hanggang duon lamang sila sa pagbigkas nito subali't nakakalungkot na hindi isinasagawa ang mga aral at turo ng Islam katulad ng kagandahang asal na ipinatutupad ng Islam. Ang Islam ay ganap, wagas na

relihiyon, magaan at simple ang pagpapatupad nito sa lahat ng bagay at panahon. Maraming tao ang nagpupunyagi sa buong buhay nila na maging isang tunay at mabuting Muslim at naghahanap sa ikasisiya ng Dakilang Allah. Sa kabilang dako, mayroong mga taong nakagagawa ng ng mga kamalian at pagkukulang na marapat parusahan dito sa lupa at sa kabilang buhay. Ang mga kasalanang ito ay maaaring ang bigat ay kapantay na ng walang paniniwala at bilang taong lumabas sa Islam, o kaya ang mga kasalanang ito ay hindi mabigat gaya ng taong nagpapabaya lamang sa kanilang tungkulin o tinalikdan ang kautusan ng Allah (ﷻ) at ang magagandang aral ng Sugo ng Allah (ﷺ). Mauunawaan natin na ang kakulangan ng tao sa isang bagay katulad ng kayamanan, kaligayahan o dangal, ay hindi niya kayang ibahagi ito sa kanyang kapwa. Ganyan din sa Islam, hindi kayang ilarawan ng isang di-sumusunod na Muslim ang tunay na katotohanan ng mga aral ng Islam at ang magagandang gawain ng Sugo ng Allah (ﷺ).

Bilang pangwakas, ako ay nag-aanyaya sa mga di-Muslim na may bukas na kaisipan at puso na magbasa tungkol sa Islam mula sa mga mapananaligan at kilalang mga Muslim na isinasa-buhay ang Islam. Ang pagkakaroon ng mababaw at kaunting kaalaman sa Islam mula sa pagbabasa ng mga aklat na hindi mapapanaligan ay nakakasama at hindi maaaring makapagbigay ng pasiya o kaya ay makapagpaliwanag ng ganap tungkol sa Islam. Ang pagsunod sa iba ng pikit mata sa mga paliwanag na walang basehan ay nakapipinsala. Kaya't nararapat na maghanap ng mapapanaligang kaalaman tungkol sa Islam at huwag magpadaya sa mga nagpapalaganap ng maling pagsamba at pagpapatupad. Ang Allah (ﷻ) ay nagsabi sa Maluwalhating Qur'an:

***"Walang sapilitan sa relihiyon. Katotohanan, ang matuwid na landas ay naiiba kaysa sa maling landas. Sinuman ang hindi sumampalataya sa Taghut (mga bagay na sinasamba bukod sa Allah) at nananampalataya sa Allah (tunay na) kanyang tangan ang mapagkakatiwalaang hawakan na di mapuputol. At ang Allah ay Ganap na Nakaririnig, ang Ganap na Maalam."***
**(Qur'an 2:256)**

## ***Paunawa mula sa mga tagasalin ng Tagalog:***

*"Ang mga isinaling talata mula sa Banal na Qur'an at sa mga Hadith at Sunnah ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay mga pawang paliwanag ng mga tagasalin na inaakalang pinakamalapit sa pagpapakahulugan. Ang mga orihinal na Salita ng Allah (ﷻ) (ang Qur'an) at ang mga Hadith at Sunnah ng Propeta (ﷺ) ay makikita lamang sa mga orihinal na Arabik na pagkasulat."*

*Nawa'y tanggapin ng Dakilang Allah ang aming hamak na pagsisikap at patawarin kami sa aming pagkakamali."* Ameen


Kung nais ninyong tumanggap ng anumang kaalaman tungkol sa Islam huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin:

- Email: info@islamland.com

**والحمد لله رب العالمين**

IslamLand

WWW.ISLAMLAND.COM




ISLAM LAND

GROW GOODNESS BY YOUR HAND

EXPLORE ISLAM IN ALL LANGUAGES

WWW.ISLAMLAND.COM